# IMPERYALISMO,
# ANG PINAKAMATAAS NA YUGTO NG KAPITALISMO

Naririto ang salin sa akda ni Lenin na *Imperialism, the Highest Stage of Capitalism* (Imperyalismo ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo). Ang isinalin ay ang Ingles na edisyong inilathala ng International Publishers, New York, na unang inilabas noong 1939.

Saligang aralin ang akdang ito, at kailangang basahin at pag-aralan ng lahat.

Mangyari lamang na ipaabot sa amin ang mga puna kung mayroong mali ang salin at ang mga mungkahi sa higit pang pagpapahusay at pagpapagaan sa salin.

Kawanihan sa Salin-Pambansang Kagawaran sa Edukasyon
Setyembre 2005

## Paunang Salita sa Edisyong Ruso

Ang pampletong ito na ihinahandog sa mambabasa ay isinulat sa Zürich noong tagsibol ng 1916. Sa mga kondisyon doon kung saan napilitan akong magsulat, mangyari pa'y medyo kinulang ako ng mga sulating French at Ingles at kulang na kulang naman ng mga sulating Ruso. Gayunman, ginamit ko ang pangunahing akdang Ingles, tungkol sa imperyalismo, ang aklat ni J. A. Hobson, nang buong pag-iingat na sa ganang akin ay karapat-dapat para sa akdang iyon.

Isinulat ang pampletong ito nang isinasaalang-alang ang tsaristang pagsesensor. Samakatwid, napilitan ako hindi lamang na istriktong ilimita ang sarili sa eksklusibong teoretikal, at pangunahi'y pang-ekonomyang pagsusuri ng mga datos, kundi ibalangkas ang ilang kinakailangang obserbasyon tungkol sa pulitika nang labis-labis na nag-iingat, sa pamamagitan ng mga pahiwatig, sa lenggwaheng *Æsopian*—sa isinumpang lenggwaheng *Æsopeian* na iyon—na ipinuwersa ng tsarismo sa lahat ng rebolusyonaryo kailanman ginagamit nila ang kanilang pluma para sumulat ng isang "ligal" na akda.[1]

Sa mga araw na ito ng kalayaan, napakasakit na basahin ang impit na mga pangungusap ng pampletong ito, pinipi kumbaga ng isang bakal na gato at binaluktot nang dahil sa sensor. Kinailangang gumamit ako ng "mapagyukong" mga salita tungkol sa kung paano bisperas ng sosyalistang rebolusyon ang imperyalismo; kung paano ganap na pagtaksil sa sosyalismo, ganap na paglipat sa panig ng burgesya ang sosyal-sobinismo (sosyalismo sa salita, sobinismo sa gawa); kung paano nakatahi ang isplit sa kilusang paggawa sa obhetibong mga kalagayan ng imperyalismo, atbp. At dapat pasangguniin ko ang mambabasa na interesado sa usapin sa malapit nang lumabas na bolyum na muling naglalathala ng mga artikulong isinulat ko sa ibayong dagat sa mga taong 1914-1917. Dapat magbigay ng espesyal na pansin sa pangungusap sa mga pahina 119-120.[2] Para maipakita, sa anyong katanggap-tanggap sa mga sensor, kung gaano kawalang-kahihiyang nagsisinungaling ang mga kapitalista at mga nagtaksil na mga sosyal-sobinista (na kinakatunggali ni Kautsky nang walang konsistensi) tungkol sa usapin ng mga aneksasyon; upang maipakita kung gaano kalaki ang kanilang sinisismo sa *pagkukubli* sa mga aneksasyon ng *kanilang* mga kapitalista, napilitan

akong sipiin bilang isang halimbawa ang Japan! Madaling ihalili ng maingat na mambabasa ang Rusya para sa Japan, at ang Finland, Poland, Courland, Ukraine, Khiva, Bokhara, Estonia at iba pang mga rehiyon na pinaninirahan ng mga hindi Dakilang Ruso, para sa Korea.

Umaasa ako na matutulungan ng pampletong ito ang mambabasa na maunawaan ang pundamental na usapin sa ekonomya, walang iba kundi ang usapin ng esensya sa ekonomya ng imperyalismo, dahil kung hindi ito pag-aaralan, magiging imposibleng unawain at suriin ang modernong digma at modernong pulitika.

Petrograd, Abril 26, 1917

1 "*Æsopian*", mula sa Griyegong manunulat ng pabula na si Æsop, ang itinaguri sa estilong paikot-ikot at matalinghaga na ginagamit sa mga publikasyong "ligal" ng mga rebolusyonaryo upang maiwasan ang pagsesensura.—*Ed.*
2 Pahina *** sa edisyong ito.—*Ed.*

## Paunang Salita sa mga Edisyong French at German

I

Gaya ng nabanggit sa paunang salita sa edisyong Ruso, isinulat ang pampletong ito noong 1916 nang isinasaalang-alang ang tsaristang pagsesensor. Hindi ko kayang rebisahin ang buong teksto sa kasalukuyan, at marahil, hindi ito ang pinakamaigi, dahil ang pangunahing layunin ng aklat noon at ngayon ay: maglahad, batay sa binuod na datos ng di mapapag-alinlanganang istatistiks na burges, at sa pag-amin ng burges na mga iskolar ng lahat ng bayan, ng *pangkalahatang larawan* ng pandaigdigang sistemang kapitalista sa ugna-ugnayang internasyunal nito sa simula ng ika-20 siglo—sa bisperas ng unang digmaang imperyalista.

Hanggang sa isang antas, kapaki-pakinabang para sa maraming Komunista sa abanteng kapitalistang mga bayan na kumbinsihin ang sarili, sa pamamagitan ng halimbawa ng pampletong ito, *na ligal mula sa paninindigan ng tsaristang sensor*, na may posibilidad—at pangangailangan—na gamitin kahit na ang mumunting labi ng ligalidad na nananatili pa para sa mga Komunista, halimbawa, sa kontemporaryong Amerika o France, matapos ang malawakang pang-aaresto ng mga Komunista kamakailan, para ipaliwanag ang ganap na kabulaan ng sosyal-pasipistang mga pananaw at pag-asa para sa "pandaigdigang demokrasya". Susubukan kong ilahad sa paunang salita na ito ang pinakaesensyal na dapat idagdag sa pampletong ito na sinensor.

II

Sa pampleto, pinatunayan ko na imperyalistiko ang digmaan ng 1914-18 (ibig sabihin, isang mapanakop, predatoryo at mapandambong na digma) sa magkabilang panig; isa itong digmaan para sa paghahati-hati ng daigdig, para sa partisyon at muling partisyon ng mga kolonya, "mga saklaw ng impluwensya" ng kapital sa pinansya, atbp.

Ang katibayan kung ano ang tunay na panlipunang katangian, o mas eksakto, ang tunay na makauring katangian ng digmaan ay hindi matatagpuan sa diplomatikong kasaysayan ng digmaan kundi sa pagsusuri ng *obhetibong* pusisyon ng mga naghaharing *uri sa lahat* ng nagdidigmaang bayan. Para mailarawan ang obhetibong pusisyong ito, hindi dapat kumuha ng mga halimbawa o hiwa-hiwalay na datos (dahil sa sukdulang kompleksidad ng buhay

panlipunan, laging mas madaling pumili ng ilang halimbawa o hiwa-hiwalay na datos para patunayan ang anumang puntong naisin), kundi ang *kabuuan* ng mga datos kaugnay ng *batayan* ng buhay pang-ekonomya sa *lahat* ng nadidigmaang bayan at sa *buong* daigdig.

Ang mismong di mapag-aalinlanganang binuod na datos na tipong ito ang sinipi ko sa paglalarawan ng *pagkakahati-hati ng daigidg* sa panahon mula 1876 hanggang 1914 (sa Kabanata IV) at ng distribusyon ng mga *perokaril* sa lahat ng dako ng daigdig sa panahon mula 1890 hanggang 1913 (sa Kabanata VII). Pinagsasama-sama sa mga perokaril mismo ang saligang mga industriyang kapitalista na karbon, bakal at asero; ang mga ito ang pinakatampok na sukatan ng pag-unlad ng internasyunal na kalakalan at sibilisasyong burges-demokratiko. Sa naunang mga kabanata ng aklat, ipinakita ko kung paano nakaugnay ang mga perokaril sa malawakang industriya, sa mga monopolyo, *syndicate*, kartel, trust, bangko at oligarkiya sa pinansya. Para bang nilalagom na ng di pantay na distribusyon ng mga perokaril, ng di pantay na pag-unlad ng mga ito, ang modernong pandaigdigang monopolistang kapitalismo sa pandaigdigang saklaw. At pinatutunayan ng paglalagom na ito na ang mga digmaang imperyalista ay absolutong di maiiwasan sa ilalim ng *ganoong* sistemang pang-ekonomya, *hanggat* umiiral ang pribadong pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon.

Ang pagtatayo ng mga perokaril ay mukhang isa lamang simple, natural, demokratiko, pangkultura at mapansibilisang gawain; ganoon nga ito sa opinyon ng mga burges na propesor na binabayaran para ilarawan sa magagandang kulay ang kapitalistang pang-aalipin, gayundin sa opinyon ng petiburges na mga pilistino. Pero sa katunayan, ginawa ng kapitalistang mga hiblang ito, na nagtatahi ng mga empresang ito sa libu-libong tagni-tagnian sa pribadong pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon sa pangkalahatan, ang konstruksyong ito ng perokaril bilang instrumento para sa pang-aapi ng *bilyun-bilyong* mamamayan (sa mga kolonya at malakolonya), ibig sabihin, higit sa kalahati ng populasyon ng mundo, na naninirahan sa mga dependyenteng bayan, gayundin ang mga alipin sa sahod ng kapitalismo sa "sibilisadong" mga bayan.

Lipas na ang pribadong pag-aari batay sa paggawa ng maliit na propetaryo, ang malayang kompetisyon, ang demokrasya, *ibig sabihin*, ang lahat ng islogan na ginagamit ng mga kapitalista at ng kanilang pahayagan para linlangin ang mga manggagawa at magsasaka. Umunlad na ang kapitalismo bilang isang pandaigdigang sistema ng pang-aaping kolonyal at ng pagpiga sa pinansya ng nakalalaking mayorya ng mamamayan ng daigdig ng sandakot na "abanteng" mga bayan. At ang "dambong" na ito ay pinaghahati-hatian ng dalawa o tatlong makapangyarihang pandaigdigang mandarambong na armadong-armado (Amerika, Great Britain, Japan), na nagsasangkot ng buong daigdig sa *kanilang* digmaan tungkol sa hatian ng *kanilang* dambong.

## III

Malaki ang itinulong sa sangkatauhan ng Tratado sa Kapayapaan sa Brest-Litovsk na idinikta ng monarkistang Germany, at di nagtagal, ang higit na brutal at kamuhi-muhing Tratadong Versailles na idinikta ng "demokratikong" mga republika ng Amerika at France, gayundin ng "malayang" England, sa paglalantad kapwa ng bayarang utusan ng imperyalismo sa panunulat at sa petiburges na mga reaksyunaryo, na bagamat tinatawag nila ang sarili bilang mga pasipista at sosyalista, ay pumupuri sa "Wilsonismo", at naggigiit na posible ang kapayapaan at reporma sa ilalim ng imperyalismo.

Ang iniwang ilampung milyong patay at baldado ng digmaan—isang digmaan para pagpasyahan kung ang British o German na pangkat ng mga mandarambong sa pinansya ang tatanggap ng malaking parte—at walang kapantay sa bilis na binubuksan ang mga mata ng

milyun-milyon at puu-puong milyong mamamayan na busabos, api, nililinlang at niloko ng burgesya, ng dalawang "mga tratado sa kapayapaan" na binanggit sa itaas. Kung gayon, sumisibol ang isang rebolusyonaryong krisis sa pandaigdigang saklaw mula sa unibersal na pagkawasak dulot ng digmaan, na gaanuman katagal at kahirap ang mga yugto na maaari nitong daanan ay hindi maaaring hindi magwawakas sa proletaryong rebolusyon at sa tagumpay nito.

Ang Manipestong Basle ng Ikalawang Internasyunal, na noong 1912 ay nagsuri sa digmaang sa kalauna'y sumiklab noong 1914 at hindi ng digma sa pangkalahatan (mayroong iba't ibang tipo ng digma, kabilang ang mga rebolusyonaryong digma), ang manipestong ito ay isa ngayong monumentong naglalantad sa kahiya-hiyang pagkabangkarote at pagtataksil ng mga bayani ng Ikalawang Internasyunal.

Ito ang dahilan kung bakit muli kong inilalathala ang Manipestong ito bilang suplemento sa kasalukuyang edisyon[1] at muli akong nananawagan sa mambabasa na bigyang pansin na kasing-ingat na iniiwasan ng mga bayani ng Ikalawang Internasyunal ang mga pangungusap ng Manipestong ito na presiso, malinaw at depinidong naglalahad sa koneksyon sa pagitan ng napipintong digmaang iyon at ng proletaryong rebolusyon, tulad ng pag-iwas ng magnanakaw sa lugar na kanyang pinagnakawan.

IV

Nagbigay ng espesyal na atensyon sa pampletong ito sa isang kritisismo sa "Kautskyismo", ang internasyunal na tunguhin sa ideolohiya na kinakatawan sa lahat ng bayan ng daigdig ng "prominenteng mga teoretisyan" at pinuno ng Ikalawang Internasyunal (Otto Bauer at kasamahan niya sa Austria, Ramsay MacDonald at iba pa sa England, Albert Thomas sa France, atbp., atbp.) at napakaraming mga sosyalista, repormista, pasipista, burges demokrata at mangangaral.

1 Tingnan V. I. Lenin, *The Imperialist War* (Ang Digmaang Imperyalista), Tinipong mga Akda, Tomo XVIII, N. Y., pp. 468-72.—*Ed.*

Sa isang banda, ang tunguhin sa ideolohiyang ito ay isang produkto ng disintegrasyon at pagkabulok ng Ikalawang Internasyunal, at sa kabilang banda, ito ang di maiiwasang bunga ng ideolohiya ng petiburgesya, na, dahil sa kabuuan ng kanilang kalagayan sa buhay, ay bihag ng mga prehuwisyong burges at demokratiko.

Ang mga pananaw ni Kautsky at katulad niya ay isang ganap na pagtatakwil sa pinakarebolusyonaryong mga prinsipyo ng Marxismo, na ipinagtanggol niya sa loob ng ilang dekada, laluna sa kanyang pakikitunggali sa sosyalistang oportunismo (Bernstein, Millerand, Hyndman, Gompers, atbp.). Hindi isang simpleng aksidente lamang kung gayon na nakikiisa ngayon ang lahat ng "maka-Kautsky" sa lahat ng dako ng daigdig sa praktikal na pulitika sa sukdulang mga oportunista (sa pamamagitan ng Ikalawa, o Dilawan, na Internasyunal) at sa mga gubyernong burges (sa pamamagitan ng burges na mga gubyernong koalisyon kung saan kabahagi ang mga sosyalista).

Hinihingi ng lumalakas na pandaigdigang proletaryong rebolusyonaryong kilusan sa pangkalahatan, at ng kilusang Komunista sa partikular, na suriin at ilantad ang mga kamalian sa teorya ng "Kautskyismo". Ito'y lalu't higit dahil napakalaganap pa sa lahat ng dako ng daigdig ang pasipismo at "demokrasya" sa pangkalahatan, na hindi kailanman nagsasabing

ito'y Marxismo, pero tulad ni Kautsky at kasamahan niya, pinalalabo ng mga ito ang kalaliman ng mga kontradiksyon ng imperyalismo at ang di maiiwasang rebolusyonaryong krisis na iniluluwal nito. Isang tungkulin at obligasyon ng partido ng proletaryado na labanan ang mga tunguhing ito at kabigin palayo sa burgesya ang maliliit na propetaryo na kanilang nalilinlang, at ang milyun-milyong anakpawis na nabubuhay sa humigit-kumulang petiburges na kalagayan sa buhay.

## V

Dapat magdagdag ng ilang salita tungkol sa kabanata VIII na pinamagatang: "Ang Parasitismo at Pagkabulok ng Kapitalismo". Gaya ng ipinakita na sa teksto, si Hilferding, isang dating Marxista, at ngayo'y isang kasamang kakapit bisig ni Kautsky, isa sa pangunahing tagapamandila ng burges na patakarang repormista sa Independyenteng Partidong Sosyal-Demokratiko ng Germany, ay gumawa ng isang hakbang paurong kung ihahambing sa *lantarang* pasipista at repormistang Ingles na si Hobson sa usaping ito. Litaw na litaw ang internasyunal na isplit ng buong kilusang paggawa (Ikalawa at Ikatlong Internasyunal). Isang katotohanang alam ng lahat ang armadong tunggalian at gera sibil sa pagitan ng dalawang tunguhin: ang suportang ibinibigay kay Kolchak at Denikin sa Rusya ng mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo laban sa mga Bolshevik; ang pakikitunggali ng mga Scheidemann, Noske at kasamahan nila katugma ng burgesya laban sa mga Spartacist sa Germany; ganoon din sa Finland, Poland, Hungary, atbp. Ano ang batayan sa ekonomya ng istorikong pandaigdigang penomenon na ito?

Ito ay ang parasitismo at pagkabulok mismo ng kapitalismo na likas na mga katangian ng pinakahuling istorikong yugto ng pag-unlad, ibig sabihin, imperyalismo. Gaya ng ipinakita sa pampletong ito, inilagay ng kapitalismo sa delantera ang *sandakot* (kulang sa sangkasampu ng mga naninirahan sa mundo; kulang sa sangkalima, kung gagawa ng "pinakamabait" at liberal na kalkulasyon) ng napakayaman at napakamakapangyarihang estado na nandarambong sa buong daigdig sa pamamagitan lamang ng "paggugupit ng mga kupon". Lumilikha ang mga eksport na kapital ng ganansya na mula walo hanggang sampung bilyong *franc* bawat taon, ayon sa presyo bago ng digmaan at burges na mga istatistiks bago ng digmaan. Mangyari pa, lumilikha ngayon ang mga ito ng higit pa dito.

Malinaw na mula sa gayong pagkalaki-laking *superganansya* (dahil natatamo ang mga ito nang dagdag pa sa tubo na pinipiga ng mga kapitalista sa mga manggagawa ng "sarili" nilang bayan), *kayang-kaya na suhulan* ang mga lider paggawa at ang nakatataas na saray ng aristokrasya sa paggawa. At sinusuhulan nga sila ng mga kapitalista ng "abanteng" mga bayan; sinusuhulan sila sa sanlibong iba't ibang paraan, tuwiran at di tuwiran, hayag at lihim.

Ang saray na ito ng mga manggagawang naging burges, o ang "aristokrasya sa paggawa", na napakapilistino sa pamamaraan ng pamumuhay, sa laki ng kanilang kinikita at sa kanilang pananaw, ay nagsisilbing pangunahing suhay ng Ikalawang Internasyunal, at sa ating kapanahunan, ang pangunahing *panlipunan* (hindi militar) *na suhay ng burgesya*. Sila ang tunay na *mga ahente ng burgesya sa kilusang paggawa*, ang mga tinyente sa paggawa ng uring kapitalista, ang tunay na mga daluyan ng repormismo at sobinismo. Sa gera sibil sa pagitan ng proletaryado at burgesya, walang sala at maramihan silang pumapanig sa burgesya, sa "Versaillese" laban sa mga "Komyunard".

Hindi makagagawa ng kahit mumunting pagsulong tungo sa paglulutas ng mga praktikal na suliranin ng kilusang Komunista at ng napipintong rebolusyong panlipunan kung hindi mauunawaan ang mga ugat sa ekonomya ng penomenong ito, at kung hindi mauunawaan ang pampulitika at sosyolohikal na kabuluhan nito.

Ang imperyalismo ang bisperas ng panlipunang rebolusyon ng proletaryado sosyal. Pinatunayan na ito magmula noong 1917 sa pandaigdigang saklaw.

N. Lenin

Hulyo 6, 1920

1. Tingnan V. I. Lenin, *Ang Digmaang Imperyalista*, Tinipong mga Akda, Bol. XVIII, N. Y., pahina 468-72.—*Ed.*

Sa nakaraang labinlima o dalawampung taon, laluna mula noong Digmaang Espanyol-Amerikano (1898) at Digmaang Anglo-Boer (1899-1902), parami nang parami sa panitikang pang-ekonomya, at gayundin, pampulitika, ang katagang "imperyalismo" para ilarawan ang kasalukuyang panahon. Noong 1902, inilathala sa London at New York ang isang libro, *Imperyalismo*, ni J. A. Hobson, isang ekonomistang Ingles. Nagbibigay ng napakahusay at komprehensibong paglalarawan ng pangunahing mga katangian sa ekonomya at pulitika ng imperyalismo ang awtor na ito, na ang punto de bista ay burges na sosyal repormismo at pasipismo, na sa esensya ay kapareho ng kasalukuyang punto de bista ng dating Marxistang si K. Kautsky. Noong 1910, lumitaw sa Vienna ang akda ng Marxistang taga-Austria na si Rudolf Hilferding, *Kapital sa Pinansya*. Sa kabila ng pagkakamali ng awtor kaugnay ng teorya ng salapi, at sa kabila ng kaunting ingklinasyon sa kanyang bahagi na pag-isahin ang Marxismo sa oportunismo, nagbibigay ang akdang ito ng napakahalagang teoretikal na pagsusuri, gaya ng sinasabi ng pangalawang pamagat nito, tungkol sa "pinakahuling yugto ng pag-unlad ng kapitalismo". Ang mga sinasabi nga tungkol sa imperyalismo sa nakaraang ilang taon, laluna sa napakaraming artikulo sa mga magasin at dyaryo, at gayundin sa mga resolusyon, halimbawa ng mga Kongreso sa Chemnitz at Basle na naganap noong taglagas ng 1912, ay hindi lumalampas sa mga ideyang inilahad, o mas eksakto, nilagom ng dalawang manunulat na nabanggit sa itaas.

Maya-maya ay sisikapin natin, sa maikling paraan, at sa pinakasimpleng paraan posible, na ipakita ang koneksyon at ugnayan ng *pangunahing* mga katangian sa ekonomya ng imperyalismo. Hindi natin matatalakay ang mga aspetong di pang-ekonomya ng usapin, gaanuman nararapat na talakayin ang mga ito.[1] Naglagay kami sa dulo ng pampletong ito ng mga sangguni sa literatura at ibang mga tala na marahil ay hindi pag-iinteresan ng lahat ng mambabasa.[2]

1 Ang ibig sabihin ni Lenin sa "di pang-ekonomya" ay pampulitika; ang pampleto ay binalak para sa ligal na publikasyon, at sa gayon, ang mga aspetong ito ay di isinali upang makalusot ito sa tsaristang pagsesensor.—*Ed.*

2. Hindi inilagay ang mga sangguniang ito sa edisyong ito.—*Ed.*

## KABANATA 1

## ANG KONSENTRASYON NG PRODUKSYON AT ANG MGA MONOPOLYO

Isa sa pinakalikas na katangian ng imperyalismo ang napakalaking paglago ng industriya at ang napakabilis na konsentrasyon ng produksyon sa laging mas papalaking mga empresa. Nagbibigay ang modernong mga sensus sa produksyon ng pinakakumpleto at pinakaeksaktong datos hinggil sa prosesong ito.

Sa Germany, halimbawa, sa bawat sanlibong empresang industriyal, ang malalaking empresa, ibig sabihin, iyong nag-eempleyo ng higit sa 50 manggagawa, ay tatlo noong 1882, anim noong 1885 at siyam noong 1907; at sa bawat 100 manggagawang may trabaho, ineempleyo ng grupong ito ng empresa ang 22, 30 at 37 ayon sa pagkakasunud-sunod. Gayunman, malayong mas matindi ang konsentrasyon ng produksyon kaysa konsentrasyon ng mga manggagawa dahil malayong mas produktibo ang paggawa sa malalaking empresa. Ipinapakita ito ng datos tungkol sa mga *steam-engine* at mga motor na dekoryente. Kung titingnan natin iyong tinatawag na industriya sa Germany sa masaklaw na kahulugan ng termino, ibig sabihin, kabilang ang komersyo, transportasyon, atbp., makukuha natin ang sumusunod na larawan: Malalaking empresa: 30,588 mula sa kabuuang 3,265,623 o 0.9 porsyento. Nag-eempleyo ang mga empresang ito ng 5,700,000 manggagawa mula sa kabuuang 14,400,000 o 39.4 porsyentgo. Gumagamit ang mga ito ng 6,600,000 *steam horsepower* mula sa kabuuang 8,800,000 o 75.3 porsyento, at 1,200,000 *kilowatt* ng elektrisidad mula sa kabuuang 1,500,000 o 77.2 porsyento.

Kulang sa isa sa sandaan ng kabuuang bilang ng mga empresa ang gumagamit sa *mahigit tatlongkapat* ng lakas-*steam* at koryente! 2,970,000 na maliliit na empresa (nag-eempleyo ng hanggang 5 manggagawa) na bumubuo ng 91 porsyento ang gumagamit ng 7 porsyento ng kabuuan ng lakas-*steam* at koryente! Ilampung libong malalaking empresa ang lahat-lahat; balewala ang milyun-milyong maliliit na empresa.

Sa Germany noong 1907, may 586 establisimyento na nag-eempleyo ng 1,000 at higit pang manggagawa. Halos isa sa bawat sampu ito (1,380,000) ng kabuuang bilang ng manggagawa sa industriya, at gumagamit ng *halos sangkatlo* (32 porsyento) ng kabuuang lakas-*steam* at koryente.[1] Tulad ng makikita natin, ginagawang higit pang napakalakas ng kapital sa salapi at ng mga bangko ang superyoridad na ito ng sandakot na pinakamalalaking empresa sa pinakaliteral na pakahulugan ng salita, ibig sabihin, sa katunayan, ganap na nakapailalim ang milyun-milyong maliliit, katamtamang laki, at maging ilang malalaking "propetaryo" sa ilang daang milyunaryong tagapinansya.

Sa isa pang abanteng bayan ng modernong kapitalismo, ang United States of America, mas malaki pa ang paglago ng konsentrasyon ng produksyon. Tinutumbok dito ng istatistiks ang industriya sa makitid na kahulugan ng salita at inuuri ang mga empresa ayon sa halaga ng kanilang taunang produksyon. Noong 1904, ang malalaking empresang may taunang produksyong nagkakahalagang isang milyong dolyar at lampas dito ay 1,900 (mula sa kabuuang 216,180 o 0.9 porsyento). Nag-eempleyo ang mga ito 1,400,000 manggagawa (mula sa kabuuang 5,500,000 o 25.6 porsyento) at ang halaga ng produksyon ng mga ito ay $5,600,000,000 (mula sa kabuuang $14,800,000,000 o 38.0 porsyento). Pagkaraan ng limang

taon, noong 1909, ito ang katugong mga numero: 3,060 na empresa (mula sa kabuuang 268,491 o 1.1 porsyento), na umuupa ng 2,000,000 manggagawa (mula sa kabuuang 6,600,000 o 30.5 porsyento), at may produksyon na nagkakahalagang $9,000,000,000 (mula sa kabuuang $20,700,000,000 o 43.8 porsyento).[2]

1 *Annalen des Deutschen Reichs* (Kasaysayan ng Imperyong German), 1911, pp. 165-169.
2 *Statistical Abstract of the United States* (Buod ng Istatistiks ng United States), 1912, p. 202.

Halos kalahati ng kabuuang produksyon ng lahat ng empresa ng bayang ito ang isinagawa ng *sangkasandaang bahagi* ng mga empresang iyon! Sinasaklaw ng 3,000 higanteng mga empresang iyon ang 258 sangay ng industriya. Makikita mula dito na sa isang tiyak na yugto ng pag-unlad, pumapatungo nga sa monopolyo ang mismong konsentrasyon , dahil madaling makarating sa isang kasunduan ang sampu-sampu o higit pang higanteng empresa samantalang sa kabilang banda, ibinubunsod mismo ng labis na laki ng mga empresa ang paghadlang sa kompetisyon at ang tendensya tungong monopolyo. Ang transpormasyong ito ng kompetisyon tungong monopolyo ang isa sa pinakamahalaga – kung hindi ang pinakamahalaga – na penomenon ng modernong ekonomyang kapitalista, at kailangang talakayin natin ito nang mas detalyado. Pero kailangang linawin muna natin ang isang posibleng di pagkakaunawaan.

Nagbabanggit ang istatistiks ng Amerika tungkol sa 3,000 higanteng empresa sa 250 sangay ng industriya, na para bang may iisang dosena lamang na malaking empresa sa bawat sangay ng industriya.

Pero hindi ganito ang kaso. Hindi sa lahat ng sangay ng industriya may malalaking empresa; bukod pa, isang napakaimportanteng katangian ng kapitalismo sa pinakamataas na yugto nito ng pag-unlad ang tinatawag na "kombinasyon ng produksyon", ibig sabihin, ang paggugrupo sa iisang empresa ng iba't ibang sangay ng industriya na kumakatawan sa magkakasunod na yugto sa pagpoproseso ng hilaw na materyales (halimbawa, ang pagtunaw ng hilaw na bakal para maging pundidong bakal, ang kumbersyon ng pundido sa asero, at pagkatapos, marahil, ang paglikha ng mga produktong asero) – o kaya'y nakakatulong sa isa't isa (halimbawa, ang paggamit ng iskrap o segundaryong mga produkto, ang pagmamanupaktura ng pang-empakeng materyales, atbp.).

> Ayon kay Hilferding, "Pinapantay ng kombinasyon ang mga pagtaas-pagbaba ng kalakalan at kung gayon tinitiyak sa nagkumbinang mga empresa ang mas istableng tantos ng tubo. Ikalawa, may epekto ang kombinasyon na pagpawi ng kalakalan. Ikatlo, dahil dito, nagiging posible ang teknikal na mga pag-unlad, at bunga nito, ang pagkamal ng superganansya na lampas at higit pa sa nakukuha ng 'purong' mga empresa (ibig sabihin, hindi nagkumbina). Ikapat, pinatitibay nito ang pusisyon ng nagkumbinang mga empresa kung ihahambing sa 'purong' mga empresa, pinatitibay ang mga ito sa kompetitibong tunggalian sa mga panahon ng malalang depresyon, kapag hindi nakakaagapay ang pagbagsak ng presyo ng hilaw na materyales sa pagbagsak ng presyo ng yaring mga produkto."[3]

Sinasabi ng burges na ekonomistang German na si Heymann, na sumulat ng isang aklat tungkol laluna sa "pinaghalo", ibig sabihin, pinagkumbinang mga empresa sa industriya sa bakal ng Germany: "Bumabagsak ang purong mga empresa; dinudurog sila ng mataas na presyo ng hilaw na materyales at mababang presyo ng yaring produkto." Kung gayon, ang sumusunod na larawan ang ating nabubuo:

> "Sa isang banda, ang nalalabi ay malalaking kumpanya ng karbon na taun-tao'y lumilikha ng milyun-milyong tonelada, at matatag na organisado sa kanilang *syndicate* sa

karbon, at sa kabilang banda, naririyan ang malalaking pagawaan ng asero, na malapit na kaugnay ng mga mina ng karbon, at may sariling *syndicate* sa asero. Ang higanteng mga empresang ito, na lumilikha ng 400,000 tonelada ng asero bawat taon, may pagkalaki-laking produksyon ng hilaw na bakal at karbon at lumilikha ng yaring produktong asero, nag-eempleyo ng 10,000 manggagawang nakatira sa pabahay ng kumpanya, at paminsan-minsa'y may sariling perokaril at mga daungan, ang mga ito ang tipikal na kinatawan ngayon ng industriya sa bakal at asero ng Germany. At ibayo pang nagpapatuloy ang konsentrasyon. Palaki nang palaki ang indibidwal na mga empresa. Nagsasama-sama sa dambuhalang mga empresa na suportado at kontrolado ng kalahating dosenang malalaking bangko sa Berlin ang patuloy na dumaraming bilang ng mga empresa sa isa o sa ilang magkakaibang industriya. Kaugnay ng industriya sa pagmimina sa Germany, lubos na pinapatunayan ang katotohanan ng mga aral ni Karl Marx sa konsentrasyon; oo nga't ito'y sa isang bayan kung saan protektado ng mga taripa at singil sa kargada. Hinog para sa ekspropriyasyon ang industriya sa pagmimina sa Germany."[4]

3. Rudolf Hilferding, *Das Finanzkapital* (Kapital sa Pinansya), Vienna, 1910, p. 239.
4. Hans Gideon Heymann, *Die gemischten Werke im deutschen Grosseisengewerbe* (Pinagkombinang mga Planta sa Malaking Industriya sa Bakal ng Germany), Stuttgart, 1904, pp. 256 at 278.

Ganoon ang kongklusyong kinailangang marating ng isang burges na ekonomistang tapat, at bihirang-bihirang ito. Kailangang pansining parang inilalagay niya ang Germany sa isang ispesyal na kategorya dahil protektado ng matataas na taripa ang mga industriya nito. Pero pinapabilis lamang ng sirkunstansyang ito ang konsentrasyon ng industriya at ang pormasyon ng mga asosasyon, kartel, *syndicate*, atbp., ng monopolistang mga tagamanupaktura. Napakahalagang bigyang pansin na sa Britain na may malayang kalakalan, ang konsentrasyon ay tumutungo *rin* sa monopolyo, bagamat mas matagal nang kaunti, at marahil, sa ibang porma. Sa espesyal na akdang pananaliksik ni Propesor Hermann Levy na pinamagatang *Monopolies, Cartels and Trusts (Mga Monopolyo, Kartel at Trust)*, batay sa datos ng pang-ekonomyang pag-unlad ng Britain, sinasabi niya ang sumusunod:

"Sa Great Britain, ang laki ng empresa at mataas na antas teknikal nito ang nagkakanlong ng tendensyang monopolista. Una na'y dahil ito sa malaking pamumuhunan ng kapital ng bawat empresa, na nagbubunsod ng lumalaking demand para sa bagong kapital para sa bagong mga empresa, at dahil dito'y nagiging mas mahirap ang pagbubukas ng mga ito. Dagdag pa, (at para sa atin mukhang ito ang mas mahalagang punto) lilikha ang bawat bagong empresa, na gustong makasabay sa malalaking empresa na nabuo sa pamamagitan ng konsentrasyon, ng pagkarami-raming labis na produkto kung kaya't maipagbibili lamang ang mga ito kung maibebenta nang may tubo bunga ng pagkalaki-laking pagtaas sa demand; kung hindi, pababagsakin ng sarplas na ito ang presyo sa antas na hindi mapagtutubuan kapwa para sa bagong empresa at sa mga kombinasyong monopolyo."

Naiiba ang Britain sa ibang mga bayan kung saan pinadudulas ng protektibong mga taripa ang pormasyon ng mga kartel, sa puntong lumilitaw ang mga asosasyon, kartel at trust ng monopolistang mga tagamanupaktura, sa mayorya ng mga kaso, kapag kumitid na sa "may dalawang dosena" ang bilang ng pangunahing nagpapaligsahang mga empresa. "Dito malinaw na malinaw na tumatampok ang impluwensya ng konsentrasyon sa pormasyon ng malalaking monopolyo sa industriya sa isang buong larangan ng industriya."[5]

Noong limampung taon sa nakaraan, nang isinusulat ni Marx ang *Kapital*, nagmistulang "natural na batas" ang malayang kompetisyon sa mas nakararaming ekonomista. Sa pamamagitan ng pakana ng pagsasawalang-kibo, tinangka ng upisyal na syensya na kitlin ang mga akda ni Marx na nagpakita, sa pamamagitan ng teoretikal at istorikong pagsusuri sa kapitalismo, na iluluwal ng malayang kompetisyon ang konsentrasyon ng produksyon, na sa isang tiyak na yugto ng pag-unlad ay siya namang magbubunsod ng monopolyo. Ngayon, naging katotohanan na ang monopolyo. Gabundok ang isinusulat na mga libro ng mga ekonomista na naglalarawan ng iba't ibang manipestasyon ng monopolyo at patuloy silang nagkokorong "napabulaanan na ang Marxismo". Pero hindi maiiwasan ang katotohanan, ayon sa kasabihang Ingles, at kailangang harapin ang mga ito, gustuhin man o hindi. Ipinapakita ng mga datos na ang mga pagkakaiba ng mga bayang kapitalista, halimbawa sa usapin ng proteksyon o malayang kalakalan, ay nagbubunsod lamang ng di makabuluhang mga pagkakaiba sa anyo ng mga monopolyo o sa sandali ng paglitaw ng mga ito; at ang paglitaw ng mga monopolyo bilang resulta ng konsentrasyon ng produksyon ay isang pangkalahatan at pundamental na batas ng kasalukuyang yugto ng kapitalismo.

Para sa Europa, may pagkapresisong matutukoy kung kailan *depinidong* hinalinhan ng bagong kapitalismo ang lumang kapitalismo; iyon ay sa pagsisimula ng ika-20 siglo. Sa isa sa pinakahuling tinipong mga tala hinggil sa kasaysayan ng "pormasyon ng mga monopolyo," mababasa natin:

> "Pwedeng banggitin ang ilang hiwa-hiwalay na halimbawa ng kapitalistang monopolyo mula noong panahong bago 1860; maaaninag sa mga ito ang binhi ng mga porma na napakakaraniwan na ngayon; pero walang dudang kinakatawan ng lahat ng ito ang prehistorya ng mga kartel. Sa pinakamaaga, sa dekada 1860 matatagpuan ang tunay na pagsisimula ng modernong monopolyo. Ang unang importanteng panahon sa pag-unlad ng monopolyo ay nagsimula sa internasyunal na depresyong industriyal noong dekada 1870 na umabot hanggang sa pagsisimula ng dekada 1890..." "Kung susuriin ang usapin sa saklaw ng buong Europa, makikita natin na rumurok ang pag-unlad ng malayang kompetisyon noong mga dekada 1860 at 1870. Noon nakompleto ng Britain ang konstruksyon ng lumang-estilong organisasyong kapitalista. Sa Germany, sumuong sa mabangis sa pakikitunggali ang organisasyong ito sa industriya ng pagyayaring-kamay at panloob na industriya, at nagsimula na itong lumikha para sa sarili ng sariling mga anyo ng pag-iral."
>
> "Nagsimula ang dakilang rebolusyon sa *crash* ng 1873, o mas eksakto, sa depresyon na sumunod dito, at nagbubukod sa dalawampu't dalawang taon ng kasaysayan sa ekonomya ng Europa na may halos di naramdamang mga interapsyon noong maagang bahagi ng dekada 1880 at di pangkaraniwang marahas pero sasandaling pagsagana o *boom* noong bandang 1889." "Sa panahon ng maikling pagsagana noong 1889-90, malawakang ginamit ang sistemang kartel para samantalahin ang paborableng kalagayan sa negosyo. Itinulak ng masamang patakaran ang mga presyo nang mas mabilis at mas mataas pa kaysa nangyari sana kung wala ang mga kartel, at walang kaabug-abog na pumanaw ang halos lahat ng kartel sa pagbagsak ng ekonomya. Limang taon pa ng bagsak na kalakalan at mabababang presyo ang sumunod pero may bagong diwang namayani sa industriya; itinuring ang depresyon na walang iba kundi isang panandaliang paghinto bago ang panibagong pagsagana.
>
> "Pumasok ang proseso sa pagbubuo ng kartel sa ikalawang panahon nito: sa halip na maging panandaliang pangyayari, naging isa ito sa mga pundasyon ng buhay pang-ekonomya. Sunud-sunod nitong nakukuha ang iba't ibang larangan ng industriya, pangunahin ang industriya ng hilaw na materyales. Sa pagsisimula ng dekada 1890,

nakamit na ng sistemang kartel – sa organisasyon ng *syndicate* sa *coke* na pinagbatayang modelo kalaunan ng *syndicate* sa karbon – ang teknik ng kartel na halos hindi na mapapaunlad pa. Sa unang pagkakataon, naganap ang malaking pagsagana sa pagtatapos ng ika-labinsiyam na siglo at ang krisis ng 1900-03 nang buung-buo sa ilalim ng taguyod ng mga kartel – sa mga industriya ng pagmimina at bakal sa pinakamenos. At samantalang nagmistula itong isang bagong bagay noon, tinatanggap ngayon ng lahat na inalis na, sa pangkalahatan, sa saklaw ng malayang kompetisyon ang malalaking larangan ng kompetisyon sa ekonomya."[6]

5 Herman Levy, *Monopole, Kartelle und Trusts* (Mga Monopolyo, Kartel at Trust), Jena, 1909, pp. 286, 290, 298.
6 Th. Vogelstein: *Die finanzielle Organisation der kapitalistischen Industrie und die Monopolbildungen* (Organisasyon sa Pinansya ng Kapitalistang Industriya at ang Pagbubuo ng mga Monopolyo) sa *Grundriss de Sozialökonomik* (Balangkas ng Panlipunang Ekonomiks), 1914, *Tüb.*, Sek. VI, pp. 222 at kasunod. Tingnan rin ang akda ng awtor ring iyon: *Organisantionsformen des Eisenindustrie und der Textilindustrie in England und Amerika*, Tomo I, Lpz. 1910 (Ang mga Anyo sa Organisasyon ng mga Industriya sa Bakal at Tela ng England at Amerika, Tomo 1, Leipzig, 1910).

Kung gayon, ang prinsipal na mga yugto sa kasaysayan ng monopolyo ay ang sumusunod: 1) 1860-70, ang pinakamataas na yugto, ang rurok ng pag-unlad ng malayang kompetisyon; nasa halos hindi maaninag na binhing yugto ang monopolyo. 2) Pagkatapos ng krisis ng 1873, isang mahabang panahon ng pag-unlad ng mga kartel; pero eksepsyon pa ang mga ito. Hindi pa matibay ang mga ito. Transitoryong penomenon pa ang mga ito. 3) Ang pagsagana sa pagtatapos ng ikalabinsiyam na siglo at ang krisis ng 1900-03. Ang mga kartel ay naging isa sa mga pundasyon ng buong buhay pang-ekonomya. Natransporma na ang kapitalismo bilang imperyalismo.

Pinagkakasunduan ng mga kartel ang mga kondisyon ng bentahan, petsa ng bayaran, atbp. Pinaghati-hatian nila ang pamilihan. Itinatakda nila ang kantidad ng mga produktong lilikhain. Itinatakda nila ang mga presyo. Hinahati-hati nila ang tubo sa hanay ng iba't ibang empresa, atbp.

Tinantyang mga 250 ang bilang ng kartel sa Germany noong 1896 at 385 noong 1905 na nilalahukan ng 12,000 mga empresa.[7] Pero sa tingin ng lahat, mas maliit kaysa aktwal ang mga numerong ito. Mula sa istatistiks sa industriya ng Germany ng 1907 na sinipi sa itaas, malinaw na tiyak na kahit ang 12,000 malaking empresang ito ang malamang na gumagamit sa mahigit kalahati ng lakas *steam* at koryenteng ginamit sa bayan. Sa United States of America, tinatantyang may 185 trust noong 1900 at 250 noong 1907. Hinahati ng istatistiks ng Amerika ang lahat ng empresang industriyal sa mga empresang pagmamay-ari ng indibidwal, pribadong mga empresa o mga korporasyon. Binubuo ng huli ang 23.6 porsyento noong 1904 at 25.9 porsyento (ibig sabihin, mahigit sangkapat ng lahat ng empresang industriyal sa bayan) noong 1909. Inempleyo nila ang 70.6 porsyento ng lahat ng sahuran noong 1904, at 75.6 porsyento (ibig sabihin, mahigit tatlong sangkapat ng kabuuang bilang ng mga sahuran) noong 1909. Ang kanilang produksyon sa dalawang petsang nabanggit ay nagkakahalagang $10,900,000,000 at $16,300,000,000, ibig sabihin, 73.7 porsyento at 79 porsyento ng kabuuan.

7 Dr. Riesser, *die deutschen Grossbanken und ihre Konzentration im Zusammenhang mit der Entwicklung der Gesamtwirtschaft in Deutschland* (Ang Malalaking Bangko sa Germany at ang

Konsentrasyon ng mga Ito sa Pag-unlad ng Pangkalahatang Ekonomya sa Germany), ika-apat na edisyon, 1912, p. 149; tingnan din ang *Kartelle und Trusts und die Weiterbildung der volkswirtschaftlichen Organisation* (Mga Kartel at Trust at ang Higit pang Pag-unlad ng Organisasyon sa Ekonomya), ikalawang edisyon, 1910, p. 25.

May panahong ikinokonsentra ng mga kartel at trust sa kanilang mga kamay ang pito o walo sa bawat sampu ng kabuuang produksyon ng isang takdang sangay ng industriya. Nang itatag ang *Syndicate* sa Karbon ng Rhine-Westphalia noong 1893, nakakonsentra sa kanya ang 86.7 porsyento ng buong produksyon ng karbon sa lugar. At noong 1910, nakamit niya ang konsentrasyon ng 95.4 porsyento.[8] Tinitiyak ng monopolyong nalikha sa ganoong paraan ang napakalalaking tubo, at nagtutungo ito sa pormasyon ng produktibong mga yunit teknikal na mahirap talunin sa laki. Itinatag ang bantog na Standard Oil Company sa US noong 1900:[9]

> "Ang awtorisadong kapital nito ay nagkakahalagang $150,000,000. Naglabas ito ng $100,000,000 na *common stock* at $106,000,000 *preferred stock*. Mula 1900 hanggang 1907, nagbayad ito ng sumusunod na dibidendo sa huling nabanggit na sosyo: 48, 48, 45, 44, 36, 40, 40, 40 porsyento sa sunud-sunod na taon, ibig sabihin, $367,000,000 lahat-lahat. Mula 1882 hanggang 1907, mula sa kabuuang netong tubong nagkakahalagang $889,000,000, ipinamahagi ang $606,000,000 bilang dibidendo at naging bahagi ng reserbang kapital ang natira. Noong 1907, ineempleyo ng iba't ibang pagawaan ng United States Steel Corporation ang hindi kukulangin sa 210,180 manggagawa at iba pa. Noong 1908, ineempleyo ng pinakamalaking empresa sa Germany sa industriya ng pagmimina, ang *Gelsenkirchner Bergwerksgesellschaft*, ang 46,048 manggagawa at empleyado sa upisina."[10]

Noong 1902, lumilikha na ang US Steel Corporation ng 9,000,000 tonelada ng asero.[11] Noong 1901, ang produksyon nito'y 66.3 porsyento, at noong 1908, 56.1 porsyento ng kabuuang produksyon ng asero sa United States.[12] Ayon sa pagkakasunod, ang produksyon nito ng hilaw na bakal ay 43.9 porsyento at 46.3 porsyento.

Isinasaad ng ulat ng Komisyon sa Trusts ng Gubyernong US:

> "Ang superyoridad ng trust sa mga kakumpitensya ng mga ito ay dahil sa laki ng kanilang mga empresa at sa kanilang napakahusay na kagamitang teknikal. Mula nang ito'y itatag, ibinuhos ng Tobacco Trust ang lahat ng pagsisikap sa unibersal na pagpapalit ng mekanikal sa manwal na paggawa. Para sa layuning ito, binili ng trust ang lahat ng patente na may anumang kinalaman sa manupaktura ng tabako at gumastos ng napakalalaking halaga para sa layuning ito. Noong una, lumabas na marami sa mga patenteng iyon ay walang silbi[**** at kinailangan ng mga ito ng modipikasyon ng mga inhinyerong nasa empleyo ng trust. Sa pagtatapos ng 1906, dalawang subsidyaryong kumpanya ang binuo para lamang makakuha ng mga patente. Sa ganoon ding layunin, nagtayo ang trust ng sariling mga moldehan, talyer at kumpunihan. Isa sa mga establisimyentong iyon, iyong nasa Brooklyn, ang karaniwang nag-eempleyo ng 300 manggagawa; dito isinasagawa ang mga eksperimento sa mga imbensyong kaugnay ng manupaktura ng sigarilyo, bilot (cheroot), pulbos na tabako (snuff), palara para sa pag-eempake, mga kahon, atbp. Dito din pinahuhusay nang husto ang mga imbensyon.[13]
>
> "Nag-eempleyo din ang ibang mga trust ng tinaguriang mga inhinyerong sa pagpapaunlad na ang gawain ay mag-isip ng bagong mga paraan ng produksyon at ipailalim sa pagsusubok ang teknikal na mga pagsulong. Nagbibigay ang US Steel

Corporation ng malalaking bonus sa mga manggagawa at inhinyero para sa lahat ng imbensyong nagpapataas ng kahusayang teknikal, o nagpapababa ng gastos sa produksyon."[14]

8 Dr. Fritz Kestner, *Der Organisationszwang. Eine Untersuchung über die Kämpfe zwischen Kartellen und Aussenseitern* (Ang Hatak na Mag-organisa. Isang Imbestigasyon ng mga Tunggalian sa pagitan ng mga Kartel at mga Tagalabas), Berlin, 1912.
9 Ang *holding company* ay binuo noong 1899 para palitan ang kasunduan sa trust noong 1882.—*Ed*.
10 Dr. Liefmann, *Beteiligungs und Finanzierterungsgesellschaften. Einer Studie uber den modernen Kapitalismus und das Effektenwesen* (Mga Kumpanyang *Holding* at Pampinansya – Isang Pag-aaral ng Modernong Kapitalismo at *Securities*), unang edisyon, Jena, 1909, pp. 212 at 218.
11 Dr. S. Tscherschky, *Kartelle und Trusts* (Mga Kartel at Trust), Göttingen, 1903, p. 13.
12 Vogelstein, *Organisationsformen* (Mga Anyo ng Organisasyon), p. 275
13 *Report of the Commission of Corporations on the Tobacco Industry* (Ulat ng Komisyon ng mga Korporasyon Hinggil sa Industriya ng Tabako), Washington, 1909, p. 266, sinipi ayon kay Dr. Paul Tafel, *Die nordamerikanischen Trusts und ihre Wirkungen auf den Fortschritt der Technik* (Mga Trusts ng Hilagang Amerika at ang mga Epekto Nito sa Kaunlarang Teknikal), Stuttgart, 1913, p. 48.
14 Dr. P. Tafel, *ibid.,* pp. 48-49.

Sa malakihang industriya ng German, halimbawa, sa industriyang kemikal, na pagkalaki-laki ang iniunlad nitong nakaraang ilang dekada, kapareho din ang pagkakaorganisa ng promosyon ng teknikal na pagsulong. Pagdating ng 1908, ibinunsod na ng proseso ng konsentrasyon ng produksyon ang dalawang pangunahing "grupo" na sa kanilang paraan ay monopolyo rin sa kalikasan. Noong una, kinatawan ng mga grupong ito ang "kambal na mga alyansa" ng dalawang pares ng malalaking pagawaang may 20-21 milyong mark na kapital ang bawat isa — sa isang banda, ang dating Meister Factory sa Hoechst at ang Cassella Factory sa Frankfurt am Main; at sa kabilang banda ang pagawaan ng *aniline* at *soda* sa Ludwigshafen at ang dating Bayer Factory sa Elberfeld. Pagkatapos, noong 1905 isa sa mga grupong ito, at noong 1908 iyong isa pang grupo, ang pumasok sa hiwalay na kasunduan sa iba pang malaking pagawaan. Ang resulta'y ang pormasyon ng dalawang "tripleng alyansa" na may 40 hanggang 50 milyong mark na kapital ang bawat isa. At nagsimula nang "lumapit" sa isa't isa ang mga "alyansang" ito, umabot "sa pagkakaunawaan" tungkol sa mga presyo, atbp.[15]

15 Riesser, *op. cit.,* ikatlong edisyon, pp. 547-48. Inuutat ng mga dyaryo (Hunyo 1916) ang pagbubuo ng bagong dambuhalang trust na magkokombina ng industriyang kemikal ng Germany.

Natatransporma ang kompetisyon tungo sa monopolyo. Ang resulta'y ang napakalawak na progreso sa sosyalisasyon ng produksyon. Sa partikular, nagiging sosyalisado ang proseso ng imbensyon at pagsulong teknikal.

Hindi na ito ang lumang tipo ng malayang kompetisyon ng mga nagmamanupaktura, na kalat-kalat at walang ugnayan sa isa't isa, at nagpoprodyus para sa di tiyak na pamilihan. Inabot na ng konsentrasyon ang puntong posible nang gumawa ng malapit na pagtantya ng lahat ng pinagkukunan ng hilaw na materyales (halimbawa, mga deposito ng hilaw na bakal) ng isang bayan at maski ng ilang bayan o ng buong mundo, tulad ng makikita natin. Hindi lamang ginagawa ang ganoong pagtantya kundi inaagaw ng gahiganteng mga kombinasyong

monopolista ang mga pinagkukunang ito. Ginagawa din ang malapit na pagtantya ng kapasidad ng mga pamilihan at pinagkakasunduan ng mga kombinasyon ang paghahati sa mga ito sa hanay nila mismo. Monopolisado ang may kasanayang paggawa, nasa kanilang empleyo ang pinakamahuhusay na inhinyero; naaagaw ang mga kagamitan sa transportasyon—ang perokaril sa Amerika, mga kumpanya sa pagbabarko ng Europa at America. Sa yugtong imperyalista, tuwirang pumapatungo ang kapitalismo sa pinakakomprehensibong sosyalisasyon ng produksyon. Maaaring sabihin na kinakaladkad nito ang mga kapitalista, nang labag sa kanilang kalooban at kamulatan, tungo sa isang tipo ng bagong kaayusang panlipunan, isang transisyunal na kaayusang panlipunan mula sa lubos na malayang kompetisyon tungong lubos na sosyalisasyon.

Nagiging panlipunan ang produksyon pero nananatiling pribado ang apropriyasyon. Nananatiling pribadong pag-aari ng iilan ang panlipunang mga kagamitan sa produksyon. Nananatili ang pangkalahatang balangkas ng malayang kompetisyong pormal na kinikilala, pero sandaang beses na mas bumibigat, mas humihirap at hindi mabata ang pangingibabaw ng iilang monopolista sa mas nakararaming bahagi ng populasyon.

May sinulat na libro ang ekonomistang German na si Kestner na partikular na nakatuon sa paksang "ang tunggalian sa pagitan ng mga kartel at ng mga tagalabas", ibig sabihin, ang mga kapitalista sa labas ng kartel. Pinamagatan niyang *Compulsory Organisation* (Sapilitang Organisasyon) ang kanyang akda bagamat para ilarawan ang tunay na kalikasan ng kapitalismo, dapat sana'y isinulat niya ang tungkol sa sapilitang pagpapailalim sa monopolistang asosasyon. Instruktibo kahit man lamang tunghayan ang listahan ng mga paraang ginagamit ng monopolistang mga asosasyon sa kasalukuyan, pinakahuli at sibilisadong pakikibaka para sa "mga organisasyon": 1) Pagpapatigil ng suplay ng hilaw na materyales (… "isa sa pinakaimportanteng paraan ng pamumwersa para pumailalim sa kartel"); 2) Pagpapatigil ng suplay ng paggawa sa pamamagitan ng "mga alyansa" (ibig sabihin, ng mga kasunduan sa pagitan ng mga kapitalista at ng mga unyon kung saan pinahihintulutan lamang ng huli ang mga myembro nila na magtrabaho lamang sa mga empresang nasa kartel); 3) pagpapatigil ng mga deliberi; 4) Pagsasara ng mga daluyan ng kalakalan; 5) Mga kasunduan sa mga bumibili kung saan makikipagkalakalan lamang ang huli sa mga kartel; 6) Sistematikong pagpapababa ng mga presyo (para pabagsakin ang mga empresa "na tagalabas", ibig sabihin, iyong tumatangging pumailalim sa mga monopolista. Milyun-milyon ang ginugugol para ibenta ang mga produkto sa ilang panahon nang mas mababa sa presyo ng ginastos. May mga pagkakataong binabaan sa ganoong paraan ang presyo ng gasolina mula 40 tungo sa 22 mark, ibig sabihin, binawasan nang halos kalahati!); 7) Pagpapatigil ng mga pautang; 8) boykot.

Hindi na ito kompetisyon ng maliliit at malalaking empresa, ng mga empresang maunlad at atrasado sa teknolohiya. Nakikita natin dito na sinasakal ng mga monopolista iyong ayaw pumailalim sa kanila, sa kanilang pangingibabaw, sa kanilang dikta. Ganito nasasalamin ang proseso sa isip ng isang ekonomistang burges:

> "Kahit sa purong pang-ekonomyang larangan," sulat ni Kestner, "may ilang pagbabagong nagaganap mula sa komersyal na aktibidad sa lumang pakahulugan ng salita tungong organisasyunal-ispekulatibong aktibidad. Ang nakakatamo ng pinakamalaking tagumpay ay hindi na ang negosyanteng pinakamahusay sa lahat na nakatatantya sa mga pangangailangan ng mamimili dahil sa kanyang karanasang teknikal at komersyal, at may kakayahang tuklasin at kumbaga'y epektibong 'pukawin' ang isang tagong demand; ang nakakatamo ng pinakamalaking tagumpay ay ang ispekulatibong henyo [?!], na maalam magtantya, o kahit man lamang maunang madama ang organisasyunal na pag-unlad at

ang mga posibilidad ng ilang koneksyon sa pagitan ng indibidwal na mga empresa at ng mga bangko…"[16]

16 Kestner, *op. cit.,* p. 241.—*Ed.*

Sa karaniwang salita ng tao, nangangahulugan ito na nakarating na ang pag-unlad ng kapitalismo sa yugto na sa katunaya'y pinapanghina na ang produksyon ng kalakal at napupunta ang bulto ng mga tubo sa "mga henyo" ng manipulasyon sa pinansya bagamat "naghahari" pa ang produksyon ng kalakal at patuloy na itinuturing na batayan ng buhay pang-ekonomya. Nasa batayan ng mga manipulasyon at panloloko ang sosyalisadong produksyon; pero ang pagkalaki-laking pagsulong ng sangkatauhan na nakatamo ng sosyalisasyong ito ay nakapagbibigay pakinabang lamang sa mga ispekulador. Makikita natin sa susunod kung paanong "sa batayang ito", pinapangarap ng reaksyunaryo at petiburges na mga kritiko ng imperyalismong kapitalista na "makapanumbalik" sa "malaya", "mapayapa" at "matapat" na kompetisyon.

Ayon kay Kestner, "Hanggang ngayon, nakikita ang matagalang pagtataas ng presyo, na bunga ng pagkabuo ng mga kartel, kaugnay lamang ng pinakamahalagang kagamitan sa produksyon, laluna ang karbon, bakal at potassium, pero hindi kailanman kaugnay ng minanupakturang mga produkto. Gayundin, limitado lamang sa mga industriya na lumilikha ng mga kagamitan sa produksyon ang paglaki ng tubo na bunga ng pagkabuo ng mga kartel. Kailangang idagdag sa obserbasyong ito na hindi lamang nakakuha ng mga bentahe ang industriya ng hilaw na materyales mula sa pormasyon ng kartel sa anyo ng malalaking tubo sa kapinsalaan naman ng industriya ng yaring mga produkto, kundi nakakuha pa ito ng *posisyon ng dominasyon* sa huli, na hindi umiral sa ilalim ng malayang kompetisyon."[17]

Ibinubunyag ng mga salitang binigyan ko ng diin ang esensya ng kasong bantulot na bantulot at bihirang-bihirang tanggapin ng mga ekonomistang burges, at masigasig na masigasig namang tinatangkang iwasan at isantabi ng modernong mga tagapagtanggol ng oportunismo sa pamumuno ni Kautsky. Dominasyon, at ang karahasang kaakibat nito – ganoon ang mga relasyong pinakatipikal sa "pinakahuling yugto ng kapitalistang pag-unlad"; ito ang di maiiwasang kailangang ibunga, at ibinunga nga, ng pormasyon ng mga monopolyong pang-ekonomyang makapangyarihan sa lahat.

17 Kestner, *op. cit.,* p. 254.

Magbibigay ako ng isa pang halimbawa ng mga paraang ginagamit ng mga kartel. Lalong madali ang pag-usbong ng mga kartel at ang pormasyon ng mga monopolyo saanman posibleng agawin ang lahat o ang pangunahing mga pinagkukunan ng hilaw na materyales. Gayunman, maling ipagpalagay na hindi uusbong ang mga monopolyo sa ibang mga industriya kung saan imposibleng solohin ang pinagkukunan ng hilaw na materyales. Halimbawa, makakakita ng industriya ng simento ang hilaw na materyales sa lahat ng lugar. Pero sa Germany napakakartelisado pati na ang industriyang ito. Ang mga tagamanupaktura ng simento ay nagbuo ng mga *syndicate* na panrehiyon: Timog German, Rhine-Westphalian, atbp. Ang itinatakdang presyo ay monopolyong presyo: 230-280 *mark* bawat karga gayong ang halaga ng ginastos ay 180 mark! Nagbabayad ang mga empresa ng dibidendong mula 12 hanggang 16 porsyento – at huwag nating kalilimutang marunong magbulsa ng malalaking

tubo ang mga "henyo" ng modernong ispekulasyon nang bukod pa sa nakukuha nilang mga dibidendo. Para hadlangan ang kompetisyon sa gayong industriya na malaki ang tubo, gumagamit ang mga monopolista ng iba't ibang pakana. Halimbawa, nagkakalat sila ng maling bulung-bulungan tungkol sa masamang sitwasyon ng kanilang industriya. Naglalathala ng walang pirmang mga babala sa mga pahayagan tulad ng sumusunod: "Mga kapitalista, huwag kayong mangapital sa industriya ng simento!" Panghuli, binibili nila ang lahat ng pag-aari ng "mga tagalabas" (iyong nasa labas ng mga *syndicate*) at binibigyan ang mga ito ng bayad-pinsalang 60,000, 80,000 at maski 150,000 mark.[18] Sa lahat ng lugar, walang patumanggang gumagawa ang monopolyo ng sariling landas sa anumang paraan, mula sa pagbabayad ng "katamtamang laki" para bilhin nang buo ang mga kakumpitensya, hanggang sa Amerikanong pamamaraang "paggamit" ng dinamita laban sa mga ito.

Isang pabula ang pahayag na kayang pawiin ng mga kartel ang mga krisis; ikinalat ito ng mga ekonomistang burges na naghahangad na palabasing maganda ang kapitalismo anuman ang mangyari. Kabaligtaran nito, pinalalaki at pinatitindi ng monopolyong nalikha sa *ilang* sangay ng industriya ang anarkiyang likas sa produksyong kapitalista *sa kabuuan*. Nadaragdagan ang agwat sa pagitan ng pag-unlad ng agrikultura at niyong sa industriya, na likas sa kapitalismo sa pangkalahatan. Ibinubunsod ng pribilehiyadong posisyon ng industriyang pinakamataas ang antas ng pagkakartel, na tinaguriang *mabigat* na industriya, lalo na ang karbon at bakal, "ang mas malaki pang kawalan ng koordinasyon" sa ibang mga sangay ng produksyon – tulad ng inaamin ni Jeidels na may-akda ng isa sa pinakamahusay na akda hinggil sa relasyon ng malalaking bangkong German sa industriya.[19]

> Sabi ni Liefmann na isang walang kahihiyang apolohista ng kapitalismo, "Kapag mas maunlad ang sistemang pang-ekonomya, mas pumapasok ito sa marisgong mga empresa, o mga empresa sa ibayong dagat, sa mga nangangailangan ng mahabang panahon para paunlarin, o panghuli, sa mga may lokal na kahalagahan lamang."[20]

18 Ludwig Eschwege, *Zement*, sa *Die Bank*, 1909, Tomo I, p. 115 at kasunod.
19 Otto Jeidels, *Sdas Verhältnis der deutschen Grossbanken zur Industri, mit besonderer Berücksichtigung der Eisenindustrie* (Ang Ugnay ng Malalaking Bangkong German sa Industriya, na May Ispesyal na Pagtuon sa Industriya ng Bakal), Leipzig, 1905, p. 271.
20 Robert Liefmann, *Beteiligungs- und finanzierungsgesellschaften* (Mga Kumpanyang *Holding* at Pampinansya), p. 434.

Sa matagalan, nakaugnay ang dagdag na risgo sa napakalaking karagdagang kapital na umaapaw na nga, at umaagos paibayong dagat, atbp. Kaalinsabay nito, ibinubunsod ng napakabilis na teknikal na pagsulong ang paparaming elemento ng pagkakaiba-iba sa pagitan ng iba't ibang larangan ng ekonomya ng bansa, ang anarkiya at ang krisis. Obligadong tanggapin ni Liefmann na:

> "Malamang na malamang na masasaksihan ng sangkatauhan ang karagdagang mahahalagang rebolusyong teknikal, sa malapit na hinaharap, na makakaapekto rin sa organisasyon ng sistemang pang-ekonomya" … (Halimbawa, sa elektrisidad at abiyasyon.) "Sa pangkalahatan, sa ganoong mga panahon ng radikal na pagbabago sa ekonomya, umuunlad ang ispekulasyon sa malawak na saklaw."[21]

Pinalalaki naman nang husto ng lahat ng tipo ng krisis – pinakamadalas ng krisis sa ekonomya, pero hindi lamang ito – ang tendensya tungong konsentrasyon at monopolyo.

Kaugnay nito, napakainstruktibo ang sumusunod na paglalarawan ni Jeidels sa kabuluhan ng krisis ng 1900 na, tulad ng nakita na natin, ang siyang punto ng pagbabago sa kasaysayan ng modernong monopolyo:

> "Katabi ng higanteng mga planta sa batayang mga industriya, dinatnan ng krisis ng 1900 ang maraming planta na organisado sa paraang masasabing lipas na sa ngayon, may pagka-'purong' [hindi kombinasyon] mga planta na sumilang sa rurok ng pagsagana ng industriya. Ang 'purong' mga empresang ito ay inilagay sa mapanganib na pusisyon ng pagbagsak ng presyo at pagkitid ng demand, na hindi naman nakaapekto ni katiting sa malalaking empresang magkakumbina, o nakaapekto sa mga ito sa napakaiksing panahon lamang. Bunga nito, ibinunsod ng krisis ng 1900 ang konsentrasyon ng industriya na ibayong mas matindi kaysa dating mga krisis, tulad niyong sa 1873. Nagbunga ang huling nabanggit na krisis ng isang klase ng seleksyon sa mga empresang may pinakamahusay na kagamitan, pero dala ng antas ng teknikal na pag-unlad noon, hindi naipwesto sa pusisyon ng monopolyo ng seleksyong ito ang mga empresa, na matagumpay na nakalampas sa krisis. Umiiral sa mataas na antas ang gayong matibay na monopolyo sa gahiganteng mga empresa sa modernong mga industriya ng bakal at asero at elektrisidad dahil sa kanilang napakakumplikadong teknika, malawak na organisasyon at laki ng kapital, at sa mas mababang antas, sa industriya sa inhinyeriya at ilang sangay sa industriya sa metalurhiya, transportasyon, at iba pa."[22]

Monopolyo! Ito ang huling salita sa "pinakahuling yugto ng kapitalistang pag-unlad". Pero magkakaroon lamang tayo ng kulang-kulang, hindi lubos, at malabong ideya ng tunay na kapangyarihan at kabuluhan ng modernong mga monopolyo kung hindi natin isasaalang-alang ang papel na ginagampanan ng mga bangko.

21 *Ibid.,* pp. 465-66.
22 Jeidels, *op. cit.,* p. 108.

## KABANATA 2

## ANG MGA BANGKO AT ANG BAGONG PAPEL NG MGA ITO

Ang prinsipal at pangunahing tungkulin ng mga bangko ay magsilbing tagapamagitan sa paggawa ng mga kabayaran. Sa gayon, itinatransporma ng mga ito ang di aktibong kapital na salapi sa aktibong kapital, ibig sabihin, sa kapital na lumilikha ng tubo; iniipon ng mga ito ang lahat ng tipo ng kitang salapi at inilalagay ang mga ito sa dispusisyon ng uring kapitalista.

Habang umuunlad ang pagbabangko at nakokonsentra sa maliit na bilang ng establisimyento, natatransporma ang mga bangko mula sa pagiging simpleng tagapamagitan tungo sa pagiging makapangyarihang mga monopolyo na may kontrol sa halos buong kapital na salapi ng lahat ng kapitalista at maliliit na negosyante, at gayundin sa malaking bahagi ng mga kagamitan sa produksyon at ng mga pinagkukunan ng hilaw na materyales ng isa sa alinmang bayan at sa maraming bayan. Ang transpormasyon ng maraming simpleng tagapamagitan tungo sa sandakot na monopolista ay isa sa pundamental na mga proseso sa

transpormasyon ng kapitalismo tungo sa kapitalistang imperyalismo. Dahil dito, kailangan, una sa lahat, na suriin ang konsentrasyon ng pagbabangko.

Noong 1907-08, nagkakahalagang 7,000,000,000 *mark* ang pinagsama-samang deposito ng *joint-stock* na mga bangkong German na may mahigit 1,000,000 *mark* ang kapital ng bawat isa; noong 1912-13, nagkakahalaga itong 9,800,000,000 *mark*, o 40 porsyento ang inilaki ng mga deposito sa loob ng limang taon. Sa inilaking 2,800,000,000, ang 2,750,000,000 ay nahati-hati sa 57 bangko na bawat isa'y mahigit 10,000,000 ang kapital. Sumusunod ang distribusyon ng mga deposito sa malalaki at maliliit na bangko (na milyong *mark* man lamang ang kapital):[1]

PORSYENTAHE NG KABUUANG DEPOSITO

| taon | sa 9 na malalaking bangko ng berlin | sa 48 iba pang bangkong mahigit 10m ang kapital | sa 115 bangkong 1-10m ang kapital | sa maliliit na bangkong kulang sa 1m ang kapital |
|---|---|---|---|---|
| 1907-08 | 47 | 32.5 | 16.5 | 4 |
| 1912-13 | 49 | 36 | 12 | 3 |

1 Alfred Lansburgh, *Fünf Jahre deutsches Bankwesen* (Limang Taon ng Pagbabangkong German), nasa *Die Bank*, Blg. 8, 1913, p. 728.

Ginigipit ang maliliit na bangko ng malalaking bangko, at sa siyam lamang ng mga ito nakakonsentra ang halos kalahati ng lahat ng deposito. Gayunman, hindi pa natin isinasali sa ating paglalahad ang maraming mahahalagang detalye, halimbawa, ang transpormasyon ng malaking bilang ng maliliit na bangko bilang aktwal na mga sangay ng malalaking bangko, atbp. Tatalakayin ko ito sa susunod.

Sa pagtatapos ng 1913, sa tantya ni Schulze-Gaevernitz, 5,100,000,000 ng kabuuang 10,000,000,000 *mark* ang mga deposito sa siyam na malaking bangko ng Berlin. Kung isasama sa kwenta hindi lamang ang mga deposito kundi ang kabuuang kapital ng mga bangkong ito, isinulat ng may-akda:

> "Sa pagtatapos ng 1909, *kasama* ng *mga bangkong may apilyasyon* sa mga ito, kontrolado ng siyam na malalaking bangko ng Berlin ang 11,300,000,000 *mark*... ibig sabihin, mga 83 porsyento ng kabuuang kapital sa bangko ng Germany. *Kasama ng mga bangkong may apilyasyon dito*, kontrolado ng *Deutsche Bank* ang halos 3,000,000,000 *mark*, at kinakatawan nito, katapat ng Administrasyon sa Perokaril ng EstadongPrussian, ang pinakamalaki, at pinakadesentralisado din, na akumulasyon ng kapital sa Lumang Daigdig."[2]

Idiniin ko ang pagtukoy sa mga bangkong "may apilyasyon" dahil isa ito sa pinakamahalagang natatanging katangian ng modernong kapitalistang konsentrasyon. Hindi lamang lubusang nilalamon ng malalaking empresa, at laluna ang mga bangko, ang maliliit, kundi "ikinakabit" din ang mga ito, ipinapailalim, ipinapaloob sa "sariling" grupo o "*concern*" (kung gagamitin ang terminong teknikal, sa pamamagitan ng pagtatamo ng "sapi" sa kapital ng mga ito, sa pamamagitan ng pagbili o pagpapalitan ng sapi, sa pagkontrol sa mga ito sa pamamagitan ng sistema ng mga pautang, atbp., atbp.) Pagkahaba-haba ng "akdang" isinulat

ni Propesor Liefmann na may 500 pahinang naglalarawan ng modernong "*holding company* at kumpanya sa pinansya",[3] na sa kasamaang palad ay nagdagdag ng kaduda-dudang "teoretikal" na mga ideya sa di pa naliliming hilaw na materyales. Pinakamahusay na inilalarawan ang mga resultang ibinubunsod ng sistemang "*holding"* na ito kaugnay ng konsentrasyon sa librong isinulat ng bangkerong si Riesser tungkol sa malalaking bangkong German. Pero bago natin suriin ang kanyang datos, sipiin natin ang isang halimbawa ng sistemang "*holding*".

2 Schulze-Gaevernitz, *Die deutsche Kreditbank, Grundriss der Sozialökonomik* (Ang Bangko sa Pagpapautang ng Germany sa *Balangkas ng Panlipunang Ekonomiks*), Sek. V, Bahagi II, Tübingan, 1915, pp. 12 at 137.
3 Robert Liefmann, *Beteilingungs und Finanzierungsgesellschaften. Eine Studie über den modernen Kapitalismus und das Effektenwesen* (Mga Kumpanyang *Holding* at Pampinansya – Isang Pag-aaral sa Modernong Kapitalismo at *Securities*), unang edisyon, Jena, 1909, p. 212.

Ang "grupo" ng *Deutsche Bank* ay isa sa pinakamalaki, kung hindi ang pinakamalaki, sa malalaking grupo sa pagbabangko. Para tuntunin ang pangunahing mga hiblang tumutuhog sa lahat ng bangko sa grupong ito, kailangang pag-ibahin ang mga *holding* sa una, ikalawa at ikatlong antas, o sa paraang ganoon din ang kahulugan, sa dependensya (ng mas maliliit na bangko sa *Deutsche Bank*) sa una, ikalawa o ikatlong antas. Makukuha natin sa gayon ang sumusunod na larawan:[4]

MGA KALAHOK SA BANGKONG DEUTSCHE:

| antas | nang permanente | nang walang taning | nang paminsan-minsan | kabuuan |
|---|---|---|---|---|
| Una | sa 17 bangko | sa 5 bangko | sa 8 bangko | sa 30 bangko |
| Ikalawa | 9 sa 17 ang may *holdings* sa 34 iba pang bangko | 5 sa 8 ang may *holdings* sa 14 iba pang bangko | 14 sa 30 ang may *holdings* sa 48 iba pang bangko | |
| Ikatlo | 4 sa 9 ang may *holdings* sa 7 iba pang bangko | 2 sa 5 ang may *holdings* sa 2 iba pang bangko | 6 sa 14 ang may *holdings* sa 9 iba pang bangko | |

Kabilang sa walong bangkong "panapanaho'y" nakasandig sa *Deutsche Bank* sa "unang antas", may tatlong bangkong dayuhan: isang Austrian, ang *Wiener Bankverein*, at dalawang Ruso, ang *Siberian Commercial Bank* (Bangkong Komersyal ng Siberia) at ang *Russian Bank for Foreign Trade* (Bangkong Rusya sa Kalakalang Dayuhan). Lahat-lahat, tuwiran at di tuwiran, bahagi at buo, hindi kukulangin sa 87 bangko ang bumubuo ng grupo ng *Deutsche Bank*; at tinatantyang nasa pagitan ng 2,000,000,000 at 3,000,000,000 *mark* ang kapital – sarili nitong kapital at kapital ng iba na nasa kontrol nito.

4 A. Lansburgh, *Das Beteiligungssystem im deutschen Bankwesen* (Ang Sistemang *Holding* sa Pagbabangkong German), sa *Die Bank*, 1910, I, p. 500 at kasunod.

Malinaw na hindi na simpleng "tagapamagitan" kundi isang asosasyon ng sandakot na monopolista ang isang bangkong nangungulo sa ganoong grupo, at nakikipagkasundo sa kalahating dosenang ibang bangko, na bahagya lamang na mas maliit kaysa sarili, sa layuning magsagawa ng sadyang malalaki at mapagtutubuang mga operasyon tulad ng pagpapalutang ng mga pautang ng estado.

Ipinapakita ng sumusunod na datos na sinisipi natin kay Riesser sa pinaikling anyo ang bilis ng konsentrasyon ng pagbabangko sa Germany sa pagtatapos ng siglo 18 at pagsisimula ng siglo 19:

ANIM NA MALALAKING BANGKO NG BERLIN

| taon | mga sangay sa Germany | mga bangkong pandeposito at mga opisina sa palitan | palagiang pag-aari sa mga bangko ng pinagsamang saping German | kabuuang establisi-myento |
|---|---|---|---|---|
| 1895 | 16 | 14 | 1 | 42 |
| 1900 | 21 | 40 | 8 | 80 |
| 1911 | 104 | 276 | 63 | 450 |

Nakikita natin ang mabilis na paglawak ng malalapit na network ng mga daluyang sumasaklaw sa buong bayan, nagsesentralisa sa lahat ng kapital at lahat ng kita, nagtatransporma sa libu-libong kalat-kalat na mga empresang pang-ekonomya sa iisang pambansang kapitalista, at pagkatapos, pandaigdigang kapitalistang ekonomya. Ang tunay na kahulugan ng "desentralisasyon" na tinatalakay sa naunang sipi ni Schulze-Gaevernitz bilang tagapagtaguyod ng modernong ekonomyang pampulitika na burges, ay ang pagpapailalim ng lumalaking bilang ng dating relatibong "independyente", o mas eksakto, pang-ekonomyang mga yunit na lokal lamang, sa iisang sentro. Sa katunayan, ito ay *sentralisasyon*, ang paglaki ng papel, kahalagahan at kapangyarihan ng mga higanteng monopolista.

Sa mas naunang kapitalistang mga bayan, mas malapit pa ang "network sa pagbabangko" na ito. Sa Great Britain at Ireland noong 1910, may 7,151 sangay lahat-lahat ang mga bangko. May mahigit 400 ang sangay ng bawat isa (mula 447 hanggang 689) ang apat na malalaking bangko; apat ang may mahigit 200 bawat isa, at labing-isa ang may mahigit 100.

Sa Pransya, *tatlong* malaking bangko (*Credit Lyonnais*, ang *Comptoir National d'Escompte* at ang *Societe Generale*) ang nakapagpalawak ng kanilang mga operasyon at network ng mga sangay sa sumusunod na paraan:[5]

| Taon | Bilang ng mga sangay at opisina: sa mga probinsya | sa Paris | kabuuan | Kapital (milyong franc): sariling kapital | hiram na kapital |
|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1870 | 47 | 17 | 64 | 200 | 427 |
| 1890 | 192 | 66 | 258 | 265 | 1,245 |
| 1909 | 1,033 | 196 | 1,229 | 887 | 4,363 |

Para ipakita ang "mga koneksyon" ng isang malaking bangko, inilalahad ni Riesser ang sumusunod na mga bilang ng mga sulat na ipinadala at tinanggap ng *Disconto-Gesellschaft*, isa sa pinakamalalaking bangko sa Germany at sa daigdig, na may kapital sa halagang 300,000,000 *mark* noong 1914:

| Taon | tinanggap na sulat | ipinadalang sulat |
|---|---|---|
| 1852 | 6,135 | 6,292 |
| 1870 | 85,800 | 87,513 |
| 1900 | 533,102 | 626,043 |

Lumaki ang bilang ng mga *account* ng malaking bangko ng Paris, ang *Credit Lyonnais* Mula 28,535 noong 1875 tungo sa 633,539 noong 1912.[6]

5 Eugen Kaufmann, *Das französische Bankwesen* (Pagbabangkong Pranses), Tübingen, 1911, pp. 356 at 362.
6 Jean Lescure, *L'epargne en France* (Mga Impok sa France), Paris, 1914, p. 52.

Ipinapakita ng simpleng mga numerong ito nang mas mahusay pa marahil kaysa ng mahahabang paliwanag kung paano radikal na binabago ng konsentrasyon ng kapital at ng paglago ng *turnover* ng bangko ang kabuluhan ng mga bangko. Itinatransporma ang nakakalat na mga kapitalista sa iisang kolektibong kapitalista. Kapag hinahawakan nito ang *current accounts* ng ilang kapitalista, gumaganap ang bangko ng masasabi nating purong teknikal at operasyong pantulong lamang. Pero kapag lumawak ang mga operasyong ito sa pagkalaki-laking antas, nangyayari na ipinapailalim ng sandakot na monopolista sa kanilang kapasyahan ang lahat ng operasyon, kapwa komersyal at teknikal, ng buong kapitalistang lipunan. Sa pamamagitan ng kanilang mga koneksyon sa pagbabangko, *current accounts* at ibang mga operasyong pampinansya, nagagawa ng mga ito, una, na *tukuyin* ang *eksaktong* pusisyon ng iba't ibang kapitalista, at pagkatapos ay *kontrolin* ang mga ito, impluwensyahan ang mga ito sa pamamagitan ng paglilimita o pagpapalawak, pagpapadali o paghahadlang sa mga pautang, at sa huli, *lubusang itakda* ang kahihinatnan, itakda ang kita, pagkaitan ng kapital, o kaya'y pahintulutang palaguin ang kapital nang mabilis at napakalalaki, atbp.

Kababanggit lamang natin ang kapital na 300,000,000 *mark* ng *Disconto-Gesellschaft* ng Berlin. Ang paglaking ito ng kapital ng bangko ay isa sa mga insidente sa tunggalian para sa hegemonya ng dalawa sa pinakamalalaking bangko ng Berlin – ang *Deutsche Bank* at ang *Disconto*.

Noong 1870, bago pa lamang ang *Deutsche Bank* at 15,000,000 *mark* lamang ang kapital samantalang 30,000,000 *mark* iyong sa *Disconto*. Noong 1908, 200,000,000 ang kapital ng una samantalang 170,000,000 ang sa ikalawa. Noong 1914, pinalaki ng *Deutsche Bank* ang kapital nito sa 250,000,000 *mark* samantalang sa pamamagitan ng pagsanib sa isang primera-klaseng bangko, ang *Schaffhausenscher Bankverein*, pinalaki ng *Disconto* ang sariling kapital sa 300,000,000 *mark*. At mangyari pa, kasabay ng tunggalian ng dalawang bangko para sa hegemonya papadalas nang papadalas ang pagbubuo ng "mga kasunduan" na lalong nagiging

higit ang tibay sa pagitan ng dalawang bangko. Ang sumusunod ang mga kongklusyon na ipinupwersa ng pangyayaring ito sa mga espesyalista sa pagbabangko, na nagsusuri sa mga usaping pang-ekonomya mula sa paninindigang ni katiting ay hindi lumalampas sa hangganan ng pinakamoderato at pinakamaingat na repormismong burges.

Sa komentaryo nito sa paglaki ng kapital ng *Disconto-Gesellschaft* sa 300,000,000 *mark*, sinulat ng dyornal na German, ang *Die Bank*:

> "Susundan ng ibang mga bangko ang landas ring ito at darating ang panahong unti-unting magiging 50, 25 o mas kaunti pa ang 300 tao na nagpapatakbo ngayon sa ekonomya ng Germany. Hindi dapat asahang hanggang pagbabangko lamang ang bagong pagkilos na ito tungong konsentrasyon. Natural na patutungo ang malapit na ugnayang umiiral sa pagitan ng indibidwal na mga bangko sa pag-uugnay-ugnay ng mga *syndicate* sa industriya na pinapaburan ng mga ito.… Isang maaliwalas na umaga, gulat tayong magigising dahil wala tayong mamamalas kundi mga trust, at makakaharap natin mismo ang pangangailangang palitan ng mga monopolyo ng estado ang mga monopolyong pribado. Gayunman, wala tayong maisisisi sa ating sarili kundi iyong hinayaan natin ang natural na proseso ng mga bagay na bahagyang pinabilis ng manipulasyon ng mga sapi."[7]

Halimbawa ito ng pagkainutil ng dyornalismong burges na kaiba lamang sa syensyang burges dahil ang huli ay kulang sa katapatan at nagsusumikap na palabuin ang esensya ng mga bagay, na itago ang gubat sa likod ng mga puno. Ang "magulat" sa resulta ng konsentrasyon, ang "pagsisi" sa gubyerno ng kapitalistang Germany, o kapitalistang "lipunan" ("tayo mismo"), ang pangangambang baka "pabilisin" ng introduksyon ng mga sosyo at sapi ang konsentrasyon sa paraan ring pinangangambahan ni Tschierschky, ang German na "espesyalista sa kartel", ang mga trust ng US kaya "mas gusto" niya ang mga kartel ng Germany dahil maaaring hindi "sobrang pabilisin" ng mga ito, tulad ng mga trust, "ang progresong teknikal at pang-ekonomya"[8] – hindi ba ang lahat ng ito ay isang palatandaan ng pagkainutil?

7 A. Lansburgh, *Die Bank mid den 300 Millionen* (Ang Bangkong 300 Milyong Mark), nasa *Die Bank*, 1914, I, p. 426.
8 Tscherschky, *op. cit.,* p. 128.

Pero ang katotohanan ay mananatiling katotohanan. Walang mga trust sa Germany; may mga kartel "lamang" – pero *pinatatakbo* ang Germany ng hindi hihigit sa 300 hari ng kapital at tuluy-tuloy na lumiliit ang bilang na ito. Anu't anuman, pinapatindi at pinapabilis nang husto ng mga bangko ang proseso ng konsentrasyon ng kapital at ang pormasyon ng mga monopolyo sa lahat ng bayang kapitalista, sa kabila ng lahat ng pagkakaiba sa kanilang mga batas sa pagbabangko.

Mahigit kalahating siglo na ang nakararaan, isinulat ni Marx sa *Kapital*, na "taglay-taglay talaga" ng sistema ng pagbabangko "ang anyo ng unibersal na *bookkeeping* at distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon sa panlipunang saklaw, pero tanging ang anyo lamang."[9] Ang sinipi nating datos hinggil sa paglago ng kapital sa bangko, hinggil sa paglaki ng bilang ng mga sangay at upisina ng pinakamalalaking bangko, hinggil sa paglaki ng bilang ng kanilang mga *account*, atbp., ay naglalahad ng isang kongkretong larawan ng "unibersal na *bookkeeping*" na ito ng *buong* uring kapitalista; at hindi lamang ng mga kapitalista dahil kinokolekta ng mga bangko, kahit pansamantala lamang, ang lahat ng tipo ng kinitang salapi ng maliliit na negosyante, mga klerk sa upisina, at ng maliit na nakakataas na saray ng uring manggagawa.

Sa anyo, ibinubunsod ang "unibersal na distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon" ng pag-unlad ng modernong mga bangko, na bumibilang na tatlo hanggang anim ang pinakamalalaki sa Pransya, at anim hanggang walo sa Germany, at kumokontrol sa milyun-milyon. Pero sa sustansya, hinding-hindi "unibersal" kundi pribado ang distribusyon ng mga kagamitan sa produksyon, ibig sabihin, umaayon ito sa mga interes ng malaking kapital, at pangunahin, ng napakalaking monopolyong kapital na nagpapagana sa mga kondisyon kung saan namumuhay nang salat ang masa ng populasyon, kung saan walang kapag-a-pag-asang nahuhuli ang buong pag-unlad ng agrikultura sa pag-unlad ng industriya, at sa loob ng industriya mismo, nanghuhuthot ng tributo ang "mabibigat na industriya" mula sa lahat ng ibang sangay ng industriya.

9 Karl Marx, *Kapital* (Tatlong Tomo), bago at nirebisang edisyon, International Publishers, New York, 1967, Tomo III, p. 606. – *Ed.*

Nagsisimula na makipagkumpitensya ang mga bangkong impukan at ang koreo sa mga bangko sa usapin ng sosyalisasyon ng kapitalistang ekonomya; mas desentralisado ang mga ito, ibig sabihin, umaabot ang impluwensya ng mga ito sa mas malaking bilang ng lokalidad, sa mas malalayong lugar, sa mas malalawak na seksyon ng populasyon. Naririto ang datos na tinipon ng isang Komisyon ng Amerika hinggil sa komparatibong paglago ng mga deposito sa mga bangko at sa mga bangkong impukan:[10]

MGA DEPOSITO (bilyong *mark*)

| | England | | France | | Germany | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | mga bangko | mga impukang bangko | mga bangko | mga impukang bangko | mga bangko | samahan sa pautang | mga impukang bangko |
| 1880 | 8.4 | 1.6 | ? | 0.9 | 0.5 | 0.4 | 2.6 |
| 1888 | 12.4 | 2.0 | 1.5 | 2.1 | 1.1 | 0.4 | 4.5 |
| 1908 | 23.2 | 4.2 | 3.7 | 4.2 | 7.1 | 2.2 | 13.9 |

10 Tingnan ang *Statistics of the National Monetary Commission* (Istatistiks ng Pambansang Komisyon sa Pananalapi), na sinipi sa *Die Bank*, 1910, I, p. 1200.

Dahil nagbabayad ang mga ito ng interes sa tantos na 4 porsyento at 4 1/4 porsyento sa mga deposito, kailangang humanap ang mga impukang bangko ng "mapagtutubuang" pamumuhunanan ng kapital, dapat magnegosyo sila sa mga *bill*, sangla, atbp. "Napapawi nang napapawi" ang mga hangganan sa pagitan ng mga bangko at mga impukang bangko. Halimbawa, hinihingi ng Mga Kamara sa Komersyo ng Bochum at Erfurt na ipagbawal ang paglahok ng mga impukang bangko sa  negosyo ng "purong" pagbabangko tulad ng pagdidiskwento ng mga *bill*. Hinihingi ng mga ito ang limitasyon ng mga operasyong "pagbabangko" ng koreo.[11] Mukhang nangangamba ang mga hari ng bangko na nanakawan sila ng monopolyo ng estado mula sa hindi inaasahang direksyon. Pero hindi man sabihin, ang pangambang ito ay walang iba kundi isang ekspresyon ng ribalan ng dalawang manedyer ng magkaibang departamento ng iisang opisina; dahil sa isang banda, sa huling pagsusuri, kontrolado sa aktwal ng mga hari ng kapital na ito ng bangko mismo ang milyun-milyong

ipinagkatiwala sa mga impukang bangko; samantalang sa kabilang banda, ang monopolyo ng estado sa kapitalistang lipunan ay isang paraan lamang ng pagpapalaki at paggarantiya ng kita ng mga milyunaryong nasa bingit ng pagkabangkrap sa isa o iba pang sangay ng industriya.

11 *Die Bank*, 1913, I, 811, 1022; 1914, p. 743.

Bukod sa iba pa, nailalahad ang pagbabago mula sa lumang tipo ng kapitalismo, kung saan nangibabaw ang malayang kompetisyon, tungo sa bagong kapitalismo, kung saan naghahari ang monopolyo, sa bawas sa kahalagahan ng *Stock Exchange*. Ayon sa dyornal na German, ang *Die Bank*:

> "Matagal nang tumigil ang dating pagiging di maisasantabing midyum sa sirkulasyon ng *Stock Exchange* , noong hindi pa kaya ng mga bangko na ilagay ang karamihan ng bagong kita sa mga kliyente."[12]
>
> "Ang bawat bangko ay isang *Stock Exchange*, at kapag mas malaki ang bangko, at mas matagumpay ang konsentrasyon ng pagbabangko, mas nagiging totoo ang kasabihang ito."[13]

"Samantalang dati, noong dekada 1870, binuksan ng *Stock Exchange*, na punung-puno ng kasiglahan ng kabataan" (isang "pinong" pagtukoy sa pagbagsak ng *Stock Exchange* noong 1873, at ng mga iskandalo sa promosyon ng kumpanya), "ang panahon ng industriyalisasyon ng Germany, ngayon naman, 'solong nagagawa na ito' ng mga bangko at industriya. Ang dominasyon ng ating malalaking bangko sa *Stock Exchange*... ay walang iba kundi ang ekspresyon ng lubusan nang organisadong estadong industriyal ng Germany. Kung nalilimitahan sa gayon ang saklaw ng awtomatikong gumaganang mga batas sa ekonomya at kung nadaragdagan nang malaki ang saklaw na sadyang pinangangasiwaan ng mga bangko, nadaragdagan nang napakalaki ang pambansang responsibilidad sa ekonomya ng iilang gumagabay na mga pinuno,"[14] sabi ni Propesor Schulze-Gaevernitz, isang apolohista ng imperyalismong German, na itinuturing na awtoridad ng mga imperyalista ng lahat ng bayan; tinatangka niyang takpan ang 'detalye lamang' na ang 'sadyang regulasyon' ng mga bangko sa buhay pang-ekonomya ay ang pagnanakaw sa publiko ng sandakot na monopolyong "lubusang organisado". Hindi tungkulin ng burges na propesor na ibunyag ang buong mekanismo o ilantad ang lahat ng pandaraya ng mga monopolista sa bangko, kundi sa halip, ilarawan ang mga ito sa paborableng paraan.

Sa paraan ding iyon, isang mas may awtoridad pang ekonomista na bangkero mismo, si Riesser, ang tusong gumagamit ng walang kabuluhang mga parirala para mapagtakpan ang hindi maitatatwang mga katotohanan:

12 *Die Bank*, 1914, I, p. 316.
13 Oskar Stillich, *Geld und Bankwessen* (Salapi at Pagbabangko), Berlin, 1907, p. 169.
14 Schulze-Gaevernitz, *Die deutsche Kreditbank, Grundriss der Sozialökonomik* (Ang Bangko sa Pagpapautang sa Germany, sa *Balangkas ng Panlipunang Ekonomiks*), Tübingen, 1915, Schulze-Gaevernitz, *ibid.,* p. 151.

> "...Tuluy-tuloy na nawawala ng *Stock Exchange* ang katangian na lubos na esensyal para sa pambansang ekonomya sa kabuuan at para sa sirkulasyon ng mga sapi at bono sa partikular – iyong pagiging hindi lamang tiyak na panukat at halos awtomatikong tagaregyuleyt ng mga pagkilos sa ekonomyang na nagsasalu-salubong sa kanya."[15]

Sa ibang salita, lumilipas na ang lumang kapitalismo, ang kapitalismo ng malayang kompetisyon, at ang di maisasantabing tagaregyuleyt nito, ang *Stock Exchange*. May bagong kapitalismo na pumapalit dito, na nagtataglay ng lantad na mga katangian ng isang bagay na transitoryo, na haluan ng malayang kompetisyon at monopolyo. Mangyari pa'y lilitaw ang tanong na: sa ano "patutungo" ang bagong kapitalismong ito? Pero takot ang mga iskolar na burges na iharap ang tanong na ito.

> "Tatlumpong taon na ang nakakalipas, ginampanan ng mga negosyante na malayang nakikipagkompetisyon sa isa't isa ang 9/10 ng trabahong kaugnay ng mga negosyo nila liban sa paggawang manwal. Sa kasalukuyan 9/10 ng "paggawang mental" sa negosyo na ito ang ginagampanan ng mga *empleyado*. Nasa unahan ng ebolusyong ito ang pagbabangko."[16]

Minsan pang inihahatid tayo ng pag-amin na ito ni Schulze-Gaevernitz sa tanong: saan patungo ang bagong kapitalismo, kapitalismo sa yugtong imperyalista nito?

15 Riesser, *op. cit.,* ikaapat na edisyon, p. 629.
16 *Die Bank*, 1912, p. 435.

Sa hanay ng iilang bangkong nananatiling nangunguna sa buong kapitalistang ekonomya bunga ng proseso ng konsentrasyon, natural na may maobserbahang papatingkad na tendensya tungo sa mga kasunduang monopolista, tungo sa isang trust na bangko. Sa Amerika, hindi siyam kundi *dalawang* malalaking bangko, iyong sa mga multimilyunaryong sina Rockefeller at Morgan, ang may kontrol sa 11,000,000,000 *mark* na kapital.[17] Sumusunod ang komentaryo ng *Frankfurter Zeitung*, isa sa mga pahayagan ng mga interes sa *Stock Exchange*, sa pagkalamon ng *Disconto-Gesellschaft* sa *Schaffhausenscher Bankverein*, na tinukoy natin sa itaas:

> "Pinapakitid ng pagkilos sa konsentrasyon ng mga bangko ang sirkulo ng mga establisimyento na posibleng mapag-uutangan, at bunga nito, pinapalaki ang pagsandig ng malaking industriya sa maliit na bilang ng mga grupo sa pagbabangko. Dahil sa mahigpit na kuneksyon ng industriya at daigdig ng pinansya, nalilimitahan ang kalayaan sa pagkilos ng industriyal na mga kumpanya na nangangailangan ng kapital ng bangko. Dahil dito, hindi matiyak ng malaking industriya kung matutuwa o malulungkot sa namamalas nitong patinding transpormasyon ng mga bangko tungo sa pagiging trust. Paulit-ulit nga nating nakikita ang mga simula ng ilang kasunduan sa pagitan ng indibidwal na malalaking kumpanya sa pagbabangko na naglalayong limitahan ang kompetisyon."[18]

Muli't muli, ang huling salita sa pag-unlad ng mga bangko ay monopolyo.

Kaugnay ng mahigpit na kuneksyon sa pagitan ng mga bangko at industriya, sa mismong larangang ito marahil pinakamatingkad na nararamdaman ang bagong papel ng mga bangko. Kapag ang bangko ay nagdi*discount* ng *bill* para sa isang empresa, nagbubukas ng *current account* para dito, atbp., hindi binabawasan kahit kaunti ng hiwa-hiwalay na mga operasyong ito ang independensya ng empresang iyon, at walang ibang papel na ginagampanan ang bangko liban niyong sa simpleng tagapamagitan. Pero kapag dumami nang husto at naging karaniwan na

ang gayong mga operasyon, kapag "natitipon" ng bangko sa kanyang mga kamay ang napakalalaking halaga ng kapital, kapag ang pamamahala ng *current account* para sa isang takdang empresa ay nakapagbibigay sa bangko ng mas ganap at mas detalyadong impormasyon tungkol sa pang-ekonomyang pusisyon ng kliyente nito – at ganito nga ang nangyayari – ang resulta'y nagiging mas lubos na nakaasa sa bangko ang kapitalista sa industriya.

17 *Die Bank*, 1912, p. 435.
18 Sinipi ni Schulze-Gaevernitz, *ibid.,* p. 155.

Kasabay nito, masasabing naitatatag ang ugnayang personal sa pagitan ng mga bangko at ng pinakamalalaking empresang industriyal at komersyal, at ang pagsasanib ng isa sa isa pa sa pamamagitan ng akwisisyon ng mga sapi, ng paghirang ng mga direktor ng bangko sa mga Lupon sa Superbisyon (o Lupon ng mga Direktor) ng mga empresang industriyal at komersyal, at *kabaligtaran*. Nakapagtipon ng napakakompletong datos ang ekonomistang German na si Jeidels tungkol sa anyong ito ng konsentrasyon ng kapital at ng mga empresa. Ang anim sa pinakamalalaking bangko ng Berlin ay kinakatawan ng kanilang mga direktor sa 344 na mga kumpanyang pang-industriya; at ng mga kagawad ng mga lupon ng mga ito sa 407 na ibang kompanya, na 751 kumpanya sa kabuuan. Sa 289 sa mga kumpanyang ito, kung hindi man may dalawa silang kinatawan sa bawat Lupon sa Superbisyon, ay nanunungkulan sila bilang mga tagapangulo. Ang industriyal at komersyal na mga kumpanyang ito ay nasa pinakamagkakaibang sangay ng industriya: sa seguro, transportasyon, restawran, teatro, industriya ng sining, atbp. Sa kabilang banda, nasa mga Lupon sa Superbisyon ng anim na bangkong ito (noong 1910) ang 51 pinakamalalaking industriyalista, kabilang ang mga direktor ng Krupp, ng pinakamakapangyarihang "Hapag" (Hamburg-Amerika Line), atbp. Mula 1895 hanggang 1910, bawat isa sa anim na bangkong ito ang lumahok sa inilabas na mga sapi at bono ng ilang daang mga kumpanyang pang-industriya (na may bilang na 281 hanggang 419).[19]

Sinusuplementuhan ang "ugnayang personal" sa pagitan ng mga bangko at industriya ng "ugnayang personal" sa pagitan ng mga bangko at industriya sa isang banda at ng gubyerno sa kabila.

> Ayon kay Jeidels, "Maluwag na iniaalok ang mga pwesto sa mga Lupon sa Superbisyon sa mga taong may panunungkulan, gayundin sa mga dating nasa serbisyo sibil na maraming magagawa para padaliin [!!] ang ugnayan sa mga awtoridad"... "Karaniwang may kagawad ng parlamento o ng konsehong lunsod ng Berlin sa Lupon sa Superbisyon ng malaking bangko."[20]

Kung gayon patuloy na sumasagsag ang sinasabing pagtatayo at pag-unlad ng malalaking monopolyong kapitalista sa lahat ng paraang "natural" at "supernatural". Sistematikong pinapaunlad ang isang tipo ng hatian sa paggawa sa hanay ng ilang daang hari sa pinansya na naghahari sa modernong lipunang kapitalista.

> "Kasabay ng paglawak na ito ng saklaw ng aktibidad ng ilang malalaking industriyalista (na sumasapi sa mga lupon ng mga bangko, atbp.) at kasama ng pagtatalaga ng mga manedyer ng bangko sa probinsya sa depinidong mga rehiyong pang-industriya, may pagtaas sa espesyalisasyon ng mga manedyer ng malalaking bangko... Sa pangkalahatan, maaari lamang ang ganitong espesyalisasyon kapag malakihan ang

kondukta ng pagbabangko, at sa partikular, kapag malawakan ang koneksyon nito sa industriya. Nagaganap ang hatiang ito sa paggawa sa dalawang linya: sa isang banda, ipinagkakatiwala ang mga ugnayan sa industriya sa kabuuan sa iisang manedyer bilang kanyang espesyal na tungkulin; sa kabilang banda, pinangangasiwaan ng bawat menedyer ang superbisyon ng ilang magkakahiwalay na empresa, o ng mga empresang nasa iisang sangay ng industriya o may magkakatulad na interes (Umabot na ang kapitalismo sa yugto ng organisadong *superbisyon* ng indibidwal na mga empresa). May nag-iispesyalisa sa industriyang German; paminsan-minsan maski sa industriya ng Kanlurang Germany lamang (pinakaindustriyalisadong parte ng Germany ang Kanluran); ang iba nama'y nag-iispesyalisa sa mga relasyon sa dayuhang mga estado at dayuhang industriya, sa impormasyon tungkol sa personalidad ng mga industriyalista at iba pa, sa mga usapin ng *Stock Exchange*, atbp. Bukod pa, madalas na tinatakdaan ang bawat manedyer ng bangko ng isang espesyal na lokalidad o isang espesyal na sangay ng industriya, kung saan may awtoridad siya bilang kagawad ng Lupon ng mga Direktor; ang isa'y nagtatrabaho sa Lupon ng mga Direktor ng mga kumpanya sa koryente; ang isa naman sa mga planta ng kemikal, pagawaan ng serbesa o asukal mula sa *sugar beet*; ang ikatlo naman sa iilang nakahiwalay ng mga empresang pang-industriya pero kasabay nito'y nagtatrabaho rin sa mga Lupon sa Superbisyon ng kumpanya sa seguro... Sa maikling salita, walang duda na ang paglaki ng saklaw at pagkakaiba-iba ng mga operasyon ng malalaking bangko ay sinasabayan ng paglaganap ng hatian sa paggawa sa hanay ng mga direktor, na naglalayon (at nagbubunga) ng pag-aangat sa kanila mula sa purong pagbabangko, at paggawa sa kanila bilang mas mahuhusay na eksperto, mas mahuhusay na manunuri sa pangkalahatang mga problema ng industriya at sa espesyal na mga problema ng bawat sangay ng industriya, nang sa gayon, mas mahusay silang makakakilos sa loob ng saklaw ng impluwensya sa industriya ng bawat bangko. Sinusuplementuhan ang sistemang ito ng mga pagsisikap ng bangko na ihalal sa kanilang mga Lupon ng mga Direktor, o sa subsidyaryong mga bangko nila, ang mga taong eksperto sa mga usaping pang-industriya tulad ng mga industriyalista, dating mga upisyal, laluna iyong dating nasa perokaril o pagmimina, atbp."[21]

19 Jeidels, *op. cit.,* Reisser, *op. cit.—Ed.*
20 Jeidels, *op. cit.*, pp. 149, 152.—*Ed.*
21 Jeidels, *op. cit.*, pp. 156-57.

Matatagpuan natin ang sistemang ring iyon, nang may bahagyang pagkakaiba lamang, sa pagbabangkong Pranses. Halimbawa, isa sa tatlong pinakamalalaking bangkong Pranses, ang *Credit Lyonnais*, ang nakapag-organisa ng serbisyo sa pananaliksik sa pinansya (*service des etudes financieres*), na permanenteng nag-eempleyo ng mahigit 50 inhinyero, istatistisyan, ekonomista, abogado, atbp. Ang halaga nito'y 600,000 o 700,000 *francs* taun-taon. Nahahati naman ang serbisyo sa walong departamento – nag-iispesyalisa ang isa sa mga establisimyentong pang-industriya, ang isa nama'y sa pangkalahatang istatistiks, ang ikatlo sa mga kumpanya ng perokaril at bapor, ang ikapat sa *securities*, ang ikalima sa mga ulat pampinansya, atbp.[22]

Ang resulta, sa isang banda, ay ang laging lumalaking pagsasanib o, sa angkop na katawagan ni N. I. Bukharin, ang pagsasanib ng kapital sa bangko at industriya; at sa kabilang banda, ang pag-unlad ng mga bangko tungo sa mga instituyong may tunay na "*katangiang unibersal*". Sa usaping ito kailangang sipiin ang eksaktong mga salitang ginamit ni Jeidels na pinakamasusing nag-aral sa paksa:

"Inilalantad ng pagsusuri ng suma total ng mga ugnayang pang-industriya ang *katangiang unibersal* ng mga establisimyento sa pinansya na nagtatrabaho para sa industriya. Di tulad ng ibang mga klase ng mga bangko, at taliwas sa iginigiit na minsa'y inilalahad sa literatura na nagsasabing dapat mag-ispesyalisa ang mga bangko sa isang tipo ng negosyo o sa isang sangay ng industriya para pigilin ang pagkawala ng matibay na pundasyon – nagsusumikap ang malalaking bangko na maging sari-sari hanggang posible ang kanilang koneksyon sa mga empresang pang-industriya kaugnay ng lokalidad at sangay ng industriya, at nagsusumikap ang mga ito na pawiin ang di pagkakapantay sa distribusyon ng kapital sa mga lokalidad at sangay ng industriya bunga ng istorikong pag-unlad ng indibidwal na mga empresa."... "Ang isang tendensya ay gawing pangkalahatan ang mga koneksyon sa industriya; isa pang tendensya ang pagpapatibay at pagpapahigpit ng mga ugnay na ito. Sa anim na malalaking bangko, nagaganap ang dalawang tendensyang ito hindi nang lubos, kundi sa mataas na antas at sa pantay na tindi."[23]

Madalas-dalas na inirereklamo ng mga sirkulong industriyal at komersyal ang "terorismo" ng mga bangko. At hindi kataka-taka na naririnig ang ganoong mga reklamo, dahil "naghahari" ang malalaking bangko, tulad ng makikita sa sumusunod na halimbawa. Noong 19 Nobyembre 1901, isa sa malalaking bangkong "D" ng Berlin (ganoon ang tawag sa apat na pinakamalalaking bangkong nagsisimula sa letrang *D*[24] ang mga pangalan) ang sumulat sa Lupon ng mga Direktor ng *Syndicate* sa Simento sa Sentral na Hilagang-kanlurang Germany sa sumusunod na paraan:

22 Eugen Kaufmann, *Die Organisation der französischen Depositen-Grossbanken* (Organisasyon ng Malalaking Bangko sa Deposito ng France, nasa *Die Bank,* 1909, II, pp. 851 at kasunod.
23 Jeidels, *op. cit.*, p. 180.
24. *I.e.,* Deutsche Bank, Disconto-Gesellschaft, Dresdner Bank at Darmstädter Bank.—*Ed.*

"Tulad ng napag-alaman namin mula sa patalastas na inilathala ninyo sa isang pahayagan (*Reichsanzeiger*) nitong ika-18 ng kasalukuyang buwan, kailangang harapin namin ang posibilidad na sa susunod na pangkalahatang pulong ng inyong kumpanya, na nakatakda sa ika-30 ng buwang ito, maaaring pagpasyahan ng inyong *syndicate* ang mga hakbang na malamang na magbunsod ng mga pagbabago sa inyong gawain na hindi katanggap-tanggap sa amin. Labis naming ikinalulungkot na, sa mga dahilang ito, obligado kaming iurong mula ngayon ang pautang na ipinagkakaloob sa inyo hanggang ngayon... Pero kung hindi pagpapasyahan sa nabanggit na pangkalahatang pulong ang mga hakbang na hindi katanggap-tanggap sa amin, at kung makatatanggap kami ng angkopo na mga garantiya sa bagay na ito para sa hinaharap, handang-handa kaming magbukas ng negosasyon sa inyo para sa pagbibigay ng bagong pautang."[25]

Sa katunayan, ito ang dating reklamo ng maliit na kapital sa pang-aapi ng malaking kapital, pero sa kasong ito isang buong *syndicate* ang bumabagsak sa kategoryang "maliit" na kapital! Nagpapatuloy ang dating labanan ng malaki at maliit na kapital sa isang bago at sukdulang mas mataas na yugto ng pag-unlad. Makatwirang sabihing makakapagpabilis ng progresong teknikal, sa paraang hindi posibleng maihambing sa nakaraan, ang mga empresa ng malalaking bangkong nagkakahalaga ng milyun-milyon. Halimbawa, nagtatayo ang mga bangko ng espesyal na mga samahan sa teknikal na pananaliksik, at mangyari pa'y tanging ang "mapagkaibigang" mga empresang pang-industriya ang nakikinabang sa gawain ng mga ito.

Kabilang sa kategoryang ito ang Electric Railway Research Association (Asosasyon sa Pananaliksik ng Dekoryenteng Perokaril) at ang Central Bureau of Scientific and Technical Research (Sentral na Kawanihan ng Syentipiko at Teknikal na Pananaliksik), atbp.

25 Oskar Stillich, *Geld und Bankwesen* (Salapi at Bangko), Berlin, 1907, p. 147.

Hindi pwedeng hindi makita mismo ng mga direktor ng malalaking bangko na nalilikha ang bagong mga kondisyon sa pambansang ekonomya; pero wala silang magawa sa harap ng mga pangyayaring ito.

> "Sinumang nakamasid, sa nakaraang ilang taon," sulat ni Jeidels, "sa mga pagbabago sa mga humahawak ng direktura at mga pwesto sa mga Lupon sa Superbisyon ng malalaking bangko, ang hindi pwedeng hindi nakapansin na unti-unting lumilipat ang kapangyarihan sa kamay ng mga taong may pagtingin na kinakailangan at may papalaking kahalagahan ang aktibong interbensyon ng malalaking bangko sa pangkalahatang pag-unlad ng industriya. Sa pagitan ng bagong mga ginoong ito at ng dating mga direktor ng bangko, ang mga pagtatalo sa paksang ito ay kung mahihirapan ba o hindi ang mga bangko, bilang mga institusyon sa pautang, sa interbensyong ito sa industriya, kung isinasakripisyo ba ng mga ito ang subok nang mga prinsipyo at ang tiyak na tubo para lumahok sa isang larangan ng aktibidad na walang pagkapareho sa papel ng mga tagapamagitan sa pagpapautang, at nagdadala sa mga bangko sa larangang kung saan, higit kailanman sa nakaraan, nalalantad ang mga ito sa bulag na mga pwersa ng pagbabagu-bago ng kalakalan. Ito ang opinyon ng marami sa mas nakatatandang direktor ng bangko, samantalang itinuturing ng karamihan sa nakababata na kailangan ang aktibong interbensyon sa industriya na kasinlaki niyong nagbigay daan sa malalaking bangko at modernong pagbabangkong pang-industriya nang kasabay ng modernong malaking industriya. Sa iisang punto lamang nagkakasundo ang magkabilang panig: na wala pang matitibay na prinsipyo ni isang kongkretong layunin sa bagong mga aktibidad ng malalaking bangko."[26]

Tapos na ang masasayang araw ng lumang kapitalismo. Kinakatawan ng bagong kapitalismo ang isang transisyon tungo sa isang bagay. Mangyari pa, walang saysay na maghanap ng "matitibay na prinsipyo at kongkretong layunin" para "mapagkasundo" ang monopolyo sa malayang kompetisyon. Ibang-iba ang tunog ng pagtanggap ng mga taong praktikal sa upisyal na mga pagpapapuri sa mga alindog ng "organisadong" kapitalismo na inaawit ng mga apolohistang sina Schulze-Gaevernitz, Liefmann at katulad na "mga teoretisyan".

Sa anong eksaktong panahon naitatag sa wakas ang "bagong mga aktibidad" ng malalaking bangko? Medyo eksakto ang sagot na ibinibigay sa atin ni Jeidels sa mahalagang tanong na ito:

> "Halos hindi likas na pang-ekonomyang penomenon bago ng dekada 1890 ang mga koneksyon ng mga bangko at empresang pang-industriya, na may bagong nilalaman, bagong mga anyo at bagong mga organo, ibig sabihin, ang malalaking bangko na organisado kapwa sa batayang sentralisado at desentralisado; mangyari pa, sa isang pakahulugan, maaaring iabante ang inisyal na petsa nito sa taong 1897, nang naganap ang mahahalagang 'pagsasanib' at nang pasimulan ang bagong anyo ng desentralisadong organisasyon sa unang pagkakataon para bumagay sa patakaran sa industriya ng mga

bangko. Marahil, maaaring ilugar ang pinagsisimulang ito sa mas nahuhuli pang petsa dahil ang krisis ng 1900 ang labis na nagpabilis at nagpatindi sa proseso ng konsentrasyon ng industriya at pagbabangko, nagkonsolida sa prosesong iyon, nagtransporma sa unang pagkakataon ng koneksyon sa industriya tungo sa monopolyo ng malalaking bangko, at mas nagpahigpit at nagpaaktibo sa koneksyong ito."[27]

Kung gayon, ihinuhudyat ng pagsisimula ng ika-20 siglo ang punto ng pagpihit mula lumang kapitalismo tungo sa bago, mula sa dominasyon ng kapital sa pangkalahatan tungo sa dominasyon ng kapital sa pinansya.

26 Jeidels, *op. cit.*, pp. 183-84.
27 *Ibid.*, p. 181.

## KABANATA 3

## KAPITAL SA PINANSYA AT OLIGARKIYA SA PINANSYA

Ayon kay Hilferding, "Hindi na pag-aari ng mga industriyalistang gumagamit nito ang patuloy na lumalaking proporsyon ng kapital sa industriya. Nagagamit nila ito sa pamamagitan lamang ng mga bangko na kung sila ang pag-uusapan, ay kumakatawan sa mga nagmamay-ari ng kapital. Sa kabilang banda, pwersado ang bangko na ilaan ang lumalaking bahagi ng mga pondo nito sa industriya. Samakatwid, natatransporma ang bangko tungo sa kapitalista sa industriya sa papalaking antas. Ang kapital na ito ng bangko, ibig sabihin, ang kapital sa anyong salapi, na aktwal na natatransporma sa gayon tungo sa kapital sa industriya, ay tatagurian kong 'kapital sa pinansya'." "Ang kapital sa pinansya ay kapital na kontrolado ng mga bangko at ginagamit ng mga industriyalista."[1]

Hindi kumpleto ang depinisyong ito hanggang sa antas na wala itong sinasabi tungkol sa isang napakahalagang bagay: ang pagtindi ng konsentrasyon ng produksyon at ng kapital sa antas na ang konsentrasyon ay nagbubunsod, at nagbunsod na, ng monopolyo. Pero sa buong akda niya at partikular sa dalawang kabanatang nauuna sa pinagkunan ng depinisyong ito, idinidiin ni Hilferding ang papel na ginagampanan ng *mga kapitalistang monopolyo*.

1 R. Hilferding, *Das Finanzkapital* (Ang Kapital sa Pinansya), 1912, p. 283.

Ang konsentrasyon ng produksyon, ang monopolyong sumisibol mula dito, ang pagsasanib o pag-iisa ng mga bangko sa industriya – ganito ang kasaysayan ng paglitaw ng kapital sa pinansya at ganito ang nilalaman ng konseptong "kapital sa pinansya".

Kailangang ilarawan natin ngayon kung paano, sa ilalim ng pangkalahatang mga kondisyon ng produksyon ng kalakal at pribadong pag-aari, di maiiwasang tumungo sa dominasyon ng oligarkiya sa pinansya ang "mga operasyon sa negosyo" ng mga monopolyong kapitalista. Dapat tandaan na mga apolohistang lahat ng imperyalismo at ng kapital sa pinansya ang mga burges na iskolar na German – at hindi German lamang – tulad nina Riesser, Schulze-Gaevernitz, Liefmann at iba pa. Sa halip na ibunyag ang "mekaniks" ng pormasyon ng isang oligarkiya, ang mga paraan nito, ang laki ng "malinis at maruming" kita nito, ang mga koneksyon nito sa parlamento, atbp., atbp., pinapalabo o ikinukubli nila ang

mga ito. Iniiwasan nila ang "nakayayamot na mga tanong" na ito sa pamamagitan ng ilang hambog at malalabong parirala; nananawagan sila sa "diwa ng responsibilidad" ng mga direktor ng bangko sa pamamagitan ng pagpuri sa "pagpapahalaga sa tungkulin" ng mga upisyal na Prussian, pagbibigay ng masusing pagsusuri sa maliliit na detalye ng lubos na katawa-tawang mga panukalang batas ng parlamento para sa "superbisyon" at "regulasyon" ng mga monopolyo at sa paglalaro sa mga teorya, tulad halimbawa ng sumusunod na "matalinong" depinisyon na narating ni Propesor Liefmann: "*Ang komersyo ay isang okupasyon na naglalayong magkolekta, mag-imbak at magsuplay ng mga produkto*." (Kay Propesor ang pagdidiin.) Mula dito, mangangahulugan na umiral ang komersyo sa panahon ng primitibong tao na walang alam tungkol sa palitan, at iiral ito sa sosyalismo!

Pero napakatingkad ng pagkalaki-laking mga katotohanan tungkol sa pagkasama-samang paghahari ng oligarkiya sa pinansya kung kaya lumitaw sa lahat ng bayang kapitalista, sa Amerika, France at Germany, ang isang buong literatura na isinulat nga mula sa punto de bistang burges pero nagbibigay naman ng medyo makatotohanang larawan at kritisismo ng oligarkiyang ito – mangyari pa'y petiburges.

Napakahalaga ng "*holding system*" na tinalakay na nang maikli sa itaas. Ganito ang paglalarawan ni Heymann, ang ekonomistang German na malamang na pinakaunang tumawag ng pansin sa usaping ito:

> "Kinokontrol ng pinuno ng kumbinasyon ang pangunahing kumpanya*; dinodomina ng huli ang subsidyaryong mga kumpanya na kumokontrol naman sa iba pang mga subsidyaryo, atbp.). Sa paraang ito, posibleng magdomina sa malawak na mga larangan ng produksyon nang may relatibong maliit na kapital. Sa katunayan, kung makasasapat nang lagi na makontrol ng 50 porsyento ng kapital para kontrolin ang isang kumpanya, kailangan ng pinuno ng kumbinasyon ng isang milyon lamang para kontrolin ang walong milyon sa pumapangalawang mga subsidyaryo. At kung pasasaklawin ang "*interlocking*" na ito, posibleng kontrolin ang labing-anim na milyon, tatlumpu't dalawang milyon o higit pa sa pamamagitan ng isang milyon."[2]

* sa literal na salin: ang "inang kumpanya"

2 Heymann, *Die gemischten Werke im deutschen Grosseisengewerbe*, Stuttgart, 1904, pp. 268-69.

Sa katunayan, ipinapakita ng karanasan na sumasapat ang pag-aari ng 40 porsyento ng mga sapi ng kumpanya para pamatnugutan ang pagtakbo[3] nito dahil may tukoy na bilang ng maliliit, hiwa-hiwalay na nagmamay-ari ng sapi na nahihirapan, sa praktika, na dumalo sa pangkalahatang mga pulong, atbp. Isa sa mga paraan ng pagpapalawak ng kapangyarihan ng oligarkiya sa pinansya sa katunayan ay ang "demokratisasyon" ng pagmamay-ari ng mga sapi, na inaasahan ng burges na mga sopista at oportunistang "diumano'y" Sosyal-Demokrata (o anila'y inaasahan nila) na magbubunsod ng "demokratisasyon ng kapital", pagpapatatag ng papel at kabuluhan ng maliitang produksyon, atbp. Maaaring banggitin dito na sa mas abante, o sa mas nauna at mas "may karanasang" mga bayang kapitalista, ito ang dahilan kung bakit pinahihintulutan ng batas ang paglalabas ng mga saping may napakaliliit na halaga. Sa Germany, hindi pinapahintulutan ng batas ang paglalabas ng mga sapi na kulang sa sanlibong *mark* ang halaga, at kinakainggitan ng mga hari sa pinansya ng Germany ang Britain, na nagpapahintulot sa paglalabas ng saping tig-isang *pound* (=20 *mark*, o mga 10 *ruble*). Isa sa pinakamalalaking industriyalista at "mga hari sa pinansya" sa Germany, si Siemens, ang nagsabi sa Reichstag noong Hunyo 7, 1900 na "ang saping tig-isang *pound* ang batayan ng imperyalismong British."[4] Mas malalim at mas "Marxista" ang pag-unawa sa imperyalismo ng

negosyanteng ito kaysa doon sa isang manunulat na walang dangal, na itinuturing na isa sa mga tagapagtatag ng Marxismong Ruso, at naniniwalang ang imperyalismo ay isang masamang gawi ng isang takdang bansa...

3 R. Leifmann, *Beteiligungsgesellschaften*, p. 258.
4 Schulze-Gaevernitz sa "*Grundriss der Sozialökonomik*, V, 2, p. 110.

Pero nagsisilbi ang "*holding system*" hindi lamang para palakihin nang husto ang kapangyarihan ng mga monopolista; pinahihintulutan rin sila nito na gamitin nang buong laya ang lahat ng klase ng kaduda-duda at maruruming pakana para dayain ang publiko, dahil walang pananagutan sa batas nang pormal ang mga direktor ng "inang kumpanya" sa subsidyaryong mga kumpanya, na dapat ay "independyente", at *sa pamamagitan* nito, maipapalusot nila ang *anuman*. Narito ang isang halimbawang mula sa dyornal na German, *Die Bank*, para sa Mayo 1914:

"Ilang taon na ang nakakaraan, itinuturing na isa ang *Spring Steel Company of Kassel* sa pinakamapagtutubuang mga empresa ng Germany. Dahil sa masamang pamamalakad, bumagsak ang mga dibidendo nito mula 15 porsyento tungo sa wala sa loob ng iilang taon. Lumilitaw na ipinautang ng Lupon, nang walang konsultasyon sa mga maysapi, ang anim na milyong *mark* sa isang subsidyaryong kumpanya, ang *Hassia Company*, na may nominal na kapital na mga ilang daang-libong *mark* lamang. Hindi kailanman binanggit sa *balance sheet* ng "inang kumpanya" ang ganitong komitment na nagkakahalaga ng halos triple ng kapital nito. Ligal ang ganitong hindi pagbanggit at pwedeng panatilihing lihim sa loob ng dalawang buong taon dahil hindi naman nito nilabag ang anumang probisyon ng batas ng kompanya. Dating presidente at presidente pa din ngayon ng Kamara sa Komersyo ng Kassel ang tagapangulo ng Lupon sa Superbisyon na lumagda sa huwad na mga *balance-sheet* bilang siyang responsableng pinuno. Nabalitaan lamang ng mga maysapi ang tungkol sa pautang sa *Hassia Company*, pagkatapos ng mahabang panahon nang napatunayang mali ito" (dapat nilagyan ng may-akda ng kudlit ang salitang ito), "at nang bumaba nang halos 100 porsyento ang mga sapi ng *Spring Steel* dahil ibinebenta ang mga ito niyong mga nakakaalam.…

"Ipinapaliwanag ng *tipikal na halimbawang ito ng salamangka sa balance-sheet, na napakakomun sa mga kumpanyang joint-stock*, kung bakit ang mga Lupon ng mga Direktor ng mga ito ay maluwag sa loob na makipagsapalaran sa mapanganib na mga transaksyon kaysa indibidwal na mga negosyante. Sa modernong mga paraan ng paggawa ng balance sheet, hindi lamang posibleng itago ang kaduda-dudang mga transaksyon sa karaniwang maysapi, kundi nakakayanan niyong pinakamalalaki ang responsibilidad na umiwas sa pananagutan ng bigong ispekulasyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanilang mga sapi bago maging huli ang lahat, samantalang itinataya ng indibidwal na negosyante ang sarili sa lahat na kanyang ginagawa.

"Ipinapaalala sa atin ng *balance-sheet* ng maraming kumpanyang *joint-stock* ang mga *palimpsest* ng Panahong Midyebal na binubura muna ang lantad na nakasulat para makita sa ilalim nito ang ibang nakasulat na nagbibigay ng tunay na kahulugan ng dokumento." (Ang mga *palimpsest* ay mga dokumento sa balat ng tupa na binura ang orihinal na sulat at pinatungan ng iba.)

"Ang pinakasimple, at kung gayon, ang pinakakaraniwang pamamaraan para hindi maintindihan ang mga *balance-sheet*, ay ang paghahati ng isang negosyo sa ilang parte sa pamamagitan ng pagtatayo ng 'mga anak na kumpanya' – o paglamon sa mga ito.

Napakalinaw ng mga bentahe ng sistemang ito para sa iba't ibang layunin – ligal man o iligal – kaya bihirang-bihira ngayong makakita ng malalaking kumpanyang hindi aktwal na gumagamit nito."[5]

Bilang halimbawa ng isang napakalaking kumpanyang monopolista na malawakang gumagamit ng sistemang ito, sinisipi ng may-akda ang bantog na General Electric Company (*Allgemeine Elektrizitats Gesellschaft – A.E.G.* na babanggitin muli sa ibaba). Noong 1912, tinatantyang may sapi ang kumpanyang ito sa 175 hanggang 200 ibang kumpanya, pinaghaharian ang mga ito syempre, at sa gayon, kontrolado nito ang kabuuang kapital na mga 1,500,000,000 *mark*![6]

5 Ludwig Eschwege, *Tochtergesellschaften* (Mga Kumpanyang Subsidyaryo), sa *Die Bank*, 1914, I, pp. 544-46.
6 Kurt Heinig, *Der Weg des Elektrotrusts* (Ang Landas ng Trust sa Elektrisidad), sa *Die Neue Zeit*, 1911-1912, Tomo II, p. 484.

Walang saysay ang lahat ng tuntunin sa pagkontrol, ang paglalathala ng mga *balance-sheet*, ang paggawa ng mga *balance-sheet* sa isang depinidongpanahon, ang pampublikong pag-aawdit ng mga *account*, atbp., mga bagay na tinatalakay sa publiko ng mga propesor at upisyal na may mabuting intensyon – ibig sabihin, iyong puno ng mabubuting intensyong ipagtanggol at gayakan ang kapitalismo. Ito'y dahil sagrado ang pribadong pag-aari, at walang sinumang pwedeng pagbawalang bumili, magbenta, magpalit o magsangla ng mga sapi, atbp.

Maaaring tantyahin ang lawak ng pag-unlad ng "*holding system*" na ito sa malalaking bangkong Ruso batay sa datos na ibinigay ni E. Agahd, na upisyal ng *Russo-Chinese Bank* sa loob ng labinlimang taon at naglathala noong Mayo 1914 ng isang librong hindi angkop ang pamagat na *Big Banks and the World Market (Ang Malalaking Bangko at ang Pamilihan ng Daigdig).*[7] Hinahati ng may-akda ang malalaking bangkong Ruso sa dalawang pangunahing grupo: a) ang mga bangkong nakapaloob sa "*holding system*", b) mga bangkong "independyente" – pero arbitraryong pinakahulugang ang "pagiging independyente" sa pagiging independyente sa *dayuhang* mga bangko. Hinahati pa ng may-akda ang unang grupo sa tatlo: 1) mga pag-aari ng German, 2) mga pag-aari ng British, at 3) mga pag-aari ng Pranses, na ang nasa isip ay ang "pag-aari" at dominasyon ng malalaking bangkong dayuhan ng partikular na bayang binanggit. Hinahati ng may-akda ang kapital ng mga bangko sa kapital na "produktibong" ipinuhunan (sa mga gawaing industriyal at komersyal), at kapital na "ispekulatibong" ipinuhunan (sa *Stock Exchange* at mga operasyong pampinansya), kung ipagpapalagay, mula sa kanyang petiburges na repormistang punto de bista, na posible sa kapitalismo na ibukod ang unang anyo ng pamumuhunan sa ikalawa at pawiin ang ikalawa.

7 E Agahd, *Grossbanken und Weltmarkt. Die wirtschaftliche und politische Bedeutung der Grossbanken im Weltmark under Berücksichtung ihres Einflusses auf Russlands Volkswirtschaft und die deutsch-russischen Beziehungen*, ("Ang Malalaking Bangko at ang Pandaigdigang Pamilihan. Ang kabuluhan sa ekonomya at pulitika ng malalaking bangko sa pandaigdigang pamilihan, nang may pagtutuon sa impluwensya ng mga ito sa pambansang ekonomya ng Rusya at ugnayang German-Russian." Berlin, 1914, pp. 11-17.)

Naririto ang datos na ibinibigay niya:

MGA *ASSET* NG BANGKO

(Ayon sa Mga Ulat para sa Oktubre-Nobyembre 1913)
milyong *ruble*

| MGA GRUPO NG BANGKONG RUSO | PINUHUNANG KAPITAL | | |
|---|---|---|---|
| | produktibo | ispekulatibo | kabuuan |
| A. 1) Apat na bangko: Siberian Commercial, Russian, International, Discount Bank | 413.7 | 859.1 | 1,272.8 |
| 2) Dalawang Bangko: Commercial and Industrial at Russo-British | 239.3 | 169.1 | 408.4 |
| 3) Limang bangko: Russo-Asiatic, St. Petersburg Private, Azov-Don, Union Moscow, Russo-French Commercial | 711.8 | 661.2 | 1,373.0 |
| (11 bangko) Kabuuan | 1,364.8 | 1,689.4 | 3,054.2 |
| B. Walong bangko: Moscow Merchants, Volga-Kama, Junker and Co., St. Petersburg (dating Wawelberg), Bank of Moscow (dating Ryabushinsky), Moscow Discount, Moscow Commercial, Moscow Private | 504.2 | 391.1 | 895.3 |
| (19 bangko) Kabuuan | 1,869.0 | 2,080.5 | 3,949.5 |

Ayon sa datos na ito, mula sa mga apat na bilyong *ruble* na bumubuo ng "gumaganang" kapital ng malalaking bangko, *mahigit tatlong sangkapat* (3/4) o mahigit 3,000,000,000 ang sa katunaya'y pag-aari ng mga bangko na "mga anak na kumpanya" ng dayuhang mga bangko, at pangunahin ng mga bangko ng Paris (ang bantog na trio: Union Parisienne, Paris et Pays-Bas, at Societe Generale), at ng mga bangko ng Berlin (partikular ang Deutsche Bank at Disconto-Gesellschaft). Pinalaki ng dalawa sa pinakamalalaking bangkong Ruso, ang Russian Bank for Foreign Trade at ang St. Petersburg International Commercial Bank, ang kanilang kapital noong 1906-1912 mula 44,000,000 hanggang 98,000,000 *ruble* at ang kanilang reserba mula 15,000,000 hanggang 39,000,000 "nang 3/4 ang ginagamit na kapital na German". Pag-aari ng "kumbinasyon" ng Deutsche Bank ng Berlin ang una at ng Disconto-Gesellschaft ang ikalawa. Galit na galit ang kagalang-galang na si Agahd sa katotohanang mayorya ng mga sapi ang hawak ng mga bangko ng Berlin, at walang magawa sa gayon ang mga maysaping Ruso. Natural na nakukuha ng bayang nag-eeksport na kapital ang pinakatubo: halimbawa, bago ibinubukas ng Deutsche Bank ng Berlin ang mga sapi ng Siberian Commercial Bank sa pamilihan ng Berlin, itinago nito ang mga sapi sa sariling portpolyo sa loob ng isang buong taon, at ibinenta pagkatapos sa tantos na 193 para sa 100, ibig sabihin, halos doble ng nominal na halaga ng mga ito, para "kumita" ng tubo na halos 6,000,000 *ruble*, na tinatawag ni Hilferding na "tubo ng *promoter*".

Sa tantya ng sinipi nating may-akda, 8,235,000,000 *ruble*, o lampas-lampas sa 8,000,000,000 ang kabuuang "kapasidad" ng pangunahing mga bangko ng St. Petersburg, at ang "*holdings*" o kaya, ang antas ng dominasyon ng dayuhang mga bangko sa mga ito, gaya ng sumusunod: mga bangkong Pranses, 55 porsyento; British, 10 porsyento; German, 35 porsyento. Sa kalkulasyon ng may-akda, mula sa kabuuang 8,235,000,000 *ruble* na gumaganang kapital, 3,687,000,000 *ruble*, o higit sa 40 porsyento ang bahagi ng sapi ng mga *syndicate* ng Produgol at Prodamet[8] – at ng mga *syndicate* sa industriya ng langis, metalurhiya at simento. Samakatwid, malalaki na din ang isinulong sa Rusya ng pagsasanib ng kapital sa bangko at industriya dahil sa pagkakabuo ng mga kapitalistang monopolyo.

8 Dinaglat na mga ngalan ng mga sindikato, "Samahang Ruso para sa Kalakalan sa mga Panggatong na Mineral sa Lunas ng Donetz," at "Samahan para sa Pagbebenta ng mga Produkto ng Pagawaang Metalurhikal ng Rusya," na inorganisa noong 1906 at 1901.—*Ed.*

Ang kapital sa pinansya, na konsentrado sa iilang kamay at may epektibong monopolyo, ay nanghuhuthot ng napakalalaki at papalaki pang tubo mula sa *floating* ng mga kumpanya, paglalabas ng *stocks*, mga pautang sa estado, atbp.; pinahihigpit nito ang dominasyon ng oligarkiya sa pinansya, at nagpapataw ito ng tributo sa buong lipunan para sa kapakinabangan ng mga monopolista. Narito ang isang halimbawa, mula sa napakaraming iba pa, ng mga paraan sa "pagnenegosyo" ng mga trust ng US na sinipi ni Hilferding. Noong 1887, itinatag ni Havemeyer ang *Sugar Trust* sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng 15 maliit na empresang may kabuuang kapital na $6,500,000. "Nadiligan" sa wastong paraan, tulad ng kasabihan ng mga Amerikano, idineklarang 50 milyong dolyar ang kapital ng trust. Ang "sobrang kapitalisasyon" ay antisipasyon sa monopolyong tubo, katulad ng antisipasyon ng United States Steel Corporation sa tubo sa pamamagitan ng pagbili ng lahat ng posibleng minahan ng bakal. Sa katunayan, itinakda ng Sugar Trust ang mga presyong monopolyo na nakapagbigay sa kanya ng ganoong tubo kung kaya nakaya nitong magbayad ng 10 porsyentong dibidendo sa kapital na "dinilig" nang makapitong ulit, *o mga 70 porsyento ng kapital na aktwal na pinuhunan sa panahon na itinatag ang trust*! Noong 1909 ang kapital ng Sugar Trust ay nagkakahalagang 90 milyon dolyar. Sa loob ng 22 taon, pinalaki nito ng 10 ulit ang kanyang kapital.

Sa Pransya, bahagya lamang naiba ang anyo ng dominasyon ng "oligarkiya sa pinansya" (Against the Financial Oligarchy in France [*Laban Sa Oligarkiya sa Pinansya Sa Pransya*], ang pamagat ng sikat na aklat ni Lysis na inilathala ang ikalimang edisyon noong 1908). Hindi relatibo kundi "absolutong monopolyo" ang tinamasa ng apat sa pinakamakapangyarihang bangko sa paglalabas ng mga bono. Sa katunayan, ito ay "trust ng malalaking bangko." At tinitiyak ng monopolyo ang monopolyong tubo mula sa paglalabas ng bono. Karaniwang hindi humihigit sa 90 porsyento ng kabuuang inuutang ang tinatanggap ng nangungutang na bayan, at napupunta ang nalalabing 10 porsyento sa mga bangko at iba pang namamagitan. Walong porsyento ang tinubo ng mga bangko mula sa pautang sa Rusya-Tsina na 400 milyong *francs*; sampung porsyento ang tinubo mula sa pautang sa Rusya (1904) na 800 milyong *francs*; at 18.75 porsyento mula sa pautang sa Morocco (1904) na 62,500,000 *francs*. Nagsimula ang pag-unlad ng kapitalismo sa maliit na kapital sa usura; nagwawakas ito sa gahiganteng kapital sa usura. "Ang mga Pranses," ani Lysis, "ang usurero ng Europa." Malalim na binabago ng transpormasyong ito ng kapital ang lahat ng kondisyon ng buhay pang-ekonomya. Kung di nagbabago ang populasyon at walang pag-unlad ang industriya, komersyo at pagbabarko, yayaman ang "bayan" sa pamamagitan ng usura. "Kayang kontrolin ng 50 taong kumakatawan sa kapital na 8,000,000 *francs* ang 2,000,000,000 *francs* na

nakadeposito sa apat na bangko." Pamilyar na tayo sa "*holding system*" na tumutungo sa ganoon ding resulta. Halimbawa, naglalabas ang isa sa pinakamalalaking bangko, ang Societe Generale, ng 64,000 bono para sa "anak na kumpanya" nito, ang *Egyptian Sugar Refineries*. Inilalabas ang mga bono sa 150 porsyento, ibig sabihin, kumikita ang bangko ng 50 *centimes* sa isang *franc*. Pagkatapos, nalamang gawa-gawa lamang ang mga dibidendo ng bagong kumpanya. Nawalan ang "publiko" ng 90 hanggang 100 *franc*. Isa sa mga direktor ng *Societe Generale* ay myembro ng lupon ng mga direktor ng *Sugar Refineries*. Hindi kataka-takang naitulak ang awtor sa kongklusyong "isang monarkiya sa pinansya ang Republikang Pranses"; "ito ang ganap na dominasyon ng oligarkiya sa pinansya; kontrolado ng huli ang pamahayagan at ang gubyerno."[9]

Sa pag-unlad at konsolidasyon ng oligarkiya sa pinansya, napakalaki ng papel ng ekstraordinaryong mataas na tantos sa tubo na nakukuha sa paglalabas ng mga bono na isa sa prinsipal na tungkulin ng kapital sa pinansya.

> "Sa loob ng bayan, walang kahit isang negosyong ganito ang tipo na nakapagbibigay ng tubo na halos kapantay niyong nakukuha sa *flotation* ng mga dayuhang pautang,"[10] ayon sa *Die Bank*.
>
> "Walang operasyong pambangko ang nakapagbibigay ng tubo na maihahambing sa matatamo sa paglalabas ng *securities*!"[11]

Ayon sa *German Economist*, ang karaniwang taunang tubo sa paglalabas ng mga pang-industriyang sapi ay ang sumusunod:

| | PORSYENTO | | PORSYENTO |
|---|---|---|---|
| 1895 | 38.6 | 1898 | 67.7 |
| 1896 | 36.1 | 1899 | 66.9 |
| 1897 | 66.7 | 1900 | 55.2 |

> "Sa 10 taon mula 1891-1900, *mahigit 1,000,000,000 mark* ng tubo ang 'kinita' sa paglalabas ng pang-industriyang sapi ng Germany."[12]

Sa panahon ng kasagsagan ng industriya, napakalaki ang tubo ng kapital sa pinansya; sa mga panahon naman ng depresyon, napapawi ang maliliit at di malulusog na negosyo, at nagtatamo ng "*holdings*" ang malalaking bangko sa mga ito sa pamamagitan ng pagbili sa mga ito sa napakamurang halaga o kaya'y lumalahok sa malaki-ang-tubo na mga pakana para sa kanilang "rekonstruksyon" at "reorganisasyon". Sa "rekonstruksyon" ng mga aktibidad na palugi ang takbo,

> "pinapababa ang halaga ng saping kapital, ibig sabihin, nagbibigay ng tubo sa mas maliit na batayan. O kung wala talagang kita, nagpapasok ng bagong kapital na magbibigay ng sapat na tubo kakumbina ng luma at di gaanong tumutubong kapital."
>
> "Gayundin," dagdag ni Hilferding, "may dalawang kabuluhan ang lahat ng reorganisasyon at rekonstruksyong ito para sa mga bangko: una, bilang mapagtutubuang mga transaksyon; at ikalawa, bilang mga oportunidad para makuha ang kontrol sa mga kumpanyang nasa kagipitan."[13]

9 Lysis, *Contre l'oligarchie financiére en France* (Laban sa Oligarkiya sa Pinansya sa France), ikalimang edisyon, Paris, 1908, pp. 11, 12, 26, 39, 40, 47-48.
10 *Die Bank*, 1913, II, p. 630.
11 Stillich, *op. cit.,* p. 143.—*Ed.*
12 Stillich, *ibid.;* gayundin, Werner Sombart, *Die deutsche Vokswirtschaft im 19. Jahrhundert* (Ang Pambansang Ekonomya ng Germany sa Ikalabinsyam na Siglo), ikalawang edisyon, Berlin, 1909, p. 526, Apendiks.
13 Hilferding, *op. cit.,* pp. 142-43.

Narito ang isang halimbawa. Itinatag noong 1872 ang *Union Mining Company of Dortmund.* Naglabas ng saping kapital sa halagang halos 40 milyong *marks* at tumaas sa 170 *marks* ang presyo sa pamilihan matapos itong magbigay ng 12 porsyentong dibidendo sa unang taon. Kinuha ng kapital sa pinansya ang krema ng tubo at kumita ito ng kakarampot na mga 28,000,000 *marks*. Ang prinsipal na isponsor ng kumpanyang ito ang napakalaking *Disconto-Gesellschaft* ng Germany na napakamatagumpay na nagtamo ng kapital na 300,000,000 *marks*. Kalaunan, bumaba sa wala ang dibidendo ng *Union*: napilitang pumayag ang mga maysapi na "pababain ang halaga" ng kapital, ibig sabihin, hayaang mawala ang bahagi para hindi mawala ang lahat. Sa isang serye ng "mga rekonstruksyon", mahigit 73,000,000 *marks* ang binura sa mga libro ng *Union* sa loob ng 30 taon.

> "Sa kasalukuyan, 5 porsyento lamang ng nominal na halaga ng kanilang sapi ang pag-aari ng orihinal na mga maysapi ng kumpanya."[14]

Pero "may tinubo" ang bangko mula sa bawat "rekonstruksyon".

Partikular na napakakapaki-pakinabang na operasyon para sa kapital sa pinansya ang ispekulasyon sa lupa na nasa karatig ng mabilis na umuunlad na kabayanan. Dito, sumasanib ang monopolyo sa mga bangko sa monopolyo sa upa sa lupa at sa monopolyo sa mga kagamitan sa komunikasyon, dahil ang pagtaas sa presyo ng lupa at ang posibilidad na maibenta ito nang parti-parte nang mataas ang tubo, atbp., ay pangunahing nakasalalay sa mahusay na kagamitan sa komunikasyon sa sentro ng kabayanan; at hawak ng malalaking kumpanya ang mga kagamitang ito sa komunikasyon, ng mga kumpanyang konektado sa mga bangko mismong ito sa pamamagitan ng *holding system* at ng distribusyon ng mga pusisyon sa mga lupon ng mga direktor. Bunga nito, naririyan ang tinatawag na "kumunoy" ni L. Eschwege, ang manunulat na German at kontribyutor ng *Die Bank* na gumawa ng espesyal na pag-aaral sa negosyo sa *real estate* at pagpeprenda, atbp. Tarantang ispekulasyon sa mga loteng panggusali sa mga karatig na pook; pagbagsak ng mga empresa sa konstruksyon tulad ng empresang Boswau at Knauer sa Berlin na nakapagtamo ng 100,000,000 *marks* sa tulong ng "malusog at matatag" na *Deutsche Bank* – mangyari pa, lihim at patagong kumilos itong huli sa pamamagitan ng *holding system* – at nakalusot dito sa pamamagitan ng pagkalugi ng 12,000,000 *marks* "lamang", pagkatapos ang pagkawasak ng maliliit na propetaryo at ng mga manggagawang walang nakukuha sa gawa-gawang mga empresa sa konstruksyon, tiwaling mga kasunduan sa "matatapat" na pulis at administrasyon ng Berlin para sa layuning makontrol ang pagbibigay ng mga sertipikong kadastral, lisensya sa konstruksyon, atbp., atbp.[15]

14 Stillich, *op. cit.*, p. 138, at Liefmann, p. 51.

15 Ludwig Eschwege, *Der Sumpf* (Ang Kumunoy), sa *Die Bank*, 1913, II, p. 952 at kasunod; *ibid.,* 1912, I, p. 223 at kasunod.

Sa panahon ng kapital sa pinansya, literal na naging etika na ng lahat ng malaking lunsod sa alinmang bayan ang "etikang Amerikano" na napakaipokritikong ikinalulungkot ng mga propesor na Europeano at mga burges na may mabuting layunin.

Sa simula ng 1914, may usap-usapan sa Berlin tungkol sa pagbubuo ng "trust sa transportasyon," ibig sabihin, sa pagtatatag ng "komunidad ng mga interes" ng tatlong empresa sa transportasyon ng Berlin: ang dekoryenteng perokaril ng lunsod, ang kumpanya ng trambiya at ang kumpanya ng bus.

> Ayon sa *Die Bank*, "Alam natin na pinag-isipan ang planong ito mula nang napag-alaman na ang mayorya ng mga sapi sa kumpanya ng bus ay nakuha na ng dalawa pang mga kumpanya sa transportasyon... Maaari nating ganap na paniwalaan ang mga naghahangad sa layuning ito kapag sinasabi nilang sa pag-iisa ng mga serbisyo sa transportasyon, patatatagin nila ang ekonomya, na may bahaging magiging kapaki-pakinabang sa publiko sa darating na panahon. Pero kinukumplika ang usapin ng katotohanang nasa likod ng binubuong trust sa transportasyon ang mga bangko na, kung gugustuhin ng mga ito, kayang ipailalim ang mga kagamitan sa transportasyon, na monopolisado na nila, sa interes ng kanilang negosyo sa *real estate*. Para makumbinsi sa pagiging makatwiran ng ganoong haka-haka, kailangan lamang nating alalahanin na sa mismong pagbubuo ng *Electric Railway Company*, sangkot na ang interes ng malaking bangko na naghihimok sa pagbubuo nito. Ibig sabihin, tahi-tahi ang interes ng proyektong ito sa transportasyon sa interes sa *real estate*. Ang punto'y tatakbo ang linya sa silangan ng perokaril na ito sa lupa na ipinagbili ng mga bangkong ito nang may napakalaking tubo para sa sarili at para sa ilang kasosyo sa mga transaksyon, nang tiyak nang ilalatag ang linya."[16]

Oras na mabuo ang isang monopolyo at kontrolin nito ang libong milyon, di maiiwasang tagusin nito ang *lahat* ng larangan ng buhay publiko, anuman ang anyo ng gubyerno at lahat ng ibang "detalye". Sa literaturang pang-ekonomya ng Germany karaniwang matatagpuan ang nangangayupapang papuri sa integridad ng burukrasyang Prussian, at ang mga pahiwatig tungkol sa iskandalong French Panama at sa korapsyong pampulitika sa Amerika. Pero sa katunayan, *maging* ang literaturang burges na nakatuon sa mga usapin ng pagbabangko ng Germany, laging kinakailangang lumampas sa larangan ng purong mga operasyong pambangko; tinatalakay nito, halimbawa, "ang atraksyon sa mga bangko" kaugnay ng tumitinding pagdalas ng pagtatrabaho ng mga upisyal publiko sa mga bangko.

> "Paano na ang integridad ng isang upisyal ng estado na sa kaibuturan ng puso'y naghahangad ng magaan na trabaho sa Behrenstrasse?"[17] (ang kalye sa Berlin kung saan matatagpuan ang punong tanggapan ng *Deutsche Bank*.)

Noong 1909 isinulat ni Alfred Lansburgh, ang tagapaglathala ng *Die Bank*, ang isang artikulong pinamagatang "The Economic Significance of Byzantinism (Ang Kabuluhan sa Ekonomya ng Byzantinismo)", kung saan binanggit niya dito ang paglilibot ni William II sa Palestina at ang "kagyat na resulta ng paglalakbay na ito, ang konstruksyon ng perokaril sa Bagdad, ang nakamamatay na 'dakilang produkto ng empresang German', na mas responsable sa 'pagkubkob' kaysa lahat ng ating kamaliang pampulitika."[18] (Ang ibig sabihin

ng 'pagkubkob' ay ang patakaran ni Edward VII na ibukod ang Germany at palibutan ito ng isang alyansang imperyalista na anti-German.) Noong 1912, isinulat ni Eschwege, isa pang kontributor sa magasin din na ito na nauna na nating nabanggit, ang artikulong pinamagatang "Plutocracy and Bureaucracy (Plutokrasya at Burukrasya)", kung saan inilantad niya, halimbawa, ang kaso ng isang upisyal ng Germany na Volker ang pangalan, na masigasig na myembro ng Komite ng Kartel at nakakuha makaraan ang isang panahon ng kapaki-pakinabang na pwesto sa pinakamalaking kartel, ang *Steel Syndicate*.[19] Dahil sa mga kasong katulad niyon, na hindi nagkataon lamang, napilitan ang burges na manunulat na ito na aminin na "walang kahulugang parirala, sa maraming larangan ng buhay pang-ekonomya, ang kalayaang pang-ekonomya na ginagarantiyahan ng Konstitusyong German", at sa ilalim ng umiiral na paghahari ng plutokrasya, "hindi tayo kayang iligtas kahit na ng pinakamalawak na kalayaang pampulitika sa pagiging isang bansa ng mamamayang walang kalayaan."[20]

16 *Verkehrstrust* (Trust sa Transport), sa *Die Bank*, 1914, I, pp. 89-90.
17 *Der Zug zur Bank* (Ang Atraksyon ng mga Bangko), sa *Die Bank*, 1909, I, p. 79.
18 *Ibid.*, p. 307.
19 *Die Bank*, 1912, II, p. 825.—*Ed.*
20. *Ibid.*, 1913, II, p. 962.

Kaugnay naman ng Rusya, ililimita ko ang sarili sa isang halimbawa. Ilang taon na ang nakakaraan, inanunsyo ng lahat ng pahayagan na nagbitiw sa kanyang pwesto si Davydov, ang direktor ng Kagawaran sa Pautang ng Tesorerya, para magtrabaho sa isang tukoy na bangko sa sweldo na, ayon sa kontrata, ay hihigit sa 1,000,000 *ruble* sa loob ng ilang taon. Ang Kagawaran sa Pautang ay isang institusyon na may tungkuling "ikoordina ang mga aktibidad ng lahat ng institusyon sa pautang ng bayan" at nagbibigay ng mga subsidyo sa mga bangko sa St. Petersburg at Moscow na nagkakahalagang 800 hanggang 1,000 milyong *ruble*.[21]

Katangian ng kapitalismo sa pangkalahatan na hiwalay ang pagmamay-ari ng kapital sa paggamit ng kapital sa produksyon, na hiwalay ang kapital na salapi sa kapital sa industriya o produktibong kapital, at hiwalay angnagpapautang, na nabubuhay sa kita lamang mula sa kapital na salapi, sa negosyante at sa lahat ng tuwirang kalahok sa pamamahala ng kapital. Ang imperyalismo, o ang dominasyon ng kapital sa pinansya, ang pinakamataas na yugto ng kapitalismo kung saan umaabot sa pagkalaki-laking antas ang pagkakahiwalay na ito. Ang pangingibabaw ng kapital sa pinansya sa lahat ng ibang anyo ng kapital ay nangangahulugan ng dominasyon ng nagpapautang at ng oligarkiya sa pinansya; nangangahulugan ito na namumukod sa lahat ang maliit na bilang ng mga estadong "makapangyarihan" sa pinansya. Matatantya ang lawak na inaabot ng prosesong ito mula sa istatistiks sa mga emisyon, ibig sabihin, sa paglalabas ng lahat ng tipo ng *securities*.

Sa *Bulletin of the International Statistical Institute* (Buletin ng Internasyunal na Institusyon sa Istatistiks), inilathala ni A. Neymarck[22] ang napakakomprehensibo, kumpleto at komparatibong datos tungkol sa paglalabas ng *securities* sa lahat ng dako ng daigdig, na paulit-ulit na sinisipi sa literaturang pang-ekonomya. Sumusunod ang mga kabuuan na kanyang ibinibigay para sa apat na dekada:

21 E. Agahd, *op. cit.,* p. 202.
22 A. Neymarck, *Bulletin de l'institut international de statistique* (Buletin ng Internasyunal na Instituto sa Istatistiks), Tomo XIX, Aklat II, The Hague, 1912. Ang datos kaugnay ng maliliit na estado, ikalawang hanay, ay kinakalkula humigit kumulang sa pamamagitan ng pagdaragdag ng 20 porsyento sa mga datos ng 1902.

TOTAL NA *ISSUES* SA BILYONG *FRANC* BAWAT DEKADA

| | |
|---|---|
| 1871-1880 | 76.1 |
| 1881-1890 | 64.5 |
| 1891-1900 | 100.4 |
| 1901-1910 | 197.8 |

Noong dekadang 1870, malaki ang kabuuang dami ng *issues* sa buong mundo dala partikular ng pinalutang na mga pautang kaugnay ng Digmaang Franco-Prussian at ng kasagsagan sa promosyon ng mga kumpanya na namuo sa Germany pagkatapos ng gera. Sa kabuuan, relatibong hindi napakabilis ng paglaki sa huling tatlong dekada ng ika-19 na siglo, at noong unang sampung taon lamang ng ika-20 siglo namalas ang malaking dagdag na halos 100 porsyento. Kung gayon, ang simula ng ika-20 siglo ang punto ng pagpihit, hindi lamang sa pag-unlad ng mga monopolyo (mga kartel, *syndicate*, trust) na natalakay na natin, kundi pati ng pag-unlad ng kapital sa pinansya.

Sa tantya ni Neymarck, mga 815,000,000,000 *francs* ang kabuuang halaga ng inilabas na *securities* na kumakalat sa daigdig noong 1910. Kung ibabawas sa kabuuang ito ang mga halagang maaaring naulit, pinaliit niya ang kabuuang sa 575,000,000,000 hanggang 600,000,000,000, na nakakalat sa iba't ibang bayan ayon sa sumusunod (gagamitin natin ang 600,000,000,000):

*SECURITIES* SA PINANSYA NA UMIIKOT NOONG 1910
(Sa bilyong *francs*)

| | | |
|---|---|---|
| Great Britain | 142 \ | |
| United States | 132 \ | |
| France | 110 / | 479 |
| Germany | 95 / | |
| Rusya | 31 | |
| Austria-Hungary | 24 | |
| Italy | 14 | |
| Holland | 12.5 | |
| Japan | 12 | |
| Belgium | 7.5 | |
| Espanya | 7.5 | |
| Switzerland | 6.25 | |
| Denmark | 3.75 | |
| Sweden, Norway, Romania, atbp. | 2.5 | |
| Kabuuan | 600.00 | |

Mula sa datos na ito, agad nating makikita nang pagkalinaw-linaw ang apat sa pinakamayayamang bayang kapitalista, na bawat isa'y may hawak sa *securities* na may halagang mula 100 hanggang 150 bilyong *francs*. Dalawa sa mga bayang ito, ang Britain at France, ang pinakamatatandang bayang kapitalista, at tulad ng makikita natin, may hawak sa pinakamaraming kolonya; dalawang iba pa, ang United States at Germany, ay mga

kapitalistang bayan na nangunguna sa bilis ng pag-unlad at antas ng paglawak ng kapitalistang mga monopolyo sa industriya. Kung pagsasama-samahin, pag-aari ng apat na bayang ito ang 479,000,000,000 *francs*, ibig sabihin, halos 80 porsyento ng kapital sa pinansya ngdaigdig. Sa iba't ibang paraan, halos ang lahat ng iba pang bayan sa daigdig ay humigit-kumulang baon sa utang sa at tributaryo ng mga bayang internasyunal na bangkero,ang apat na "haligi" ng pandaigdigang kapital sa pinansya.

Napakahalagang suriin ang papel na ginagampanan ng eksport ng kapital sa paglikha ng internasyunal na network ng dependensya at mga koneksyon ng kapital sa pinansya.

## KABANATA 4

## ANG EKSPORT NG KAPITAL

Ang tipikal sa lumang kapitalismo, nang nangingibabaw sa lahat ang malayang kompetisyon, ay ang eksport ng mga produkto. Ang tipikal naman sa pinakahuling yugto ng modernong kapitalismo, nang naghahari ang mga monopolyo, ay ang eksport ng kapital.

Ang kapitalismo ay produksyon ng kalakal sa pinakamataas na antas ng pag-unlad nito, nang ang lakas paggawa mismo ay naging kalakal. Ang paglago ng panloob na palitan, at ng palitang internasyunal sa partikular, ay likas na katangian ng kapitalismo. Sa sistemang kapitalista, ang di pantay at pabugsu-bugsong pag-unlad ng indibidwal na mga empresa, ng indibidwal na mga sangay ng industriya at indibidwal na mga bayan ay di maiiwasan. Unang naging isang kapitalistang bayan ang England, at pagdating ng kalagitnaan ng ika-19 na siglo, pagkaraang ipatupad ang malayang kalakalan, ito na raw ang "pagawaan ng daigdig", ang tagasuplay ng yaring mga produkto sa lahat ng bayan, at bilang kapalit, nagsusuplay naman ang mga ito sa kanya ng hilaw na materyales. Pero sa huling kwarto ng ika-19 na siglo, nauk-ok na ang monopolyong ito, dahil umunlad ang ibang mga bayan bilang independyenteng mga estadong kapitalista sa ilalim ng mga taripang "protektibo". Sa bungad ng ika-20 siglo, naririyan ang pormasyon ng bagong tipo ng monopolyo, una, ang monopolistang mga asosasyon ng mga kapitalista sa lahat ng bayan umunlad ang kapitalismo; ikalawa, ang monopolistang pusisyon ng iilang napakayamang mga bayan kung saan pagkalaki-laki ang inabot na akumulasyon ng kapital. Sumibol ang napakalaking "sarplas na kapital" sa abanteng mga bayan.

Hindi na kailangang sabihin pa na kung mapapaunlad ng kapitalismo ang agrikultura, na nahuhuli nang husto ngayon sa industriya sa lahat ng lugar, kung maitataas nito ang pamantayan sa pamumuhay ng masa, na halos walang makain at sadlak pa sa karalitaan sa lahat ng lugar sa kabila ng kagila-gilalas na pag-abante ng kaalamang teknikal, hindi na usapin kung may sarplas na kapital. Napakadalas na iharap ng petiburges na mga kritiko ng kapitalismo ang "argumentong" ito. Pero kung ginagawa ng kapitalismo ang lahat ng ito, hindi na ito kapitalismo, dahil pundamental at di maiiwasang mga kondisyon, at tumatayong salalayan ng modang ito ng produksyon kapwa ang di pantay na pag-unlad at ang katayuan ng masa na halos walang makain. Hanggat nananatiling ganoon ang kapitalismo, gagamitin ang sarplas na kapital hindi para sa layuning itaas ang pamantayan sa pamumuhay ng masa sa isang takdang bayan, dahil mangangahulugang ito na bababa ang tubo para sa mga kapitalista; gagamitin ito para palakihin ang mga tubong iyon sa pag-eksport ng kapital sa atrasadong mga bayan sa ibayong dagat. Karaniwang mataas ang mga tubo sa atrasadong mga bayang ito

dahil salat dito sa kapital, relatibong mababa ang presyo ng lupa, mababa ang pasweldo, mura ang hilaw na materyales. Nililikha ang posibilidad ng pag-eksport ng kapital ng katotohanang nahila na ang maraming atrasadong bayan sa kapitalistang ugnayang internasyunal; naitayo na o itinatayo doon ang pangunahing mga riles; nalikha na ang batayang mga kondisyon para sa pag-unlad ng industriya, atbp. Ibinubunsod ang pangangailangang mag-eksport ng kapital ng katotohanang sa iilang bayan, "sobrang nahinog" na ang kapitalismo at (dala ng atrasadong kalagayan ng agrikultura at ng karalitaan ng masa) hindi makahanap ang kapital ng larangan para sa "mapagtutubuang" pamumuhunan.

Narito ang datos na nagpapakita humigit-kumulang ng laki ng kapital na ipinuhunan sa ibayong dagat ng tatlong pangunahing mga bayang ito:[1]

1 Hobson, *Imperialism*, London, 1902, p. 58; Riesser, *op. cit.,* pp. 395 at 404; P. Arndt in *Weltwirtschaftliches Archiv* (Pandaigdigang Arkibong Pang-ekonomya), Tomo VII, 1916, p. 35; Neymarck sa *Bulletin de l'institut international de statistique*; Hilferding, *Finanzkapital*, p. 437; Lloyd George, Talumpati sa *House of Commons*, Mayo 4, 1915, na iniulat sa *Daily Telegraph*, Mayo 5, 1915; B. Harms, *Probleme der Weltwirtschaft* (Mga Usapin ng Pandaigdigang Ekonomya), Jena, 1912, p. 235 at kasunod; Dr. Sigmund Schilder, *Entwicklungstendenzen der Weltwirtschaft* (Mga Tunguhin ng Pag-unlad ng Pandaigdigang Ekonomya), Berlin, 1912, Tomo I, p. 150; George Paish, Mga Pamumuhunang Kapital ng Great Britain, atbp., sa *Journal of the Royal Statistical Society* (Dyornal ng Royal na Samahan sa Istatistiks), Tomo LXXIV, 1910-11, p. 167; Georges Diouritch, *L'expansion des banques allemandes à l'étranger, ses rapports avec le développement économique de l'Allemagne* (Paglawak ng mga Bangkong German sa Ibayong Dagat, Kaugnay ng Kaunlaran sa Ekonomhya ng Germany), Paris, 1909, p. 84.

KAPITAL NA IPINUHUNAN SA IBAYONG DAGAT
(Sa bilyong *francs*)

| Taon | GREAT BRITAIN | FRANCE | GERMANY |
|---|---|---|---|
| 1862 | 3.6 | - | - |
| 1872 | 15.0 | 10 (1869) | - |
| 1882 | 22.0 | 15 (1880) | ? |
| 1893 | 42.0 | 20 (1890) | ? |
| 1902 | 62.00 | 27-37 | 12.5 |
| 1914 | 75-100 | 60 | 44.0 |

Ipinapakita ng talaang ito na umabot ang kapital sa ubod ng laki sa pagsisimula lamang ng ika-20 siglo. Bago nagkadigmaan, umabot ang kapital na ipinuhunan sa ibayong dagat ng tatlong pangunahing bayan mula 175 hanggang 200 bilyong *francs*. Sa katamtamang tantos na 5 porsyento, dapat umabot ang kita ng kabuuang halagang ito ng 8 hanggang 10 bilyon *francs* bawat taon – isang solidong batayan para sa pang-aapi at pagsasamantalang imperyalista sa karamihan ng mga bayan at bansa ng daigdig, para sa kapitalistang parasitismo ng sandakot na mayayamang estado!

Paano nahahati-hati sa iba't ibang bayan ang kapital na ito na ipinuhunan sa ibayong dagat? *Saan* ito ipinuhunan? Tantya lamang ang maibibigay na sagot sa mga tanong na ito, pero sasapat na ito para maglinaw sa ilang pangkalahatang relasyon at kune-kuneksyon ng modernong imperyalismo.

DISTRIBUSYON (TANTYA) NG DAYUHANG KAPITAL
SA IBA'T IBANG BAHAGI NG MUNDO (MGA 1910)
(Sa bilyong *marks*)

| | GREAT BRITAIN | FRANCE | GERMANY | KABUUAN |
|---|---|---|---|---|
| Europa | 4 | 23 | 18 | 45 |
| Amerika | 37 | 4 | 10 | 51 |
| Asya, Africa at Australia | 29 | 8 | 7 | 44 |
| Kabuuan | 70 | 35 | 35 | 140 |

Ang prinsipal na mga larangan ng pamumuhunan ng kapital na British ay ang mga kolonyang ng Britain, at malalaki rin ito sa Amerika (halimbawa, sa Canada), huwag nang banggitin pa sa Asya, atbp. Sa kasong ito, ang napakalalaking eksport ng kapital ay napakahigpit na nakatali sa malalaking kolonya, at sa susunod pa natin tatalakayin ang kahalagahan ng mga ito para sa imperyalismo. Sa kaso ng France, iba ang sitwasyon. Sa Europa pangunahin ipinupuhunan ang eksport ng kapital ng France, pangunahin sa Rusya (hindi kukulangin sa 10 bilyong *francs*). Pangunahing kapital sa *pautang* ito, mga pautang ng gubyerno at hindi kapital na ipinuhunan sa mga aktibidad sa industriya. Di tulad ng imperyalismong kolonyal ng Britain, maaaring taguriang imperyalismong usura ang imperyalismong French. Sa kaso ng Germany, may ikatlong tipo; hindi malalaki ang mga kolonya ng Germany, at halos pantay na hinati sa Europa at Amerika ang kapital ng Germany na ipinuhunan sa ibayong dagat.

Iniimpluwensyahan at pinabibilis nang husto ng eksport ng kapital ang pag-unlad ng kapitalismo sa mga bayan kung saan ito ineeksport. Kung gayon, samantalang maaaring may tendensya ang pag-eeksport ng kapital hanggang sa isang antas na makabawas sa pag-unlad sa mga bayang nag-eeksport ng kapital, magagawa lamang ang pag-eeksport ng kapital sa pamamagitan pagpapalawak at pagpapalalim ng higit na pag-unlad ng kapitalismo sa buong daigdig.

Halos laging nakakakuha ang mga bayang nag-eeksport ng kapital ng ilang "bentahe", at ang katangian ng mga ito ay naglilinaw sa partikularidad ng kapanahunan ng kapital sa pinansya at monopolyo. Halimbawa, lumabas ang sumusunod sa dyornal ng Berlin, ang *Die Bank*, ng Oktubre 1913:

> "Isang komedyang karapat-dapat sa panulat ni Aristophanes ang nangyayari ngayon lamang sa internasyunal na pamilihan sa kapital. Maraming bayang dayuhan, mula Espanya hanggang sa mga estado sa Balkan, mula Rusya hanggang Argentina, Brazil at Tsina, ang lantad o tagong lumalapit sa malakihang *money market* para humingi ng pautang na minsa'y napakamapilit. Sa ngayon, hindi maluwag ang *money market* at hindi maaliwalas ang tanawin sa pulitika. Pero wala ni isa mang *money market* ang nangangahas na tumanggi sa pagpapautang sa takot na baka maunahan ito ang kalapit-bayan, pumayag na magpautang, at makakuha sa gayon ng ilang ganting serbisyo. Sa internasyunal na mga transaksyong ito, halos laging nakakakuha ang nagpapautang ng ilang karagdagang bentahe: isang paborableng probisyon sa isang tratado sa komersyo, isang istasyong

pangkarbon, isang kontrata sa konstruksyon ng daungan, isang mapagkakakitaang konsesyon, o benta ng mga baril."[2]

Nilikha ng kapital sa pinansya ang kapanahunan ng mga monopolyo, at ipinapasok ng mga monopolyo sa lahat ng dako ang mga prinsipyong monopolista: pinapalitan ang kompetisyon sa bukas na pamilihan ng paggamit ng "mga koneksyon" para sa kapaki-pakinabang na mga transaksyon. Pinakakaraniwan na ang pagtatakda na gugulin ang bahagi ng ipinagkaloob na pautang sa pagbili sa bayang nagkaloob ng pautang, laluna ng mga kagamitang pandigma, o mga barko, atbp. Sa loob ng huling dalawang dekada (1890-1910), madalas gawin ng Pransya ang paraang ito. Sa gayon, ang eksport ng kapital ay nagiging paraan para hikayatin ang eksport ng mga kalakal. Kaugnay nito, nag-aanyo ang mga transaksyon sa pagitan ng malalaking empresa, sa "malambot" na pagsasaad ni Schilder, na "halos korapsyon na".[3] Ang Krupp sa Germany, Schneider sa France, Armstrong sa England ay mga halimbawa ng mga empresang may mahihigpit na koneksyon sa makapangyarihang mga bangko at gubyerno at hindi madaling "balewalain" kapag nag-aayos ng pautang.

2 *Die Bank*, 1913, pp. 1024-25.
3 Schilder, *op. cit.,* Tomo I, pp. 346, 350 at 371.

Nang magkaloob ang France ng pautang sa Rusya, "inipit" nito ang Rusya sa ng tratado sa komersyo ng Setyembre 16, 1905, at kumuha ng ilang konsesyon na magkakabisa hanggang 1917. Ganoon din ang ginawa nito sa tratado sa komersyo sa Japan ng Agosto 19, 1911 . Ang gera sa taripa sa pagitan ng Austria at Serbia, na tumagal mula 1906-1911 nang may patlang na pitong buwan, sa bahagi'y tulak ng kompetisyon ng Austria at France sa pagsusuplay sa Serbia ng mga kagamitang pandigma. Noong Enero 1912, ipinahayag ni Paul Deschanel sa Kamara ng mga Diputado na mula 1908-1911, sinuplayan ng mga empresang Pranses ng mga kagamitang pandigma ang Serbia na nagkakahalagang 45,000,000 *francs*.

Ayon sa ulat ng Konsul na Austro-Hungarian sa Sao-Paolo (Brazil):

> "Itinatayo ang perokaril ng Brazil pangunahin ng kapital na French, Belgian, British at German. Sa mga operasyong pampinansya kaugnay ng konstruksyon ng perokaril, itinatakda ng kasangkot na mga bayan ang pagbili ng materyales na kailangan sa perokaril."

Sa gayon, masasabing halos literal na inilatag ng kapital sa pinansya ang lambat nito sa lahat ng bayan ng daigdig. Isang mahalagang papel ang ginampanan dito ng mga bangkong itinatag sa mga kolonya at ng mga sangay ng mga ito. Kinainggitan ng mga imperyalistang German ang "naunang" nangolonyang mga bayan na namumukod na "matagumpay" na nakapagpundar sa aspetong ito. Noong 1904, may 50 bangkong kolonyal na may 2,279 sangay ang Great Britain (noong 1910 may 72 bangko na may 5,449 sangay); may 20 naman ang France, na may 136 sangay; may 16 naman ang Holland, na may 68 sangay; at may 13 "lamang" ang Germany, na may 70 sangay.[4] Naiinggit naman ang mga kapitalistang Amerikano sa mga Ingles at German: "Sa Timog Amerika," reklamo nila noong 1915, "limang bangkong German ang may 40 sangay at limang bangkong Ingles ang may 70 sangay.… Sa nakaraang 25 taon, namuhunan ang England at Germany sa Argentina, Brazil, at Uruguay ng halos apat na bilyong dolyar, at bunga nito, kanila ang 46 porsyento ng ng kabuuang kalakalan ng tatlong bayang ito."[5]

Pinaghati-hatian ng mga bayang nag-eeksport ng kapital ang daigdig sa matalinhagang pakahulugan ng salita. Pero ibinunsod naman ng kapital sa pinansya ang *aktwal* na paghahati-hati ng daigdig.

4 Riesser, *op. cit.,* ikaapat na edisyon, pp. 374=75; diouritch, p. 283.
5 *The Annals of the American Academy of Political and Social Science* (Ang Kasaysayan ng Akademya ng Amerika sa Syensyang Pampulitika at Panlipunan), Tomo LIX, Mayo 1915, p. 301. Sa tomo ring iyon, sa pahina 331, mababasa natin na tinantya ng kilalang istatistisyan na si Paish, sa huling taunang isyu ng magasin sa pinansya na *Statist,* na ang laki ng kapital na ineksport ng England, Germany, France, Belgium at Holland sa 40,000,000,000 dolyar, ibig sabihin, 200,000,000,000 francs.

## KABANATA 5

## ANG PAGHAHATI-HATI NG DAIGDIG SA HANAY NG MGA KAPITALISTANG ASOSASYON

Una, pinaghati-hatian ng monopolistang kapitalistang mga asosasyon, kartel, *syndicate*, at trust ang panloob na pamilihan, at naangkin humigit-kumulang nang lubusan ang industriya ng sarili nilang bayan. Pero sa kapitalismo, di maiiwasang nakabigkis ang panloob na pamilihan sa panlabas na pamilihan. Matagal nang nalikha ng kapitalismo ang pandaigdigang pamilihan. Habang lumalaki ang eksport ng kapital, at habang lumalawak sa lahat ng paraan ang mga relasyong panlabas at kolonyal at ang "mga saklaw ng impluwensya" ng malalaking monopolistang asosasyon, "natural" na magtutungo ang mga bagay-bagay sa internasyunal na pagkakasundo ng mga asosasyong ito at sa pagkakabuo ng internasyunal na mga kartel.

Ito ay bagong yugto sa konsentrasyon ng kapital at produksyon ng daigdig, na di hamak na mas mataas sa naunang mga yugto. Tingnan natin kung paano umuunlad ang supermonopolyong ito.

Ang industriya sa elektrisidad ay napakatipikal sa pinakabagong teknikal na pagsulong at pinakatipikal sa kapitalismo sa *pagtatapos* ng ika-19 na siglo at pagsisimula ng ika-20 siglo. Pinakamaunlad ang industriyang ito sa dalawang pinakaabante sa bagong mga bayang kapitalista, ang United States at Germany. Sa Germany, lalong malakas ang naging tulak ng krisis ng 1900 sa konsentrasyon nito. Sa panahon ng krisis, pinabilis nang husto at pinatindi ng mga bangko, na mahusay-husay nang nakasanib sa industriya sa panahong iyon, ang pagbagsakan ng relatibong maliliit na empresa at ang pagkalamon sa mga ito niyong malalaki.

> Ayon kay Jeidels, "Tinanggihan ng mga bangko na tulungan ang mismong mga empresang pinakanangangailangan ng kapital; ibinunsod muna ng mga ito ang tarantang kasagsagan at pagkatapos ang walang pag-asang pagbagsak ng mga kumpanyang hindi sapat ang koneksyon sa kanila."[1]

1 Jeidels, *op. cit.,* p. 232.

Bunga nito, pagkalaki-laki ang isinulong ng konsentrasyon sa Germany pagkaraan ng 1900. Hanggang noong 1900 may pito o walong "grupo" sa industriya sa elektrisidad. Binubuo ang bawat isa ng ilang kumpanya (28 lahat-lahat) at suportado ang bawat isa ng dalawa hanggang 11 bangko. Sa pagitan ng 1908 at 1912, nagsanib ang lahat ng grupong ito sa dalawa, o kaya'y sa isa. Ipinapakita ng diagram sa ibaba ang naging proseso:

MGA GRUPO SA INDUSTRIYA NG ELEKTRISIDAD NG GERMANY

Bago FELTEN & LAH- UNION SIEMENS SCHUCKERT BERG- KUM-
1990 GUILLAUME MEYER A.E.G. & HALSKE & CO. MANN MER
\ / \ /
FELTEN & A.E.G. SIEMENS & HALSKE- BERG- Nabigo
LAHMEYER SCHUCKERT MANN (1900)
\ / \ /
Noong A. E. G. SIEMENS & HALSKE-
1912 (GENERAL ELECTRIC CO.) SCHUCKERT
(May mahigpit na ugnayan mula 1908)

May kontrol ang bantog na A.E.G. (General Electric Company), na umunlad sa ganitong paraan, sa 175 hanggang 200 kumpanya (sa pamamagitan ng "*holding system*"), at sa kabuuang kapital na humigit kumilang ay 1,500,000,000 *marks*. Kaugnay ng tuwirang mga ahensya sa ibayong dagat lamang, mayroon itong tatlumpu't apat, at 12 dito ay mga kumpanyang *joint-stock* sa mahigit 10 bayan. Sing-aga ng 1904, tinantyang nasa 233,000,000 *marks* ang halaga ng kapital na ipinuhunan ng industriya sa elektrisidad ng Germany sa ibayong dagat. Sa halagang ito, 62,000,000 ang ipinuhunan sa Rusya. Hindi na kailangang sabihin pa na isang malaking kombinasyon ang A.E.G. Hindi kukulangin sa 16 ang kanyang mga kumpanya sa manupaktura lamang na lumilikha ng pinakamagkakaibang mga produkto, mula mga kable at *insulators* hanggang mga sasakyang demotor at eroplano.

Pero bahagi ang konsentrasyon sa Europa ng proseso ng konsentrasyon sa Amerika na umunlad sa sumusunod na paraan:

GENERAL ELECTRIC COMPANY
/ \
US Itinatag ng Itinatag ng Edison Co.
Thomas-Houston Co. sa Europa ang Edison Co. na
ang isang empresa Pranses na naglipat sariling
sa Europa mga patent sa empresang
German
Germany Union Electric Co. General Electric Co. (A.E.G.)
\ /
GENERAL ELECTRIC CO. (A.E.G.)

Sa gayon, nabuo ang *dalawang* "malaking kapangyarihan" sa industriya ngelektrisidad: "Walang alinmang kumpanya ng elektrisidad sa daigdig na *lubusang* independyente sa mga ito," ayon kay Heinig sa kanyang artikulo "The Path of the Electric Trust (*Ang Landas ng*

*Trust sa Elektrisidad*)". Makakakuha ng ideya, bagamat malayo sa pagiging kumpleto, tungkol sa kabuuang negosyo at laki ng mga empresa ng dalawang "trust" mula sa sumusunod na datos:

| | TURNOVER (milyong *marks*) | BILANG NG EMPLEYADO | NETONG TUBO (milyong *marks*) |
|---|---|---|---|
| AMERIKA: General Electric Co. | | | |
| 1907 | 252 | 28,000 | 35.4 |
| 1910 | 298 | 32,000 | 45.6 |
| GERMANY: A.E.G. | | | |
| 1907 | 216 | 30,700 | 14.5 |
| 1910 | 362 | 60,800 | 21.7 |

At pagkatapos, noong 1907, nagkasundo ang trust na German at Amerikano sa paghahati ng daigdig sa pagitan nila. Tumigil ang kumpetisyon sa pagitan nila. "Nakuha" ng American General Electric Company ang United States at Canada. "Nakuha" ng A.E.G. ang Germany, Austria, Rusya, Holland, Denmark, Switzerland, Turkey at ang mga Balkan. Nabuo ang espesyal na mga kasunduan, mangyari pa'y lihim, kaugnay ng pagtagos ng "anak" mga kumpanya sa bagong mga sangay ng industriya, sa "bagong" mga bayang hindi pa pormal ang alokasyon. Magpapalitan ang dalawang trust ng mga imbensyon at eksperimento.[2]

2 Riesser, *op. cit.,* Diouritch, *op. cit.,* p. 239; Kurt Heinig, *op. cit.*

Malinaw kung gaano na kahirap makipagkumpitensya laban sa trust na ito, na sa katunaya'y iisang trust na saklaw-daigdig, may kontrol sa kapital na nagkakahalaga ng ilang bilyon, at may "mga sangay", ahensya, kinatawan, koneksyon, atbp., sa lahat ng dako ng daigdig. Pero ang paghahati-hati ng daigdig sa pagitan ng dalawang makapangyarihang trust ay hindi pumapawi sa posibilidad ng muling paghahati kung magbabago ang relasyon ng mga pwersa bunga ng di pantay na pag-unlad, digma, pagkabangkrap, atbp.

Ibinibigay ng industriya ng langis ang instruktibong halimbawa ng pagtatangka sa gayong muling paghahati, ng tunggalian para sa muling paghahati.

> Sinabi ni Jeidels noong 1905, "Hanggang ngayon, hati ang pamilihan ng langis sa daigdig sa pagitan ng dalawang malalaking grupo sa pinansya – ang American Standard Oil ni Rockefeller at ang Rothschild and Nobel, ang *controlling interest* sa mga mina ng langis na Ruso sa Baku. Mahigpit na magkaugnay ang dalawang grupo. Pero ilang taon nang nagbabanta sa kanilang monopolyo ang limang kaaway:"[3]

1) Ang pagkasaid ng mga minahan ng langis ng Amerika;[4] 2) ang kompetisyon ng empresang Mantashev ng Baku; 3) ang mga minahan ng langis na Austrian; 4) ang mga minahang Rumanian; 5) ang mga minahan ng langis sa ibayong dagat, laluna sa mga kolonyang Dutch (ang napakayamang mga empresang Samuel at Shell, na may koneksyon din sa British na kapital). Konektado ang tatlong huling grupo sa malalaking bangkong German, sa pangunguna ng malaking *Deutsche Bank*. Independyente at sistematikong

pinaunlad ng mga bangkong ito ang industriya ng langis sa Rumania halimbawa para magkaroon ng "sariling" tuntungan. Noong 1907, tinatantyang 185 milyong *francs* ang dayuhang kapital na ipinuhunan sa industriya ng langis sa Rumania, kung saan 74 milyon ay kapital na German.[5]

3 Jeidels, *op. cit.,* pp. 192-93.
4 Sa Pennsylvania, ang pangunahing rehiyon sa langis sa U.S. sa panahon ng pag-aaral ni Jeidels.—*Ed.*
5 Diouritch, *op. cit.,* p. 245.

Nagsimula ang tunggalian para sa "paghahati-hati ng daigdig", gaya ng taguri nga dito sa literaturang pang-ekonomya. Sa isang banda, hinabol ng Rockefeller "trust sa langis" na mahawakan ang *lahat*; nagbuo ito ng isang "anak na kumpanya" *mismo* sa Holland, at namili ng mga minahan ng langis sa Dutch Indies, para mabanatan ang kanyang prinsipal na kaaway, ang Anglo-Dutch Shell trust. Sa kabilang banda, hinabol naman ng *Deutsche Bank* at ibang mga bangkong German na "panatilihin" ang Rumania "para sa sarili" at pagkaisahin ito sa Rusya laban kay Rockefeller. Ibayong mas malaking kapital at napakahusay na sistema sa transportasyon at distribusyon ng langis ang pag-aari ng huling nabanggit. Kinailangang magwakas ang tunggalian, at nagwakas nga ito noong 1907, sa ganap na pagkatalo ng *Deutsche Bank* na walang mapagpipilian kundi likidahin ang kanyang negosyo sa langis at malugi ng milyun-milyon, o sumuko. Pinili nitong sumuko, at pumailalim ito sa trust ng Amerikano sa isang kasunduan labis ang disbentahe. Pumayag ang *Deutsche Bank* "na hindi magtatangka ng anumang makapipinsala sa interes na Amerikano". Gayunman, may probisyong mawawalang bisa ang kasunduan kung sakaling magtatag ang Germany ng monopolyo ng estado sa langis.

Nagsimula pagkatapos ang "komedya ng langis." Isa sa mga hari sa pinansyang German, si von Gwinner na direktor ng Deutsche Bank, ang nagsimula, sa pamamagitan ng pribadong sekretaryo niyang si Strauss, ng kampanya *para sa* monopolyo ng estado sa langis. Pinakilos ang gahiganteng makina ng malaking bangkong German at lahat ng malawak na "mga koneksyon" nito. Kumulo ang "patriyotikong" galit ng pamahayagan laban sa "pangungubabaw" ng trust ng Amerikano at noong 15 Marso 1911, halos nagkakaisang ibinoto ng Reichstag na pagtibayin ang mosyong hingin sa gubyerno ang pagpapanukala ng batas na magtatatag ng monopolyo sa langis. Sinunggaban ng gubyerno ang "popular" na ideyang ito at nagmistulang pinanalunan ng Deutsche Bank ang larong may layuning dayain ang kasosyong Amerikano at pahusayin ang negosyo sa pamamagitan ng monopolyo ng estado. Nakakita ang mga hari sa langis ng Germany ng mga pangitain ng napakalaking mga tubo na hindi maaaring mas lumiit pa sa mga may repinerya ng asukal sa Rusya... Pero pinag-awayan muna ng malalaking bangkong German ang pinaghati-hatian ng mga kulimbat. Inilantad ng Disconto-Gesellschaft ang sakim na mga layunin ng *Deutsche Bank*; ikalawa, natakot ang gubyerno sa malamang na pakikitunggali kay Rockefeller; may duda kung makakaseguro ang Germany sa ibang mga mapagkukunan ng langis. (Kakaunti ang produkto ng Rumania.) Ikatlo, mga ganoong panahon nang inilaan ang mga pautang na bilyong mark noong 1913 para sa paghahanda ng Germany sa gera. Ipinagpaliban ang proyektong monopolyo sa langis. Pansamantala noong lumitaw na nagwagi sa tunggalian ang "trust sa langis" na Rockefeller.

Kaugnay nito, sinabi ng dyornal ng Berlin, ang *Die Bank*, na malalabanan lamang ng Germany ang trust sa langis sa pamamagitan ng pagtatatag ng monopolyo sa elektrisidad at sa transpormasyon ng lakas ng tubig sa murang elektrisidad.

> Idinagdag ng may-adka, "Pero darating ang monopolyo sa elektrisidad kapag kinailangan ito ng mga prodyuser, ibig sabihin, sa bisperas ng susunod na malaking pagbagsak ng industriya sa elektrisidad, at kapag hindi na makagana nang may tubo ang malalaki at mamahaling mga istasyon ng elektrisidad na itinatayo ngayon, sa napakalaking gastos sa lahat ng lugar, ng pribadong mga empresa sa elektrisidad na nakakakuha ng parsyal na mga monopolyo mula sa estado, mga munisipalidad, atbp. Kakailanganing gamitin sa gayon ang lakas ng tubig. Pero magiging imposibleng magastusan ng estado ang transpormasyon nito sa murang elektrisidad; kakailanganing ipasa ito sa 'pribadong monopolyong kontrolado ng estado' dahil sa malalaking kompensasyon at bayad-pinsalang kakailanganing ibigay sa pribadong industriya... Ganoon ang nangyari sa monopolyo sa *nitrate*, ganoon din ang nangyayari sa monopolyo sa langis, ganoon din ang mangyayari sa monopolyo sa elektrisidad. Panahon nang maunawaan, sa wakas, ng mga sosyalistang pang-estado natin, na hinahayaang bulagin sila ng isang magandang prinsipyo, na sa Germany hindi kailanman hinangad ng mga monopolyo ang layunin, o natamo kaya bilang bunga na makinabang ang mga konsyumer, o ibigay sa estado ang bahagi ng mga tubo ng *mga promoter*; pinadali lamang nila, sa kapinsalaan ng estado, ang rekoberi ng pribadong mga industriyang nasa bingit ng pagkabangkrap."[6]

6 *Die Bank*, 1912, p. 1036; tingnan din *ibid.,* p. 629 at kasunod; 1913, I, p. 388.

Ganyan ang mahahalagang pag-aming pwersadong tanggapin ng burges na mga ekonomistang German. Malinaw na nakikita natin dito kung paano nagkakabigkis ang pribadong mga monopolyo at ang mga monopolyo ng estado sa panahon ng kapital sa pinansya; kung paanong magkahiwalay lamang na mga kawing ang dalawa sa imperyalistang tunggalian ng malalaking monopolista para sa paghahati-hati ng daigdig.

Sa pagbabarkong komersyal, nagwakas din ang napakalaking pag-unlad ng konsentrasyon sa paghahati-hati ng daigdig. Sa Germany, naitaas ng dalawang makapangyarihang kumpanya ang sarili sa unang hanay, ang Hamburg-Amerika at ang Norddeutscher Lloyd, na may kapital na 200,000,000 *marks* (sa sosyo at bono) at nagmamay-ari ng halagang 185 hanggang 189 milyong mark ng pagbabarkong tonelahe ang bawat isa. Sa kabilang banda, noong Enero 1, 1903 sa Amerika, binuo ang trust na Morgan, ang International Mercantile Marine Co., na nag-isa sa siyam na kumpanyang British at Amerikano ng bapor at may kontrol sa kapital na 120,000,000 dolyar (480,000,000 *marks*). Sing-aga ng 1903, pinirmahan ng mga higanteng German at ng trust na ito na Amerikano-Briti ang isang kasunduan at hinati nila ang daigdig ayon sa paghahati-hati ng mga tubo. Nakipagkasundo ang mga kumpanyang German na hindi makikipagkompetisyon sa trapik na Anglo-Amerikano. Maingat na "itinalaga" ang mga daungan sa bawat isa; itinayo ang pinagsamang komite sa pagkontrol, atbp. May bisa ang kontratang ito sa loob ng 20 taon nang may probisyon ng pagpapawalambisa kung magkakagera.[7]

7 Riesser, *op. cit.*, p. 125.

Napakainstruktibo din ang kwento ng pagkakalikha ng Internasyunal na Kartel sa Perokaril. Ginawa ang unang pagtatangka ng nagmamanupaktura ng perokaril na British, Belgian at German na lumikha ng ganoong kartel nang sing-aga ng 1884, sa panahon ng matinding depresyon sa industriya. Pinagkasunduan ng mga nagmamanupaktura na hindi makikipagkompetisyon sa isa't isa para sa sariling mga pamilihan ng kalahok na mga bayan, at hinati nila ang dayuhang mga pamilihan ayon sa sumusunod na kota: 66 porsyento sa Great

Britain; 27 porsyento sa Germany; 7 porsyento sa Belgium. Buung-buong inireserba ang India para sa Great Britain. Nagdeklara ng sama-samang gera laban sa empresang nananatili sa labas ng kartel. Pinantustos sa gerang ito ang porsyentaheng buwis na ipinataw sa lahat ng benta. Pero noong 1886, nawasak ang kartel nang umalis dito ang dalawang empresang British. Katangian na hindi nakatatamo ng kasunduan sa sumunod na mga panahon ng kasagsagan.

Sa pagsisimula ng 1904, binuo ang sindikato sa asero sa Germany. Noong Nobyembre 1904, muling binuhay ang Internasyunal na Kartel sa Perokaril nang may sumusunod na kota sa dayuhang kalakalan: Britain 53.5 porsyento; Germany 28.83 porsyento; Belgium 17.67 porsyento. Mas huling pumasok ang France na may 4.8 porsyento, 5.8 porsyento at 6.4 porsyento sa una, ikalawa at ikatlong taon, ayon sa pagkakasunud-sunod, na sobra sa hangganang 100 porsyento, ibig sabihin, nang may kabuuang 104.8 porsyento, atbp. Noong 1905, pumasok sa kartel ang United States Steel Corporation; pagkatapos, ang Austria; pagkatapos, ang Espanya.

> "Sa kasalukuyan," ayon kay Vogelstein noong 1910, "nalubos na ang pagkakahati ng daigdig, at pwede na ngayong manirahan sa langit ni Jupiter na tulad ng makata ang malalaking konsyumer, pangunahin ang mga perokaril ng estado – dahil nahati-hati na ang daigdig nang walang pagsasaalang-alang sa mga interes nila."[8]

Babanggitin din natin ang Internasyunal na Sindikato sa Zinc, na itinatag noong 1900, na maingat na naglaan ng produkto sa tatlong grupo ng pagawaan: German, Belgian, French, Espanyol at British. At, ayon kay Liefmann, may Internasyunal na Trust sa Dinamita na:

> "isang napakamoderno at mahigpit na alyansa ng lahat ng nagmamanupaktura ng explosibo na masasabing naghati-hati ng buong daigdig sa hanay nila mismo kasama ng mga nagmamanupaktura ng dinamita na French at Amerikano, na organisadong kapareho nila."[9]

Sa kalkulasyon ni Liefmann, may mga 40 internasyunal na kartel lahat-lahat noong 1897 kung saan may sapi ang Germany, samantalang mga 100 ito noong 1910.

8 Th. Vogelstein, *Organisationsformen* (Mga Anyo ng Organisasyon), p. 100.
9 R. Liefmann, *Kartelle und Trusts*, ikalawang edisyon, p. 161.

Ilang burges na mga manunulat (na kasamahan na ngayon mismo ni Karl Kautsky na lubusan nang tumalikod sa posisyong Marxista niya halimbawa noong 1909) ay nagpapahayag ng opinyong pinakamatingkad na mga expresyon ng internasyunalisasyon ng kapital ang internasyunal na mga kartel, at kung gayon, nagbibigay ang mga ito ng pag-asa sa kapayapaan sa hanay ng mga bayan sa ilalim ng kapitalismo. Kakatwa sa teorya ang opinyong ito, samantalang pinong pandaraya at di matapat na depensa ito ng pinakamasahol na oportunismo sa praktika. Ipinapakita ng internasyunal na mga kartel kung ano na ang inabot ng pag-unlad ng mga monopolyong kapitalista at *isinisiwalat* ng mga ito *ang target* ng tunggalian ng iba't ibang asosasyong kapitalista. Pinakamahalaga ang huling sirkunstansyang ito; ito lamang ang nagpapakita sa atin ng istoriko-ekonomikong kahulugan ng mga nangyayari; ito'y dahil maaari at talagang laging nagbabago ang mga *anyo* ng tunggalian ayon sa magkakaiba, relatibong partikular, at pansamantalang mga dahilan, pero habang may mga uri *tiyak na hindi maaaring* magbago ang *esensya* ng tunggalian, ang makauring *nilalaman* nito.

Natural, nasa interes ng burgesyang German, halimbawa, na pinapanigan na ngayon ni Kautsky sa kanyang mga argumentong teoretikal (sunod nating tatalakayin ito), na palabuin ang *nilalaman* ng kasalukuyang tunggaliang pang-ekonomya (ang paghahati-hati ng daigdig) at idiin ngayon ang *anyong* ito at pagkatapos ang anyo iyon naman ng tunggalian. Ganoon din ang kamalian ni Kautsky. Mangyari pa, hindi lamang ang burgesyang German ang iniisip natin kundi ang burgesya sa lahat ng dako ng daigdig. Hindi dahil sa anumang partikular na malisya pinaghahatian ng mga kapitalista ang daigdig, kundi pinupwersa sila ng inabot nang antas ng konsentrasyon na gamitin ang paraang ito para makakuha ng mga tubo. At hinahati nila ito sa proporsyon ng "kapital," sa proporsyon ng "lakas," dahil walang anumang ibang pwedeng sistema ng paghahati-hati sa ilalim ng produksyon ng kalakal at kapitalismo. Pero nag-iiba-iba ang lakas ayon sa antas ng pag-unlad sa ekonomya at pulitika. Para maintindihan kung anong nangyayari, kailangang malaman kung anong mga usapin ang nilulutas ng pagbabagong ito ng lakas. Segundaryong usapin kung "purong" pang-ekonomya o *di* pang-ekonomya (halimbawa, militar) ito, na hinding-hindi nakakaapekto sa pundamental na pananaw sa pinakahuling panahon ng kapitalismo. Pagbagsak sa pagiging sopista ang palitan ang usapin ng *anyo* ng mga tunggalian at kasunduan (mapayapa ngayon, mapandigma bukas, at mapandigma muli kinabukasan) ng usapin ng *nilalaman* ng tunggalian at mga kasunduan ng mga asosasyong kapitalista.

Ipinapakita sa atin ng kapanahunan ng modernong kapitalismo na may nabubuong tiyak na mga relasyon sa pagitan ng mga asosasyong kapitalista, *batay* sa paghahati-hating pang-ekonomya ng daigdig; samantalang katapat ng katotohanang ito at kaugnay nito, may nabubuong tiyak na mga relasyon sa pagitan ng mga alyansa sa pulitika, sa pagitan ng mga estado, batay sa teritoryal na paghahati-hati ngdaigdig, sa tunggalian para sa mga kolonya, sa "tunggalian para sa saklaw ng impluwensya."

# KABANATA 6

## ANG PAGHAHATI-HATI NG DAIGDIG SA HANAY NG MALALAKING KAPANGYARIHAN

Sa kanyang librong *The Territorial Development of the European Colonies (Ang Teritoryal na Pag-unlad ng mga Kolonyang Europeano)* ng dyograper na si A. Supan,[1] ibinibigay niya ang sumusunod na maikling suma ng pag-unlad na ito sa pagtatapos ng ika-19 na siglo:

PORSYENTAHE NG MGA TERITORYONG PAG-AARI NG KOLONYAL NA MGA KAPANGYARIHANG EUROPEANO (Kabilang ang US)

| | 1876 | 1900 | paglaki o pagliit |
|---|---|---|---|
| Aprika | 10.8 | 90.4 | +79.6 |
| Polynesia | 56.8 | 98.9 | +42.1 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Asya | 51.5 | 56.6 | + 5.1 |
| Australia | 100.0 | 100.0 | - |
| Amerika | 27.5 | 27.2 | – 0.3 |

Kongklusyon niya na "Ang likas na katangian ng panahong ito kung gayon ay ang dibisyon ng Aprika at Polynesia."

Dahil walang mga teritoryong hindi sakop – ibig sabihin, mga teritoryong hindi pag-aari ng alinmang estado – sa Asya at Amerika, kailangang palawigin ang kongklusyon ni Supan, at kailangang sabihin na likas na katangian ng panahong ito ang pinal na pagpartisyon ng mundo – pinal, hindi sa pakahulugang imposible ang *bagong* partisyon; kabaligtaran nito, posible at di maiiwasan ang bagong mga partisyon – pero sa pakahulugang *nilubos* na ng patakarang kolonyal ng mga bayang kapitalista ang pag-agaw sa mga teritoryong hindi sakop sa planeta natin. Sa unang pagkakataon, lubos nang nahati-hati ang daigdig, kaya muling paghahati-hati na *lamang* ang posible sa hinaharap; maaari *lamang* na mapasakamay ang mga teritoryo mula sa isang "may-ari" tungo sa isa pa, sa halip na mapasakamay ng isang "magmamay-ari" bilang teritoryong walang may-ari.

1 A. Supan, *Die territoriale Entwicklung der europäischen Kolonien*, Gotha, 1906, p. 254.

Kung gayon, nabubuhay tayo sa isang kakaibang panahon ng patakarang kolonyal sa daigdig na napakahigpit na nakaugnay sa "pinakahuling yugto sa pag-unlad ng kapitalismo", sa kapital sa pinansya. Dahil dito, una sa lahat, kailangang detalyadong talakayin ang datos para matukoy sa pinakatiyak na makakaya kung ano ang nag-iiba ng kapanahunang ito sa mga nauna rito, at kung ano ang kasalukuyang sitwasyon. Unang-una, dalawang usapin ng katotohanan ang lumilitaw: namamalas ba ang pagtindi ng patakarang kolonyal, ang pagtindi ng tunggalian para sa mga kolonya, sa mismong panahong ito ng kapital sa pinansya? At kaugnay nito, paano nahahati ang daigdig sa kasalukuyan?

Sa libro ng Amerikanong manunulat na si Morris tungkol sa kasaysayan ng kolonisasyon,[2] tinangka niyang lagumin ang datos sa mga pag-aaring kolonyal ng Great Britain, France at Germany sa iba't ibang panahon ng ika-19 na siglo. Sumusunod ang maikling suma ng mga resultang nakuha niya:

2 Henry C. Morris, *The History of Colonisation* (Ang Kasaysayan ng Kolonisasyon), New York, 1900, II, p. 88; I, pp. 304, 419.

KOLONYAL NA MGA PAG-AARI
(Milyong milya kwadrado at milyong naninirahan)

| | GREAT BRITAIN | | FRANCE | | GERMANY | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | ERYA | POPULASYON | ERYA | POPULASYON | ERYA | POPULASYON |
| 1815-30 | ? | 126.4 | 0.02 | 0.5 | – | - |
| 1860 | 2.5 | 145.1 | 0.2 | 3.4 | – | - |
| 1880 | 7.7 | 267.9 | 0.7 | 7.5 | – | - |
| 1899 | 9.3 | 309.0 | 3.7 | 56.4 | 1.0 | 14.7 |

Para sa Great Britain, ang panahon ng malaking paglawak ng kolonyal na pananakop ay iyong sa pagitan ng 1860 at 1880, at napakalaki din nito sa huling dalawampung taon ng ika-19 na siglo. Para sa France at Germany, ang panahong ito ay nasa huli mismong dalawampung taong ito. Nakita natin sa itaas na inabot ang rurok ng pag-unlad ng pre-monopolyong kapitalismo, ng kapitalismo kung saan nangingibabaw ang malayang kompetisyon, noong mga dekadang 1860 at 1870. Nakikita natin ngayon na nagsimula ang napakalaking "kasagsagan" ng mga kolonyal na pananakop *pagkaraan ng panahong iyon mismo*, at naging pambihira ang talas ng tunggalian para sa teritoryal na paghahati-hati ng daigdig. Walang duda kung gayon na ang transisyon ng kapitalismo tungo sa yugto ng monopolyong kapitalismo, sa kapital sa pinansya, ay konektado sa pag-igting ng tunggalian para sa paghahati-hati ng daigdig.

Tinukoy ni Hobson, sa kanyang akda tungkol sa imperyalismo, ang mga taong 1884-1900 bilang panahon ng pag-igting ng "pagpapalawak" ng pangunahing mga estadong Europeano. Ayon sa kanyang tantya, nasakop ng Great Britain sa mga taong ito ang 3,700,000 milya kwadrado ng teritoryong may populasyong 57,000,000; nasakop ng France ang 3,600,000 milya kwadradong may populasyong 36,500,000; nasakop ng Germany ang 1,000,0000 milya kwadradong may populasyong 16,700,000; nasakop ng Belgium ang 900,000 milya kwadradong may 30,000,000 naninirahan; Portugal, 800,000 milya kwadradong may 9,000,000 naninirahan. Sa kasaysayan ng diplomasya at mga usaping panlabas, batid ng lahat ang katotohanan ng agawan para sa mga kolonya ng lahat ng estadong kapitalista sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, laluna mula noong dekadang 1880.

Nang nasa rurok ang malayang kompetisyon sa Great Britain, ibig sabihin, sa pagitan ng 1840 at 1860, tutol ang pangunahing burges na mga pulitikong British sa patakarang kolonyal at sa kanilang opinyon, di maiiwasan at kanais-nais ang paglaya ng mga kolonya at ang kanilang lubos na paghiwalay sa Britain. Ipinapakita ni M. Beer sa kanyang artikulong "Modernong Imperyalismong British"[3] na inilathala noong 1898, na noong 1852 ipinahayag ni Disraeli, isang estadistang kiling sa imperyalismo sa pangkalahatan: "Mga pabigat sa ating leeg ang mga kolonya." Pero sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, ang mga bayani ng panahon sa Britain ay sina Cecil Rhodes at Joseph Chamberlain, na hayag na nagtataguyod ng imperyalismo at gumamit ng imperyalistang patakaran sa pinakamapang-aglahing paraan!

3 *Die Neue Zeit*, XVI, I, 1898, p. 302.

Napakainteresanteng pansinin na kahit na sa panahong iyon, nakita nitong nangungunang burges na mga pulitiko ng Britain ang koneksyon sa pagitan ng matatawag na lantay na pang-ekonomya at ng sosyo-pulitikong mga ugat ng modernong imperyalismo. Itinaguyod ni Chamberlain ang imperyalismo bilang isang "patakarang tumpak, matalino at ekonomiko", at partikular na tinukoy niya ang kompetisyongnakakasalubong ng Great Britain sa pamilihan ng daigdig mula sa Germany, Amerika at Belgium. Nakasalalay ang kaligtasan sa mga monopolyo, sabi ng mga kapitalista habang nagbubuo sila ng mga kartel, *syndicate* at trust. Nakasalalay ang kaligtasan sa mga monopolyo, inulit ng mga lider pulitiko ng burgesya habang nagmamadaling angkinin ang mga bahagi ng daigdig na hindi pa napapaghatian. At pabatid sa atin ng matalik niyang kaibigang peryodistang si Stead, ipinahayagsa kanya ni Cecil Rhodes noong 1895 ang mga ideya niyang imperyalista:

> "Nasa Dulong Silangan ako ng London (purok ng mga manggagawa) kahapon at dumalo ako sa pulong ng mga walang hanapbuhay. Pinakinggan ko ang mababagsik na

talumpati na simpleng paghingi ng ’tinapay', ’tinapay', at habang pauwi, pinag-isipan ko ang eksena at nakumbinsi ako, higit kailanman sa kahalagahan ng imperyalismo... Ang itinatangi kong ideya ay solusyon para sa suliraning panlipunan, ibig sabihin, para iligtas mula sa madugong gera sibil ang 40,000,000 naninirahan sa United Kingdom, kailangang makakuha tayong mga estadistang kolonyal ng bagong kalupaan para mailugar ang sarplas na populasyon at mabigyan ng bagong mga pamilihan ang mga produkto na nililikha sa mga pagawaan at minahan. Gaya ng lagi ko nang sinasabi, usapin ng isda at kanin ang Imperyo. Kung nais ninyong iwasan ang gera sibil, kailangang maging mga imperyalista kayo."[4]

Iyon ang sinabi noong 1895 ni Cecil Rhodes, isang milyunaryo, hari ng pinansya, ang taong pangunahing responsable sa Digmang Anglo-Boer. Krudo at sinikal nga ang depensa niya sa imperyalismo, pero hindi naiiba ang sustansya nito sa "teorya" na itinaguyod nina G. Maslov, Sudekum, Potresov, David, ng tagapagtatag ng Marxismong Ruso at iba pa. Medyo mas matapat na sosyal-sobinista nga lamang si Cecil Rhodes.

4 *Ibid.,* p. 304.

Para maglahad ng pinakapresisong larawang posible ng teritoryal na paghahati-hati ng daigdig at ng mga pagbabagong nangyari sa huling mga dekada kaugnay nito, gagamitin ko ang datos na ibinigay ni Supan sa akdang sinipi na natin tungkol sa mga pag-aaring kolonyal ng lahat ng kapangyarihan sa daigdig. Sinusuri ni Supan ang mga taong 1876 at 1900; kukunin ko ang taong 1876 – ang taon na angkop piliin dahil mismong sa panahong ito masasabing nalubos na, sa pangkalahatan, ang pre-monopolistang yugto ng pag-unlad ng kapitalismong Kanlurang Europeano, at ang taong 1914, at sa halip ng datos ni Supan, sisipiin ko naman ang mas bagong istatistiks sa *Geographical and Statistical Tables (Heograpikal at Istatiskal na mga Talaan)* ni Hubner. Nagbibigay si Supan ng datos para sa mga kolonya lamang; sa palagay ko, para ilahad ang kumpletong larawan ng paghahati-hati ng daigdig, makakatulong na idagdag ang ilang datos tungkol sa di kolonyal at malakolonyal na mga bayan tulad ng Persia, Tsina at Turkey. Halos lubos nang kolonya ang Persia; nasa proseso ng pagiging kolonya ang Tsina at Turkey. Kung gayon nakukuha natin ang sumusunod na suma:

MGA PAG-AARING KOLONYAL NG MALALAKING KAPANGYARIHAN

(Milyong kilometro kwadrado at milyong naninirahan o tao)

| | MGA KOLONYA | | | | MGA BAYANG METROPOLITAN | | KABUUAN | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1876 | | 1914 | | 1914 | | 1914 | |
| | ERYA | TAO | ERYA | TAO | ERYA | TAO | ERYA | TAO |
| Great Britain | 22.5 | 251.9 | 33.5 | 393.5 | 0.3 | 46.5 | 33.8 | 440.0 |
| Rusya | 17.0 | 15.9 | 17.4 | 33.2 | 5.4 | 136.2 | 22.8 | 169.4 |
| Pransya | 0.9 | 6.0 | 10.6 | 55.5 | 0.5 | 39.6 | 11.1 | 95.1 |
| Germany | – | – | 2.9 | 12.3 | 0.5 | 64.9 | 3.4 | 77.2 |
| US | – | – | 0.3 | 9.7 | 9.4 | 97.0 | 9.7 | 106.7 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Japan | – | – | 0.3 | 19.2 | 0.4 | 53.0 | 0.7 | 72.2 |
| Kabuuan | 40.4 | 273.8 | 65.0 | 523.4 | 16.5 | 437.2 | 81.5 | 960.6 |
| Kolonya ng ibang kapangyarihan (Belgium, Holland, atbp.) | | | | | | | 9.9 | 45.3 |
| Malakolonyal na mga bayan (Persia, Tsina, Turkey) | | | | | | | 14.5 | 361.2 |
| Ibang mga bayan | | | | | | | 28.0 | 289.9 |
| Kabuuang erya at tao ng daigdig | | | | | | | 133.9 | 1,657.0 |

Nakikita natin sa datos na ito kung gaano na "kalubos" ang partisyon ng daigdig sa pagpasok sa ika-20 siglo. Pagkaraan ng 1876, napakalaki ng idinami ng mga pag-aaring kolonyal, nang mahigit 50 porsyento, mula 40,000,000 tungong 65,000,000 kilometro kwadrado sa erya para sa anim na pinakamalaking kapangyarihan, na karagdagang 25,000,000 kilometro kwadrado, ibig sabihin, 50 porsyentong mas malaki kaysa erya ng "sariling" mga bayang may kabuuang 16,500,000 kilometro kwadrado. Noong 1876 walang kolonya ang tatlong kapangyarihan, at halos wala ang ikapat, ang France. Noong 1914, may 14,100,000 kilometro kwadrado ng mga kolonya ang apat na kapangyarihang ito, o isang eryang mas malaki nang halos kalahati kaysa niyong sa Europa, at may populasyong halos 100,000,000. Napakatingkad ang di-pagkakapantay sa tantos ng paglawak ng mga pag-aaring kolonyal. Halimbawa, kung paghahambingin ang France, Germany at Japan, na hindi napakalaki ng pagkakaiba sa erya at populasyon, makikita natin na sinakop ng France ang kolonyal na teritoryong halos tatlong beses niyong pinagsamang sinakop ng dalawa pa. Kaugnay ng kapital sa pinansya, sa simula ng panahong pinag-aaralan natin, marahil ilang beses ding mas mayaman ang France kaysa pinagsamang Germany at Japan. Dagdag at batay sa mga kalagayang lantay pang-ekonomya, apektado din ng mga kondisyong heograpikal at ibang mga kalagayan ang laki ng mga pag-aaring kolonyal. Gaanuman katatag ang proseso ng pagpapatas ng daigdig, ng pagpapatas ng mga kalagayan sa ekonomya at sa pamumuhay sa iba't ibang bayan sa nakaraang mga dekada bilang resulta ng presyur ng malakihang industriya, palitan at kapital sa pinansya, nananatili pa rin ang malalaking pagkakaiba; at sa hanay ng anim na kapangyarihan, nakikita natin, unang-una, ang batang mga kapangyarihang kapitalista (Amerika, Germany, Japan) na pambihira sa bilis ang pag-unlad; ikalawa, ang mga bayang may lumang kapitalistang pag-unlad (France at Great Britain), na mas mabagal na umunlad nitong huli kaysa niyong naunang binanggit na mga bayan; at ikatlo, isang bayang pinakaatrasado sa ekonomya (Rusya) kung saan masasabing nakahabi ang modernong imperyalismong kapitalista sa pagkahigpit-higpit na lambat ng mga relasyong pre-kapitalista.

Sa tabi ng mga pag-aaring kolonyal ng malalaking kapangyarihang ito, ipinuwesto natin ang maliliit na kolonya ng maliliit na estado na masasabing sunod na posible at malamang na target ng " muling paghahati-hati" ng mga kolonya. Nagagawa ng maliliit na estadong ito na panatalihin ang kanilang mga kolonya dahil lamang sa nagtutunggaling mga interes, kiskisan, atbp., sa hanay ng malalaking kapangyarihan, na pumipigil sa pagkakasundo nila kaugnay ng paghahati-hati ng dambong. Nagbibigay ng halimbawa ang "mga estadong malakolonyal" ng mga anyong transisyunal na matatagpuan sa lahat ng saklaw ng kalikasan at lipunan. Ang kapital sa pinansya ay isang napakalaki, masasabi pa ngang napakamapagpasyang pwersa sa lahat ng relasyong pang-ekonomya at lahat ng relasyong internasyunal, kung kaya't kayang ipailalim, at aktwal na ipinapailalim nito sa sarili, kahit na ang mga estadong nagtatamasa ng

ganap na independensya sa pulitika. Di na magtatagal at makikita natin ang mga halimbawa nito. Gayunman, natural na "pinakakumbinyente" para sa kapital sa pinansya ang anyo ng pananakop na nawawala ang kasarinlan sa pulitika ng sinakop na mga bayan at mamamayan, at nakapipiga ito ng pinakamalaking tubo mula sa ganito. Kaugnay nito, nagbibigay ng tipikal na halimbawa ng "panggitnang yugto" ang mga bayang malakolonyal. Natural na kinailangang maging napakapait ang tunggalian para sa maladependyenteng mga bayang ito sa panahon ng kapital sa pinansya, nang nahati-hati na ang lahat ng ibang bahagi ng daigdig.

Umiral na ang patakarang kolonyal at ang imperyalismo bago pa ng huling yugto ng kapitalismo, at kahit pa nga bago ng kapitalismo. Itinaguyod ng Roma, na nakasalalay sa pang-aalipin, ang patakarang kolonyal at ipinatupad ang imperyalismo. Pero di maiiwasang nauuwi sa walang kabagay-bagay o paghahambog, tulad ng paghahambing na "Mas Malaking Roma at Mas Malaking Britain"[5], ang "pangkalahatang" mga argumento tungkol sa imperyalismo, na nagbabalewala o nagpapalabo ng pundamental na pagkakaiba ng mga pormasyong sosyo-ekonomiko. Maging ang kapitalistang patakarang kolonyal ng *naunang* mga yugto ng kapitalismo ay naiiba sa esensya sa patakarang kolonyal ng kapital sa pinansya.

5 Pagtukoy sa libro ni C. P. Lucas, *Greater Rome and Greater Britain* (Mas Malaking Roma at Mas Malaking Britain), Oxford, 1912, o sa *Ancient and Modern Imperialism* (Sinauna at Modernong Imperyalismo) ng Biskonde ng Cromer, London, 1910.

Ang prinsipal na katangian ng huling yugto ng kapitalismo ay ang dominasyon ng mga asosasyong monopolista ng malalaking kapitalista. Pinakamatibay na naitatatag ang mga monopolyong ito kapag kontrolado ng iisang grupo ang *lahat* ng pinagkukunan ng hilaw na materyales. At nakita na natin kung gaano kasigasig na ibinubuhos ng internasyunal na mga asosasyong kapitalista ang lahat para pawian ng lahat ng pagkakataon ang kanilang mga karibal na makipagkumpetisyon; halimbawa, sa pagbili ng mga lupaing mayaman sa bakal, mga minahan ng langis, atbp. Tanging ang pag-aaring kolonyal ang nakapagbibigay ng lubos na garantiya sa mga monopolyo laban sa lahat ng di inaasahan sa pakikitunggali sa mga karibal, kabilang ang kaso ng pagnanais ng karibal na maprotektahan ang sarili sa pamamagitan ng batas na nagtatatag ng monopolyo ng estado. Kapag mas maunlad ang kapitalismo, mas lalong nararamdaman ang kakapusan sa hilaw na materyales, nagiging mas matindi ang kompetisyon at ang paghahanap ng hilaw na materyales sa lahat ng dako ng daigdig, at nagiging mas desperado ang tunggalian para sa pananakop ng mga kolonya.

Ayon kay Schilder:

> "Maaari pa ngang igiit, bagamat maaaring magmistulang kabalintunaan sa ilan, na sa humigit-kumulang ay maaaninag na kinabukasan, mas malamang na mahadlangan ang paglaki ng industriyal na populasyong urban ng kakapusan sa hilaw na materyales para sa industriya kaysa ng kakapusan sa pagkain."

Halimbawa, palaki ang kakapusan sa troso – na tuluy-tuloy na pataas ang presyo – sa kwero, at sa hilaw na materyales para sa industriya ng tela.

> "Maaari nating banggitin bilang mga halimbawa ng pagsisikap ng mga asosasyon ng mga nagmamanupaktura na likhain ang ekwilibriyo ng industriya at agrikultura sa ekonomya ng daigdig sa kabuuan ang *International Federation of Cotton Spinners' Associations* (Internasyunal na Pederasyon ng mga Asosasyon ng Tagasulid ng Bulak) sa ilan sa pinakamahahalagang bayang industriyal, na itinatag noong 1904, at ang *European*

*Federation of Flax Spinners' Associations* (Pederasyong Europeano ng mga Asosasyon ng Tagakidkid ng Flax), na itinatag sa ganoon ding modelo noong 1910."[6]

Mangyari pa, ang mga repormistang burges, at kabilang laluna ang kasalukuyang mga kapanalig ni Kautsky, ay nagtatangka na maliitin ang kahalagahan ng ganitong klase ng datos sa pamamagitan ng pangangatwiran na "maaaring" makakuha ng hilaw na materyales sa bukas na pamilihan nang walang patakarang kolonyal na "pagbabayaran nang mahal at mapanganib"; at, "maaaring" palakihin nang husto ang suplay ng hilaw na materyales sa pamamagitan ng "simpleng" pagpapahusay ng kalagayan sa agrikultura sa pangkalahatan. Pero pagmamatwid lamang ang mga argumentong ito para sa imperyalismo, isang pagtatangka na ganyakan ito, dahil winawalang bahala nila ang pangunahing katangian ng pinakahuling yugto ng kapitalismo: ang mga monopolyo. Lalong nagiging lipas ang malayang mga pamilihan; nililimitahan nang nililimitahan ang mga ito ng monopolistang mga *syndicate* at trust sa bawat araw na lumilipas; at ang "simpleng" pagpapahusay ng kalagayan sa agrikultura ay nangangahulugan ng pagpapahusay ng kalagayan ng masa, pagtataas ng sahod at pagpapaliit ng tubo. Maliban sa imahinasyon ng sentimentalistang mga repormista, saan matatagpuan ang alinmang trust na may kakayahang maging interesado sa kalagayan ng masa sa halip na sa pagsakop ng mga kolonya?

6 Schilder, *op. cit.,* pp. 38 at 42.

Interesado ang kapital sa pinansya hindi lamang sa natuklasan nang mga pagkukunan ng hilaw na materyales; interesado din ito sa potensyal na mga pagkukunan ng hilaw na materyales, dahil napakabilis ng kasalukuyang teknikal na mga pagsulong, at maaaring magawang mataba ang lupang walang saysay ngayon kung gagamitan ng bagong mga paraan (para sa layuning ito, maaaring sangkapan ng isang malaking bangko ang isang espesyal na ekspedisyon ng mga inhinyero, ekspertong agrikultural, atbp.), at kung mamumuhunan ng malalaking halaga ng kapital. Aplikable din ito sa paghahanap ng mga mineral, sa bagong mga paraan ng pagpoproseso at paggamit ang hilaw na materyales, atbp., atbp. Ito ang dahilan ng di maiiwasang pagsisikap ng kapital sa pinansya na palawakin ang saklaw ng impluwensya nito, at maging ang aktwal na teritoryo nito. Sa paraang kina*capitalize* ng mga trust ang kanilang ari-arian sa dalawa o tatlong ulit na mas malaki sa halaga nito, nang isinasaalang-alang ang "potensyal" (at hindi ang aktwal) na kikitain nito at ang karagdagang mga bunga ng monopolyo, sa ganoong paraan din sinisikap ng kapital sa pinansya sa pangkalahatan na kamkamin ang pinakamalaking masasaklaw na lupa ng lahat ng klase at sa lahat ng lugar, at sa anumang paraan, nang umaasa sa posiblidad na makakatuklas doon ng hilaw na materyales, at sa pangambang mapag-iwanan sa maigting na tunggalian para sa huling mga labi ng independyenteng teritoryo, o para sa muling partisyon niyong mga teritoryong nahati-hati na.

Nagsusumikap nang husto ang mga kapitalistang British para mapaunlad ang pagtatanim ng bulak sa *kanilang* kolonya, ang Ehipto (noong 1904, sa 2,300,000 ektarya ng lupang tinatamnan, 600,000 o higit sa sangkapat ng pinagtatamnan ng bulak); ganoon din ang ginagawa ng mga Ruso sa *kanilang* kolonya, ang Turkestan; at ginagawa nila iyon dahil sa gayon mas mahusay silang nakakapusisyon para talunin ang mga kanilang mga dayuhang kakumpitensya, para imonopolisa ang mga pinagkukunan ng hilaw na materyales at magbuo ng trust sa tela na mas ekonomikal at mapagtutubuan kung saan "pagsasama-samahin" ang *lahat* ng proseso sa produksyon at manupaktura ng bulak at ikokonsentra ang mga ito sa kamay ng iisang bungkos ng may-ari.

Ang interes na hinahabol sa pag-eeksport ng kapital ay nagbibigay tulak rin sa pananakop ng mga kolonya, dahil mas madaling gumamit ng mga pamamaraang monopolyo para pawiin ang kompetisyon (at minsa'y ang mga ito lamang ang tanging pamamaraan na magagamit), tiyakin ang suplay, palakasin ang kailangang mga "koneksyon," atbp.

Ibinubunsod ng di pang-ekonomyang superistrukturang umuusbong sa batayan ng kapital sa pinansya, ng pulitika at ideolohiya nito, ang paghahangad sa kolonyal na pananakop. Napakatotoo ang sinasabi ni Hilferding, "Hindi kalayaan ang gusto ng kapital sa pinansya, dominasyon ang gusto nito." Ayon naman sa isang burges na manunulat na French, na nagpapaunlad at nagsusuplemento nga sa mga ideya ni Cecil Rhodes na sinipi natin sa itaas, dapat idagdag ang mga dahilang panlipunan sa mga dahilang pang-ekonomya ng modernong patakarang kolonyal:

> "Dahil sa tumitinding kompleksidad at kahirapan ng buhay na pinapasan hindi lamang ng masa ng mga manggagawa, kundi maging ng panggitnang mga uri, lumalakas ang 'kawalang pasyensya, iritasyon at pagkamuhi sa lahat ng bayan ng lumang sibilisasyon at nagiging banta ito sa kaayusang publiko; kailangang mailihis ang enerhiyang ito mula sa tiyak na makauring daluyanat mabigyan ng lagusan sa ibayong dagat para mapigilan ang pagsabog sa sariling bayan."[7]

Dahil pinag-uusapan natin ang patakarang kolonyal sa panahon ng imperyalismong kapitalista, dapat bigyang pansin na ibinubunsod ng kapital sa pinansya at ng patakarang panlabas nito, na tunggalian ng malalaking kapangyarihan para sa pang-ekonomya at pampulitika na paghahati-hati ng daigdig, ang ilang *transisyunal* na anyo ng dependensya ng estado. Tipikal sa panahong ito hindi lamang ang dalawang pangunahing grupo ng mga bayan sa daigdig , iyong mga bayang may kolonya sa isang banda at iyong mga kolonya mismo sa kabila kundi pati ang iba't ibang anyo rin ng mga bayang dependyente, mga bayang pormal na nagsasarili sa pulitika, pero tali sa katunayan sa lambat ng dependensya sa pinansya at diplomasya. May tinukoy na tayong isang anyo ng dependensya – ang malakolonya. Isa pang halimbawa ang ibinibigay ng Argentina.

Ayon kay Schulze-Gaevernitz sa akda niya tungkol sa imperyalismong British, "Umaasa nang husto sa pinansya ang Timog Amerika, at lalo na ang Argentina, sa London kung kaya dapat itong ilarawan bilang halos kolonyang komersyal na ng Britain."[8]

7 Wahl, *La France aux colonies* (France sa mga Kolonya), sinipi ni Henri Busier, *Le partage de l'Océanie* (Ang Paghahati-hati sa Oceania), Paris, 1905, pp. 165-66.
8 Schulze-Gaevernitz, *Britischer Imperialismus und englischer Freihandel zu Beginn des 20. Jahrhunderts* (Imperyalismong British at Malayang Kalakalang Ingles sa Simula ng Ikadalawampung Siglo), Leipzig, 1906, p. 318. Ganoon din ang sinasabi ni Sartorius von Waltershausen sa *Das volkswirtschaftliche System der Kapitalanlage im Auslande* (Ang Pambansang Sistemang Pang-ekonomya ng Pamumuhunang Kapital sa Ibayong Dagat), Berlin, 1907, p. 46.

Batay sa ulat noong 1990 ng konsul na Austro-Hungarian sa Buenos Aires, tinaya ni Schilder na 8,750,000,000 *francs* ang halaga ng kapital na British na ipinuhunan sa Argentina. Hindi mahirap isipin kung gaano katibay ang ugnayang nalilikha sa pagitan ng British na kapital sa pinansya (at ng tapat na "kaibigan" nito, ang diplomasya) at ng burgesyang Argentino, ng sirkulong kumokontrol sa kabuuan ng buhay pang-ekonomya at pampulitika ng bayang iyon.

Medyo naiibang anyo ng dependensyang pampinansya at diplomatiko, kasabay ng kasarinlan sa pulitika, ang inilalarawan ng Portugal. Isang independyenteng estadong soberano ang Portugal, pero sa katunayan, sa mahigit dalawang daang taon mula noong gera sa Hahalili sa Trono sa Espanya (1701-14), naging protektoradong British ito. Ipinagtanggol ng Great Britain ang Portugal at ang mga kolonya nito para palakasin ang sariling posisyon sa laban sa mga karibal nito, ang Espanya at France. Kapalit nito, tumatanggap ang Great Britain ng mga pribilehiyong komersyal, mga kondisyong preperensyal para sa import ng mga produkto, at higit sa lahat, para sa pagpasok ng kapital sa Portugal at sa mga kolonyang Portuges, ng karapatang gamitin ang mga daungan at isla ng Portugal, ang mga kable nito sa telegrama, atbp.[9] Lagi't laging umiiral ang ganitong klase ng mga ugnayan ng malalaki at maliliit na estado. Pero sa kapanahunan ng imperyalismong kapitalista, nagiging pangkalahatang sistema ang mga ito, nagiging bahagi ng kabuuang ugnayang "paghahati sa daigdig", at nagiging kawing sa kadena ng mga operasyon ng pandaigdigang kapital sa pinansya.

9 Schilder, *op. cit.,* Tomo I, pp. 159-61.

Para malubos ang pagsusuri natin ng usapin sa paghahati-hati ng daigdig, kailangang gawin natin ang sumusunod na karagdagagang obserbasyon. Napakalantaran at depinidong ihinarap ang usaping ito hindi lamang sa literaturang Amerikano pagkaraan ng Digmaang Hispano-Amerikano, kundi maging sa literaturang Ingles pagkaraan ng Digmaang Anglo-Boer, sa pinakakatapusan ng ika-19 na siglo at simula ng ika-20; hindi lamang sistematikong sinuri ng literaturang German, na "inggit na inggit" na sumubaybay sa "imperyalismong British," kundi inilahad din ito sa burges na literaturang French nang napakatiyak at napakasaklaw mula sa punto de bistang burges. Sipiin natin si Driault, ang istoryang sumulat, sa kabanatang "Ang Malalaking Kapangyarihan at ang Paghahati-hati ng Daigdig" ng kanyang aklat na *Political and Social Problems at the End of the Nineteenth Century (Mga Problemang Pampulitika at Panlipunan sa Pagtatapos ng Ika-19 na Siglo)*, ng sumusunod:

> "Sa kararaan lamang na mga taon, sakop ng mga kapangyarihan ng Europa at Hilagang Amerika ang lahat ng malayang teritoryo ng mundo, maliban sa Tsina. Ilang sagupaan na at pagbabago ng saklaw ng impluwensya ang naganap kaugnay ng usaping ito na nagbabadya ng mas teribleng mga kaguluhan sa malapit na hinaharap. Ito ay dahil kailangang magmadali. Namemeligro ang mga bansang hindi pa nakapagpupundar para sa sarili na hindi kailanman makatanggap ng kanilang parte, at hindi kailanman magkaroon ng partisipasyon sa katakut-takot na pagsasamantala sa mundo na magiging isa sa esensyal na mga katangian ng susunod na siglo" (ibig sabihin, ang ika-20). "Kaya inaalihan kailan lamang ang buong Europa at Amerika ng lagnat ng kolonyal na pagpapalawak, ng 'imperyalismo', iyong pinakatampok na katangian ng katapusan ng ika-18 siglo."

At dagdag pa ng may-akda:

> "Sa partisyong ito ng daigdig, sa hibang na paghahabol sa mga kayamanan at malalaking pamilihan ng mundo, wala sa proporsyon ang relatibong lakas ng mga imperyo na itinatag sa ika-19 na siglong ito sa lugar na inokupa sa Europa ng mga bansang nagtatag sa mga ito. *Hindi* pantay ang pangingibabaw sa buong daigdig ng dominanteng mga kapangyarihan sa Europa, iyong nagpapasya sa kanyang kahihinatnan.

At bilang kolonyal na kapangyarihan, malinaw na magkakaroon ng reaksyon ang pag-asang makokontrol ang kayamanang hindi pa nakukwenta hanggang ngayon, sa relatibong lakas ng mga kapangyarihang Europeano; babaguhin pa nang babaguhin ng usaping kolonyal – 'imperyalismo', sa ibang salita – ang mga kondisyong pampulitika ng Europa na nabago na nito."[100]

10 Ed. Driault, *Problèmes politiques et sociaux* (Mga Usaping Pampulitika at Panlipunan), Paris, 1907, p. 289.

KABANATA

## ANG IMPERYALISMO BILANG ISANG ESPESYAL NA YUGTO NG KAPITALISMO

Kailangan ngayong lagumin at tipunin natin ang mga hibla ng sinabi na sa itaas tungkol sa paksang imperyalismo. Umusbong ang imperyalismo bilang pag-unlad at tuwirang pagpapatuloy ng pundamental na mga katangian ng kapitalismo sa pangkalahatan. Pero naging kapitalistang imperyalismo lamang ang kapitalismo sa isang takda at napakataas na yugto ng pag-unlad nito, nang nagsimulang matransporma sa mga kasalungat ng mga ito ang ilan sa mga katangian nitong pundamental, nang nagsimulang magkahugis ang mga katangian ng isang panahon ng transisyon mula kapitalismo tungo sa mas mataas na sistemang panlipunan at pang-ekonomya, at lumantad ang mga ito sa lahat ng larangan. Sa ekonomya, ang pangunahing bagay sa prosesong ito ay ang pagpalit ng kapitalistang mga monopolyo sa malayang kompetisyong kapitalista. Ang malayang kompetisyon ay batayang katangian ng kapitalismo, at ng produksyon ng kalakal sa pangkalahatan, at tuwirang kasalungat ng malayang kompetisyon ang monopolyo; pero namasdan natin mismo ang transpormasyon ng una sa huli, ang paglikha ng malakihang industriya at pagpawi ng maliit na industriya, ang pagpalit sa malakihang industriya ng mas malakihan pang industriya, at ang pagtungo ng konsentrasyon ng produksyon at kapital hanggang sa antas na mula rito'y sumibol at lumalago ang monopolyo: mga kartel, *syndicate* at trust, at ang pagsanib sa mga ito ng kapital ng humigit-kumulang ay isang dosenang mga bangko na nagmamanipula ng libu-libong milyon. Kasabay nito, hindi pinapawi ng monopolyo, na nanggaling sa malayang kompetisyon, ang huli, kundi umiiral nang nangingibabaw at kaagapay nito, at sa gayon ay nagbubunsod ng maraming napakatalim at napakatinding mga antagonismo, kiskisan at labanan. Ang monopolyo ang transisyon mula kapitalismo tungong mas mataas na sistema.

Kung kinakailangang magbigay ng pinakamaikling posibleng depinisyon ng imperyalismo, dapat nating sabihin na ang imperyalismo ang monopolyong yugto ng kapitalismo. Nakapaloob sa ganoong depinisyon ang pinakamahalaga dahil, sa isang banda, ang kapital sa pinansya ay ang kapital sa bangko ng iilang napakalaking bangkong monopolista na sumanib sa kapital ng monopolistang mga asosasyon ng mga industriyalista; at sa kabilang banda, ang dibisyon ng daigdig ang transisyon mula sa patakarang kolonyal na walang sagabal na sumaklaw sa mga teritoryong hindi okupado ng alinmang kapangyarihang kapitalista, tungong isang patakarang kolonyal ng monopolistikong pag-aari sa teritoryo ng daigdig na ganap nang nahati-hati.

Pero kahit na kumbinyente dahil nilalagom nito ang pangunahing mga punto, hindi nakasasapat gayunpaman ang napakaiikling depinisyon dahil kailangang halawin mula rito ang ilang napakahalagang mga katangian ng penomenong nangangailangan ng depinisyon. Kung gayon, nang hindi kinakalimutan ang kondisyunal at relatibong halaga ng lahat ng depinisyon sa pangkalahatan, na hindi kailanman makakasaklaw sa lahat ng pagkakawing-kawing ng mga pangyayari sa buong pag-unlad ng isang penomenon, kailangang magbigay tayo ng depinisyon ng imperyalismo na sasaklaw sa sumusunod na lima sa esensyal na mga katangian nito:

1) Umunlad ang konsentrasyon ng produksyon at kapital sa napakataas na antas kung kaya lumikha ito ng mga monopolyong gumaganap ng mapagpasyang papel sa buhay pang-ekonomya.
2) Ang pagsasanib ng kapital ng bangko sa kapital sa industriya, at ang paglikha, sa batayan ng "kapital sa pinansya" na ito, ng "oligarkiya sa pinansya."
3) Ang eksport ng kapital, kaiba sa eksport ng kalakal, ay nagkaroon na ng pambihirang kahalagahan.
4) Ang pormasyon ng internasyunal na mga asosasyong monopolistang kapitalista na naghahati-hati sa daigdig, at
5) Ang teritoryal na paghahati-hati ng buong daigdig sa hanay ng pinakamalalaking kapangyarihang kapitalista ay nalubos na.

Ang imperyalismo ay kapitalismo na nasa yugtong iyon ng pag-unlad kung saan latag na ang dominasyon ng mga monopolyo at kapital sa pinansya; kung saan tampok na ang kahalagahan ng eksport ng kapital; kung saan nagsimula na ang dibisyon ng daigdig sa hanay ng pandaigdigang mga trust; kung saan nalubos na ang dibisyon ng lahat ng teritoryo ng mundo sa hanay ng malalaking kapangyarihang kapitalista.

Maya-maya, makikita natin na maaari at dapat ipaliwanag ang kahulugan ng imperyalismo sa ibang paraan kung isasaalang-alang hindi lamang ang saligan at purong pang-ekonomyang mga konsepto – kung saan nakalimita ang depinisyon sa itaas – kundi pati ang istorikong lugar ng yugtong ito ng kapitalismo kaugnay ng kapitalismo sa pangkalahatan, o ang relasyon ng imperyalismo at ng dalawang pangunahing tunguhin sa kilusan ng uring manggagawa. Ang kailangang bigyang pansin ngayon ay walang dudang kinakatawan ng imperyalismo, sa interpretasyon sa itaas, ang isang espesyal na yugto sa pag-unlad ng kapitalismo. Para makakuha ang mambabasa ng may pinakamatibay na batayang ideya ng imperyalismo, sadyang sinikap kong sipiin, sa pinakamasaklaw na posibleng paraan, ang mga ekonomistang *burges* na napilitang aminin ang partikular na hindi mapag-aalinlanganang mga katotohanan kaugnay ng pinakahuling yugto ng ekonomyang kapitalista. Sa ganoon ding layunin, nagsipi rin ako ng detalyadong istatistiks na nagpapaunawa kung gaano kalawak ang pag-unlad ng kapital sa bangko, atbp., at kung ano ang pinakamanipestasyon ng transpormasyon ng kantidad tungo sa kalidad, ng maunlad na kapitalismo tungo sa imperyalismo. Hindi na kailangang banggitin pa na kondisyunal at nagbabago ang lahat ng hangganan sa kalikasan at lipunan, at bunga nito, magiging kakatwang talakayin ang tiyak na taon o dekada kung kailan "depinidong" naitatag ang imperyalismo.

Gayunman, sa usaping ito ng depinisyon ng imperyalismo, kailangang pasukin natin ang pakikipagtalo pangunahin kay Karl Kautsky, ang prinsipal na teoretisyang Marxista ng kapanahunan ng diumano'y Ikalawang Internasyunal – ibig sabihin, ng 25 taon sa pagitan ng 1889 at 1914.

Noong 1915 at maski noong Nobyembre 1914, napakadiing inatake ni Kautsky ang pundamental na mga ideyang nakasaad sa ating depinisyon ng imperyalismo. Sinabi ni Kautsky na hindi dapat tingnang isang "bahagi" o yugto ng ekonomya ang imperyalismo kundi isang patakaran, isang depinidong patakarang "mas ginusto" ng kapital sa pinansya; na hindi pwedeng "kilalanin" bilang "kontemporaryong kapitalismo" ang imperyalismo; na kung uunawain ang imperyalismo sa pakahulugang "lahat ng penomenon ng kontemporaryong kapitalismo" – mga kartel, proteksyon, ang dominasyon ng mga tagapinansya at patakarang kolonyal – nauuwi sa "pinakawalang katuturang pag-uulit" sa gayon ang usapin ng kung kailangan ba ng kapitalismo ang imperyalismo; dahil kung gayon, "natural na kailangang-kailangan ng kapitalismo ang imperyalismo," at iba pa. Ang pinakamahusay na paraan upang ilahad ang mga ideya ni Kautsky ay ang pagsipi sa kanyang sariling depinisyon ng imperyalismo na tuwirang kasalungat ng sustansya ng mga ideyang inilatag ko (dahil matagal nang alam ni Kautsky na pagtutol ng isang depinidong tunguhin sa Marxismo ang mga pagtutol na nanggagaling sa kampo ng mga Marxistang German, na maraming taon nang nagtataguyod ng ganoong mga ideya).

Ganito ang depinisyon ni Kautsky:

> "Produkto ang imperyalismo ng napakaunlad na kapitalismong industriyal. Nangangahulugan ito ng pagsisikap ng bawat industriyal na bansang kapitalista na kontrolin o sakupin ang papalaking *agraryong*" (pagdidiin ni Kautsky) "mga rehiyon kahit anupang mga bansa ang naninirahan sa mga rehiyong iyon."[1]

Walang kahalaga-halaga ang depinisyong ito dahil makaisang panig, ibig sabihin, arbitraryo, na pinalilitaw ang pambansang usapin lamang (bagamat napakahalaga nito sa sarili mismo at sa relasyon nito sa imperyalismo), arbitraryo at maling iniuugnay ang usaping ito sa kapital sa industriya lamang sa mga bayang nananakop ng ibang mga bansa, at sa ganoon ding kaarbitraryo at maling paraan, pinatatampok ang aneksasyon ng mga rehiyong agraryo.

1 *Die Neue Zeit*, ika-32 taon (1913-14), II, p. 909; tingnan rin ang ika-34 taon (1915-16), II, p. 107 at kasunod.

Ang imperyalismo ay isang paghahabol ng mga aneksasyon – ito ang nilalaman ng *pampulitikang* bahagi ng depinisyon ni Kautsky. Tama ito, pero kulang na kulang dahil, sa pulitika, ang imperyalismo'y isang paghahabol na patungong dahas at reaksyon sa pangkalahatan. Gayunman interesado tayo sa ngayon sa aspetong *pang-ekonomya* ng usapin, na ipinasok *mismo* ni Kautsky sa depinisyon *niya*. Matingkad ang mga kamalian ng depinisyon ni Kautsky. *Hindi* kapital sa industriya ang tampok na katangian ng imperyalismo *kundi* kapital sa pinansya. Hindi nangyari lamang na sa France, ang mismong pambihira sa bilis na pag-unlad ng kapital sa *pinansya*, at ang paghina ng kapital sa industriya, ang nagbunsod, mula 1880 pasulong, ng labis na pagtindi ng patakarang aneksasyunista (kolonyal). Ang likas na katangian ng imperyalismo ay sinisikap nitong sakupin *hindi lamang* ang mga teritoryong agraryan, kundi maging ang napaka-industriyalisadong mga rehiyon (pagnanasa ng Germany sa Belgium; pagnanasa ng France sa Lorraine), dahil (1) itinutulak ng katotohanang nahati-hati na angdaigdig ang mga nag-iisip ng *muling* paghahati-hati na abutin ang *anumang* tipo ng teritoryo, at (2) isang esensyal na katangian ng imperyalismo ang ribalan ng ilang malalaking kapangyarihan sa paghahabol ng hegemonya, *ibig sabihin*, sa pananakop ng teritoryo na hindi gaanong tuwirang para sa kanilang sarili kundi para papanghinain ang katunggali at uk-ukin ang hegemonya *nito*. (Napakahalaga ng Belgium para sa Germany bilang base ng mga

operasyon laban sa Britain; kailangan ng Britain ang Baghdad bilang base ng mga operasyon laban sa Germany, atbp.)

Partikular – at paulit-ulit – na tinutukoy ni Kautsky ang mga manunulat na Ingles na aniya'y nagbibigay ng kahulugang lantay pampulitika sa salitang "imperyalismo" sa pakahulugan na ibinibigay niya, si Kautsky, dito. Tingnan natin ang akda ng Ingles na si Hobson, ang *Imperyalism* (*Imperyalismo*), na lumabas noong 1902, at mababasa natin doon:

> "Naiiba ang bagong imperyalismo sa luma, una, kapalit ng ambisyon ng iisang lumalaking imperyo, ihinahalili ang teorya at praktika ng kompetisyon ng mga imperyo na itinutulak ng magkakatulad na pagnanasa sa pagpapalakas sa pulitika at komersyal na pakikinabang; ikalawa, sa pangingibabaw sa komersyal na interes ng interes sa pinansya o pamumuhunan."[2]

Nakikita natin kung gayon na maling-mali si Kautsky sa pag-unawa sa mga manunulat na Ingles sa pangkalahatan (liban na lamang kung ang tinutukoy niya ay mga bulgar na mga imperyalistang Ingles, o iyong aminadong mga apolohista ng imperyalismo). Nakikita nating samantalang sinasabi ni Kautsky na patuloy niyang itinataguyod ang Marxismo, humahakbang siyang paurong sa katunayan kung ihahambing sa *sosyal-liberal* na si Hobson, na *mas wastong* nagsasaalang-alang sa dalawang "istorikong kongkreto" (paglapastangan sa istorikong pagkakongkreto ang depinisyon ni Kautsky!) na mga katangian ng modernong imperyalismo: 1) ang kompetisyon sa pagitan ng *ilang* imperyalismo, at 2) ang pangingibabaw ng tagapinansya sa komersyante. Kung ito sa pangunahin ay usapin ng aneksasyon ng mga bayang agraryo sa mga bayang industriyal, mangingibabaw ang papel ng komersyante.

2 J. A. Hobson, *Imperialism – a Study* (Imperyalismo – isang Pag-aaral), London, 1902, p. 324.

Hindi lamang mali at di Marxista ang depinisyon ni Kautsky. Nagsisilbi itong basehan ng isang buong sistema ng mga pananaw na sumasalungat sa teoryang Marxista at praktikang Marxista sa kabuuan nito. Babalikan natin ito sa susunod. Hindi karapat-dapat na seryosong pansinin ang argumento tungkol sa mga salitang inihaharap ni Kautsky kaugnay ng kung dapat bang tawaging "imperyalismo" o "yugto ng kapital sa pinansya" ang pinakahuling yugto ng kapitalismo. Walang halaga kung anuman ang itawag mo dito. Ang esensya ng usapin ay inihihiwalay ni Kautsky ang pulitika ng imperyalismo sa ekonomya nito, nagbabanggit siya ng aneksasyon bilang isang patakarang "mas ginusto" ng kapital sa pinansya at itinatapat dito ang isa pang patakarang burges na posible, ayon sa sinasabi niya, sa mismong batayang ito ng kapital sa pinansya. Ayon sa kanyang pangangatwiran, umaayon sa mga monopolyo sa ekonomya ang di monopolistiko, di marahas, di mapanakop na mga paraan sa pulitika. Ayon sa kanyang pangangatwiran, umaayon sa patakarang di imperyalista ang teritoryal na dibisyon ng daigdig na nakumpleto sa panahon mismo ng kapital sa pinansya, at siya mismong batayan ng kasalukuyang natatanging mga anyo ng ribalan sa pagitan ng pinakamalalaking estadong kapitalista. Ang resulta ay ang pagpapalabo at pagpapapurol ng pinakamatitinding kontradiksyon ng pinakahuling yugto ng kapitalismo sa halip na paglalantad ng kalaliman ng mga ito; ang resulta ay ang repormismong burges sa halip na Marxismo.

Nakipagtalo si Kautsky sa German na apolohista ng imperyalismo at mga aneksasyon na si Cunow, na padaskul-daskol at sinikal na naggigiit na ang imperyalismo ay modernong kapitalismo, at di maiiwasan at progresibo ang pag-unlad ng kapitalismo; kung gayon, progresibo ang imperyalismo; kung gayon, dapat tayong mangayupapa dito at papurihan ito! Nakakatulad ito sa karikatura ng Marxismong Ruso na iginuhit ng mga Narodnik noong

1894-95. Ganito ang pangangatwiran nila: kung naniniwala ang mga Marxista na hindi maiiwasan ang kapitalismo sa Rusya, na progresibo ito, kung gayon, dapat silang magbukas ng isang inuman at simulang itanim ang kapitalismo! Ganito ang sagot ni Kautsky kay Cunow: hindi kapitalismo ng kasalukuyan ang imperyalismo. Isa lamang ito sa mga anyo ng patakaran ng modernong kapitalismo. Kaya at dapat nating labanan ang patakarang ito; kaya at dapat nating labanan ang imperyalismo, aneksasyon, atbp.

Parang napakarasonable ng sagot, pero sa katunaya'y isa itong mas pino at mas nakabalatkayo (at sa gayo'y mas mapanganib) na pagtataguyod ng konsilyasyon sa imperyalismo; dahil ang "pakikibaka" laban sa patakaran ng mga trust at bangko, na hindi tumutuligsa sa batayang pang-ekonomya ng mga trust at bangko ay pawang repormismo at pasipismong burges, sa mabait at inosenteng pagpapahayag ng banal na mga pangarap. Ang pag-iwas sa umiiral na mga kontradiksyon, ang pagkaligta sa pinakamahalaga sa mga ito, sa halip na paglalantad sa buong lalim ng mga ito – ganyan ang teorya ni Kautsky, isang teorya na walang anumang pagkakatulad sa Marxismo. Mangyari pa, ang ganoong "teorya" ay makapaglilingkod lamang sa layuning itaguyod ang pakikipagkaisa sa mga Cunow!

Ayon kay Kautsky: "Sa punto de bistang lantay pang-ekonomya, hindi imposibleng magdadaan pa ang kapitalismo sa isang bagong yugto, ang yugto ng ekstensyon ng patakaran ng mga kartel sa patakarang panlabas, ang yugto ng ultra-imperyalismo,"[3] ibig sabihin, ng superimperyalismo, isang unyon ng mga imperyalismo ng buong daigdig at hindi mga tunggalian sa kanilang hanay; isang yugto kung saan titigil na ang mga digma sa kapitalismo, isang yugto ng "pinagsamang pagsasamantala sa daigdig ng kapital sa pinansya na nagkakaisa sa pandaigdigang antas".]

Kailangang talakayin natin sa susunod ang "teorya ng ultra-imperyalismo" na ito para detalyadong ipakita kung paano mapagpasya at ganap na humihiwalay ito sa Marxismo. Sa kasalukuyan, ayon sa pangkalahatang plano ng akdang ito, dapat nating suriin ang eksaktong pang-ekonomyang datos sa usaping ito. Posible ba ang "ultra-imperyalismo" mula sa "punto de bistang lantay pang-ekonomya", o ultra-kabalbalan?

3 *Die Neue Zeit*, ika-32 taon (1913-14), II, Setyembre 11, 1914, p. 909; tingnan rin ang ika-34 taon (1915-16), II, p. 107 at kasunod.
4 *Die Neue Zeit*, ika-33 taon, II (Abril 30, 1915), p. 144.

Kung "lantay" na abstraksyon ang pakahulugan sa punto de bistang lantay pang-ekonomya, kung gayon, ang lahat ng masasabi ay mabubuod sa sumusunod na proposisyon: patungong monopolyo ang pag-unlad; kung gayon, patungo ito sa iisang pandaigdigang monopolyo, sa iisang pandaigdigang trust. Hindi ito makukwestyon, pero ganap din itong walang kabuluhan, tulad ng pahayag na ang pag-unlad ay "patungong" manupaktura ng mga pagkain sa laboratoryo. Sa pakahulugang ito, magiging kasingkakatwa ng "teorya ng ultra-agrikultura" ang "teorya" ng ultra-imperyalismo.

Sa kabilang banda, kung tinatalakay natin ang "lantay pang-ekonomyang" mga kondisyon ng kapanahunan ng kapital sa pinansya bilang isang istorikong kongkretong kapanahunan na nag-umpisa sa simula ang ika-20 siglo, pinakamahusay na sagot kung gayon na magagawa sa walang buhay na abstraksyon ng "ultra-imperyalismo" (na nagsisilbi sa pinakareaksyunaryong layunin lamang: iyong pagbabaling ng atensyon mula sa kalaliman ng *umiiral* na mga antagonismo) ang pag-iiba ng mga ito sa kongkretong pang-ekonomyang realidad ng kasalukuyang pandaigdigang ekonomya. Bukod sa iba pa, hinihikayat ng ganap na walang kabuluhang satsat ni Kautsky tungkol sa ultra-imperyalismo ang maling-maling ideya na nagbibigay lamang ng mangunguya sa mga apolohista ng imperyalismo, ibig sabihin, na

binabawasan ng paghahari ng kapital sa pinansya ang di pagkakapantay at ang mga kontradiksyong likas sa pandaigdigang ekonomya, samantalang sa katunaya'y pinalalaki nito ang mga iyon.

Sa kanyang munting librong *An Introduction to the World Economy (Isang Introduksyon sa Pandaigdigang Ekonomya)*[5] tinangka ni R. Calwer na ibuod ang pangunahin at lantay pang-ekonomyang datos na kailangan para makabuo ng kongkretong larawan ng internal na mga relasyon ng pandaigdigang ekonomya sa pagtatapos ng ika-19 at pagsisimula ng ika-20 siglo. Hinahati niya ang daigdig sa limang "pangunahing eryang pang-ekonomya", sa ganitong paraan: 1) Sentral na Europa (ang buong Europa liban sa Rusya at Great Britain); 2) Great Britain; 3) Rusya; 4) Silanganing Asya; 5) Amerika; ipinaloob niya ang mga kolonya sa "mga erya" ng estadong may sakop sa mga ito at "hindi isinasama" ang ilang bayang hindi nakapaloob sa alinman, tulad ng Persia, Afghanistan at Arabia sa Asya; Morocco at Abyssinia sa Aprika, atbp.

5 R. Calwer, *Einführung in die Weltwirtschaft*, Berlin, 1906.

Narito ang maikling suma ng datos pang-ekonomya na sinisipi niya tungkol sa mga rehiyong ito:

| | Erya | | Tao | Transportasyon | | Kalakalan | | | | | | Industriya | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| prinsipal na ekono-mikong erya | milyong | km kwad | milyon | riles | (libong km) | plotang | komersyal | (milyong | tonelada) | import | eksport at | (bilyong | mark) | produktong uling (milyon) bakal (milyon) bulak (milyong) (pangkidkid ng bulak) |
| 1) Sentral na Europeano | 27.6 (23.6)[6] | 388 (146) | 204 | | 8 | | 41 | | 251 | 15 | 26 | | | |
| 2) Britaniko | 28.9 (28.6)[6] | 398 (355) | 140 | 11 | | 25 | | 249 | 9 | | 51 | | | |
| 3) Rusya | 22 | 131 | 63 | 1 | | 3 | | 16 | 3 | 7 | | | | |
| 4) Silangang Asya | 12 | 389 | | 8 | 1 | | 2 | | 8 | | 0.02 | 2 | | |
| 5) Amerikano | 30 | 148 | 379 | | 6 | | 14 | | 245 | 14 | 19 | | | |

6 Ang nasa panaklong ay nagsasaad ng erya at populasyon ng mga kolonya.

Mapapansin natin ang tatlong erya ng napakaunlad na kapitalismo na may mataas na pag-unlad ng mga kagamitan sa transportasyon, kalakalan at industriya: ang erya ng Sentral na Europa, Britain at Amerika. Kasama dito ang tatlong estadong nagdodomina sa daigdig: ang Germany, Great Britain at United States. Labis na tumalas ang ribalang imperyalista at ang tunggalian ng mga bayang ito dahil makitid lamang ang erya ng Germany at iilan ang mga kolonya nito; isang bagay pa para sa hinaharap ang paglikha ng "Sentral na Europa"; isinisilang ito sa gitna ng desperadong tunggalian. Sa ngayon, ang natatanging katangian ng kabuuan ng Europa ay pagkakawatak-watak sa pulitika. Sa kabilang banda, sa mga eryang British at Amerikano, napakaunlad ang konsentrasyong pampulitika pero may napakalaking agwat sa pagitan ng napakalalawak na kolonya ng isa at ng mangilan-ngilang kolonya ng isa

pa. Gayunman, sa mga kolonya, kasisimula lamang ng pag-unlad ng kapitalismo. Patalas nang patalas ang tunggalian para sa Timog Amerika.

May dalawang erya kung saan hindi pa maunlad ang kapitalismo: sa Rusya at sa Silanganing Asya. Sa una, kakaunti ang populasyon, habang makapal naman ito sa huli; sa una, napakataas ang konsentrasyong pampulitika, hindi naman ito umiiral sa huli. Kasisimula lamang ng partisyon ng Tsina at walang humpay na tumitindi ang tunggalian ng Japan, US, atbp., para dito.

Ihambing ang realidad na ito – ang napakalawak na pagkakaiba-iba ng mga kalagayan sa ekonomya at pulitika, ang lubos na pagkakaiba sa tantos ng pag-unlad ng iba't ibang bayan, atbp., at ang mararahas na tunggalian sa hanay ng mga estadong imperyalista -- sa hangal na munting pabula ni Kautsky tungkol sa "mapayapang" ultra-imperyalismo. Hindi ba't ito ay reaksyunaryong pagtatangka ng takot na pilistino na pagtaguan ang malupit na katotohanan? Hindi ba't halimbawa ang internasyunal na mga kartel, na sa isip ni Kautsky ay mga binhi ng "ultra-imperyalismo" (katulad ng "maaaring" ilarawan ang pagmamanupaktura ng mga tableta sa isang laboratoryo bilang binhi ng ultra-agrikultura), hindi ba't halimbawa ang mga ito ng paghahati-hati at *muling paghahati-hati ng daigdig*, ng transisyon mula mapayapang paghahati-hati tungong di mapayapang paghahati-hati at *kabaligtaran nito*? Hindi ba't ang kapital sa pinansya na Amerikano at iba pa, na mapayapang naghati sa buong daigdig nang may partisipasyon ng Germany, halimbawa, sa internasyunal na *syndicate* sa perokaril, o sa internasyunal na trust sa pagbabarkong komersyal, hindi ba't ang mga ito'y abala ngayon sa muling *paghahati* ng daigdig batay sa bagong relasyon ng mga pwersa na nababago sa pamamagitan ng mga paraang *hinding-hindi* mapayapa?

Pinalalaki, at hindi binabawasan, ng kapital sa pinansya ang mga pagkakaiba-iba sa tantos ng pag-unlad ng iba't ibang bahagi ng ekonomya ng daigdig. Kapag nagbago ang relasyon ng mga pwersa, ano ang ibang solusyon sa mga kontradiksyon sa ilalim ng kapitalismo liban sa *dahas*? Nagbibigay ng napakaeksaktong datos ang istatistiks sa perokaril[7] tungkol sa iba't ibang tantos ng pag-unlad ng kapitalismo at kapital sa pinansya sa ekonomya ng daigdig. Sa huling mga dekada ng pag-unlad ng imperyalismo, nagbago ang kabuuang haba ng perokaril nang ganito:

PEROKARIL (libong kilometro)

<table>
<tr><th></th><th>1890</th><th></th><th>1913</th><th></th><th>INILAKI</th><th></th></tr>
<tr><td>Europa</td><td>224</td><td></td><td>346</td><td></td><td>122</td><td></td></tr>
<tr><td>U.S.A.</td><td>268</td><td></td><td>411</td><td></td><td>143</td><td></td></tr>
<tr><td>Mga kolonya (kabuuan)</td><td>82</td><td rowspan="2">125</td><td>210</td><td rowspan="2">347</td><td>128</td><td rowspan="2">222</td></tr>
<tr><td>Independyente at mala-dependyenteng mga estado ng Asya at Amerika</td><td>43</td><td>137</td><td>94</td></tr>
<tr><td>Kabuuan</td><td>617</td><td></td><td>1,104</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

Sa gayon, napakabilis ng pag-unlad ng perokaril sa mga kolonya at sa mga estadong independyente (at mala-independyente) ng Asya at Amerika. Dito, tulad ng alam natin, walang kwestyong naghahari ang kapital sa pinansya ng apat o limang pinakamalaking estadong kapitalista. Kinakatawan ng 200,000 kilometrong bagong perokaril sa mga kolonya

at ibang mga bayan ng Asya at Amerika ang mahigit 40,000,000,000 *marks* na kapital, na bagong pinuhunan sa partikular na mabentaheng mga kondisyon, nang may espesyal na garantiya ng magandang tubo at may mga order ng produktong asero na may malaking tubo, atbp., atbp.

7 *Statistisches Jahrbuch für das Deutsche Reich* (*Yearbook* sa Istatistiks para sa Imperyo ng Germany), 1915, Apendiks pp. 46, 47, *Archiv für Eisenbahnwesen* (Arkibo ng Perokaril), 1892. Ang minor na detalyadong datos para sa distribusyon ng perokaril sa mga kolonya ng iba't ibang bayan noong 1890 ay kailangang tantyahin nang humigit-kumulang.

Pinakamabilis ang paglago ng kapitalismo sa mga kolonya at sa mga bayan sa ibayong dagat. Kabilang sa huli ang umuusbong na *bagong* mga kapangyarihang imperyalista (halimbawa, Japan). Higit na tumatalas ang tunggalian sa hanay ng pandaigdigang mga imperyalismo. Lumalaki ang tributong ipinapataw ng kapital sa pinansya sa pinakakapaki-pakinabang na mga empresang kolonyal at nasa ibayong dagat. Sa hatian ng "dambong" na ito, pambihira ang laki ng bahaging napupunta sa mga bayang hindi naman laging nasa unahan ng listahan kaugnay ng pag-unlad ng kanilang mga pwersang produktibo. Sa kaso ng pinakamalalaking bayan, kasama ang mga kolonya ng mga ito, ang kabuuang haba ng perokaril (libu-libong kilometro) ay ang sumusunod:

| | 1890 | 1913 | INILAKI |
|---|---|---|---|
| U.S.A. | 268 | 413 | 145 |
| Imperyong British | 107 | 208 | 101 |
| Rusya | 32 | 78 | 46 |
| Germany | 43 | 68 | 25 |
| France | 41 | 63 | 22 |
| Kabuuan | 491 | 830 | 339 |

Kung gayon, mga 80 porsyento ng kabuuang perokaril ang konsentrado sa kamay ng limang *pinakamalalaking kapangyarihan*. Pero mas matindi pa ang konsentrasyon ng *pagmamay-ari* sa perokaril ng kapital sa pinansya, dahil halimbawa, pag-aari ng mga milyonaryong French at Ingles ang napakalaking bilang ng sosyo at bono sa perokaril ng Amerika, Rusya at iba pa.

Dahil sa mga kolonya nito, napalaki ng Great Britain ang haba ng "kanyang" mga perokaril nang 100,000 kilometro, apat na beses na kasinghaba niyong sa Germany. Magkagayunman, alam ng lahat na malayong mas mabilis ang pag-unlad ng mga produktibong pwersa sa Germany, at lalo na sa pag-unlad ng mga industriyang karbon at bakal sa panahong ito, kaysa niyong sa Britain – huwag nang banggitin pa ang France at Rusya. Noong 1892, lumikha ang Germany ng 4,900,000 tonelada ng pundidong bakal habang lumikha naman ang Great Britain ng 6,800,000 tonelada; noong 1912, lumikha ang Germany ng 17,600,000 tonelada at ang Great Britain naman ng 9,000,000 tonelada. Kung gayon, napakalaki ng superyoridad ng Germany sa Britain sa aspetong ito.[8] Ito ang usapin: liban sa digma, ano pa ang ibang paraan *sa ilalim ng kapitalismo* para pangibabawan ang di pagkakapantay ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa at ang akumulasyon ng kapital sa isang banda, at ng dibisyon ng mga kolonya at "mga saklaw ng impluwensya" ng kapital sa

pinansya sa kabila?

8 Tingnan rin si Edgar Crummond, "*The Economic Relation of the British and German Empires*" (Ang Ugnayang pang-ekonomya ng mga Imperyong British at German), sa *Journal of the Royal Statistical Society*, Hulyo 1914, p. 777 at kasunod.

## KABANATA 8

## ANG PARASITISMO AT PAGKABULOK NG KAPITALISMO

Kailangang suriin natin ngayon ang isa pang makabuluhang aspeto ng imperyalismo na madalas na nabibigyan ng napakaliit na importansya sa karamihan ng mga pagtalakay sa paksang ito. Isa sa mga kahinaan ng Marxistang si Hilferding ang paghakbang nang paurong sa puntong ito kung ihahambing sa di Marxistang si Hobson. Ang tinutukoy natin ay ang parasitismo na isang katangian ng imperyalismo.

Nakita na natin na monopolyo ang pinakamalalim na pundasyon sa ekonomya ng imperyalismo. Ito ay kapitalistang monopolyo, ibig sabihin, monopolyong sumibol mula kapitalismo at umiiral sa pangkalahatang kapaligiran ng kapitalismo, produksyon ng kalakal at kompetisyon, at permanente at walang kalutasang kakontradiksyon ng pangkalahatang kapaligirang ito. Gayunpaman, tulad ng lahat ng monopolyo, di maiiwasang ibinubunsod nito ang tunguhin sa istagnasyon at pagkabulok. Dahil naitatakda ang monopolyong mga presyo, kahit pansamantala lamang, nawawala ang tulak sa teknikal na pagsulong, at bunga nito, sa lahat ng pagsulong hanggang sa isang antas, at dagdag pa, lumilitaw ang posibilidad *sa ekonomya* ng sadyang pagpapabagal sa teknikal na pagsulong. Halimbawa, sa Amerika, may isang G. Owens na umimbento ng makinang nagrebolusyunisa sa manupaktura ng bote. Binili ng German na kartel sa manupaktura ng bote ang patente ni Owens, pero itinabi ito at hindi ito ginamit. Mangyari pa, hindi kailanman lubusan, at sa matagal na panahon, na mapapawi ang kompetisyon sa pandaigdigang pamilihan (ito nga pala ang isang dahilan kung bakit kakatwa ang teorya ng ultra-imperyalismo). Mangyari pa, ang posibilidad ng pagpapaliit ng gastos sa produksyon at pagpapalaki ng tubo sa pamamagitan ng pagpapasok ng teknikal na mga pagpapahusay ay gumagana sa direksyon ng pagbabago. Gayunman, nagpapatuloy ang *tendensya* sa istagnasyon at pagkabulok na katangian ng monopolyo, at sa ilang sangay ng industriya, sa ilang bayan, sa loob ng ilang panahon, nangingibabaw ito.

Patungo sa ganoong ding direksyon ang monopolyong pagmamay-ari ng napakalawak, mayaman o may magandang pwestong mga kolonya.

Bukod pa, imperyalismo ang napakalaking akumulasyon ng kapital na salapi sa iilang bayan na nakita na nating nagkakalahaga ng 100 hanggang 150 bilyong *francs* sa *securities*. Kaya pambihira ang paglaki ng isang uri, o mas mahusay, ng isang saray ng *rentiers*, ibig sabihin, mga taong nabubuhay sa "paggugupit ng mga kupon", walang anumang bahagi sa produksyon, na kawalang-ginagawa ang propesyon. Higit pang ganap na ihinihiwalay ng eksport ng kapital, na isa sa pinakaesensyal na baseng pang-ekonomya ng imperyalismo, ang *rentiers* mula sa produksyon at tinatatakan nito ng parasitismo ang buong bayang nabubuhay sa pagsasamantala sa paggawa ng ilang bayan at kolonya sa ibayong dagat.

"Noong 1893," ayon kay Hobson, "mga 15 porsyento ng kabuuang yaman ng United Kingdom ang kapital na British na ipinuhunan sa ibayong dagat."[1]

Alalahanin na pagdating ng 1915, mga dalawa't kalahating beses nang lumaki ang puhunang ito.

Dagdag pa ni Hobson, "...Pinanggagalingan ng malaking ganansya sa mamumuhunan... ang agresibong imperyalismo, na napakalaki ang gastos para sa mga nagbabayad ng buwis at napakaliit ang halaga sa nagmamanupaktura at mangangalakal. Ang taunang kita na nakakakuha ang Great Britain mula sa mga komisyon sa buong kalakalan nitong dayuhan at kolonyal, import at eksport, ay tinataya ni Sir R. Giffen na 18,000,000 *pounds sterling* (halos 170 milyong *ruble*) noong 1899, kung kukunin na 2 ½ porsyento ang tubo mula sa 800,000,000 *pounds sterling*."[2]

Malaki man ang halagang ito, hindi nito ipinapaliwanag ang agresibong imperyalismo ng Great Britain. Ipinapaliwanag ito ng 90 hanggang 100 milyong *pounds sterling* na kita mula sa "ipinuhunang" kapital, ang kita ng mga *rentier*.

*Limang beses na mas malaki* ang kita ng mga *rentier* kaysa niyong kitang nakukuha mula sa kalakalang dayuhan ng pinakamalaking bayang "nakikipagkalakalan" sa daigdig. Ito ang esensya ng imperyalismo at imperyalistang parasitismo.

Sa dahilang iyon, nagiging kalakaran ang paggamit ang terminong "estadong *rentier*" (*rentnerstaat*), o usurerong estado, sa pang-ekonomyang literatura tungkol sa imperyalismo. Nahati na ang daigdig sa sandakot na mga usurerong estado sa isang banda at isang napakalaking mayorya ng mga estadong baon sa utang sa kabila.

Ayon kay Schulze-Gaevernitz, "Nasa ibabaw ng listahan ng mga dayuhang pamumuhunan ang mga inilagak sa mga bayang dependyente sa pulitika o kaalyadong mga bayan. Nagpapautang ang Great Britain sa Ehipto, Japan, Tsina at Timog Amerika. Doon, gumaganap ang kanyang hukbong dagat ng papel ng pulis kung kinakailangan. Protektado ang Great Britain ng kapangyarihang pampulitika nito mula sa galit ng mga may-utang sa kanya.[3]

Sa librong *The National Economic System of Capital Investments Abroad (Ang Pambansang Sistemang Pang-ekonomya ng mga Dayuhang Pamumuhunang Kapital)*, tinukoy ni Sartorius von Waltershausen ang Holland bilang modelong "usurerong estado" at ipinakitang nagiging ganoon na rin ang Great Britain at France.[4] Sa palagay ni Schilder, ang limang industriyalisadong bayan, Great Britain, France, Germany, Belgium at Switzerland, ay naging "tiyak na tiyak na bayang nagpapautang". Hindi niya isinama sa listahan ang Holland dahil lamang ito'y "hindi gaanong maunlad sa industriya."[5] Ang US naman ay nagpapautang lamang sa ibang mga bayang Amerikano.

1 *Op. cit.,* p. 59.—*Ed.*
2 *Op. cit.,* pp. 62-63.—*Ed.*
3 Schulze-Gaevernitz, *Britischer Imperialismus*, p. 320 at kasunod.
4 Sartorius von Waltershausen, *Das volkswirtschaftliche System, etc.* (Ang Pambansang Sistemang Pang-ekonomya, atbp.), Aklat IV, B. 1907.
5. Schilder, *op. cit.,* pp. 392-93

Ayon kay Schulze-Gaevernitz, "Unti-unti nang natatransporma ang Great Britain mula estadong industriyal tungo sa isang estadong nagpapautang. Sa kabila ng absolutong paglaki ng produksyong pang-industriya at ng eksport ng mga produktong minanupaktura, lumaki sa kabuuan ng pambansang ekonomya ang relatibong kahalagahan ng kita mula sa interes at mga dibidendo, mga isyu ng *securities*, mga komisyon at ispekulasyon. Sa palagay ko, ito mismo ang bumubuo ng batayang pang-ekonomya ng imperyalistang pangingibabaw. Mas mahigpit na nakadikit ang nagpapautang sa nangungutang kaysa ang nagbebenta sa bumibili."[6]

Kaugnay ng Germany, isinulat noong 1911 ng editor ng *Die Bank* ng Berlin na si A. Lansburgh sa artikulong may pamagat na "*Germany – a Rentier State (Germany – Isang Estadong Rentier)*" ang sumusunod:

> "Tinutuya ng mga tao sa Germany ang pangangarap na maging *rentier* na namamalas sa France. Pero kinalilimutan nila na kaugnay ng burgesya lalo na lamang nagiging kapareho ng sa France ang sitwasyon sa Germany."[7]

Ang estadong *rentier* ay isang estado ng parasitiko at nabubulok na kapitalismo, at hindi maaaring hindi maimpluwensyahan ng sirkunstansyang ito ang lahat ng kalagayang sosyo-pulitikal ng nauukol na mga bayan sa pangkalahatan, at ang dalawang pundamental na tunguhin sa kilusan ng uring manggagawa sa partikular. Para ipakita ito sa pinakamalinaw na paraang posible, sisipiin natin si Hobson, na isang "mapagkakatiwalaang" saksi dahil hindi siya mapagsuspetsahang kumikiling sa "ortodoks na Marxismo"; bukod pa, isa siyang Ingles na may malalim na pagkaalam sa sitwasyon sa bayan na pinakamayaman sa mga kolonya, sa kapital sa pinansya, at sa imperyalistang karanasan.

6 Schulze-Gaevernitz, *op. cit.,* p. 122.—*Ed.*
7 *Die Bank*, 1911, I, pp. 10-11.

Habang sariwa pa sa kanyang isip ang Digmaang Anglo-Boer, inilalarawan ni Hobson ang koneksyon ng imperyalismo at ng mga interes ng "mga tagapinansya", ng kanilang lumalaking tubo mula sa mga kontrata, suplay, atbp., at ayon sa kanya:

> "Samantalang mga kapitalista ang mga direktor ng tiyak na parasitikong patakarang ito, ganoon ding mga motibo ang nakakahalina sa espesyal na mga tipo ng mga manggagawa. Sa maraming munisipalidad, nakasalig ang karamihan ng mahahalagang kasanayan sa pag-eempleyo o mga kontrata ng gubyerno; malaki ang kinalaman ng kalagayang ito sa imperyalismo ng mga sentro ng metal at paggawa ng barko."[8]

Sa upinyon ng manunulat na ito, dalawang dahilan ang nagpahina sa naunang mga imperyo: 1) "pang-ekonomyang parasitismo", at 2) ang pormasyon ng mga hukbong nirekluta sa mga liping nasakop.

> "Una, may gawi muna ng pang-ekonomyang parasitismo, kung saan ginagamit ng naghaharing estado ang kanyang mga probinsya, kolonya at dependensya para payamanin ang kanyang naghaharing uri at suhulan ang nakakababang mga uri para mapahinuhod ang mga ito."[9]

8 *Op. cit.,* p. 103.—*Ed.*

9 *Op. cit.,* p. 205.—*Ed.*

At maidadagdag natin na hinihingi ng posibilidad sa ekonomya ng gayong panunuhol, anuman ang maaaring maging anyo nito, ang monopolistang tubo.

Kaugnay ng ikalawang dahilan, ayon kay Hobson:

> "Isa sa pinakakakaibang sintoma ng pagkabulag ng imperyalismo ang walang habas na kawalang malasakit ng Great Britain, France at ibang mga bansang imperyal sa pagsusuong sa mapanganib na dependensyang ito. Pinakamalayo ang inabot ng Great Britain. Kalakhan ng paglaban para ipagwagi ang ating Imperyong Indian ay isinagawa ng mga katutubo; sa India, at mas di pa kalaunan sa Ehipto, ipinailalim ang malalaking pamalagiang hukbo sa mga kumander na British; isinagawa ng mga katutubo para sa atin ang halos lahat ng paglaban kaugnay ng mga nasakop natin sa Aprika, liban sa katimugang bahagi."[10]

Ibinibigay ni Hobson ang sumusunod na pang-ekonomyang pagtaya ng hinaharap ng pagpapartisyon ng Tsina:

> "Sa gayon, maaaring magkaroon ang kalakhang bahagi ng Kanluraning Europa ng anyo at katangiang nakikita na sa mga lupain ng teritoryo sa Timog ng England, sa Riviera, at sa mga bahagi ng Italya at Switzerland na residensyal o puno ng turista, na may maliliit na kulumpon ng mayayamang aristokratang kumikita ng mga dibidendo at pensyon mula sa Dulong Silangan, may mas malaki-laking grupo ng propesyunal na mga alalay at may kasanayan at mas malaking kwerpo ng mga utusan at manggagawang personal sa transportasyon at sa pinal na mga yugto ng produksyon ng mas madaling masirang mga produkto; maaaring mawala na ang lahat ng pangunahin at mahahalagang industriya sa pag-agos ng pangunahing mga pagkain at produkto bilang tributo mula Asya at Aprika."[11]

> "Naaninag natin ang posibilidad ng mas malaki pang alyansa ng mga estadong Kanluranin, isang pederasyong Europeano ng malalaking kapangyarihan na sa halip na isulong ng adhikain ng sibilisasyon ng daigdig ay maaaring pa ngang magpasok ng gahiganteng peligro ng parasitismong Kanluranin; isang grupo ng abanteng mga bansang industriyal na may nakakataas na mga uring humuhuthot ng napakalaking buwis mula Asya at Aprika, na ginagamit nila para suportahan ang malalaking bilang ng maaamong masa ng mga alalay, na hindi na kalahok sa pangunahing mga industriya ng agrikultura at manupaktura, kundi pinananatili sa pagganap ng personal o maliliit na serbisyong industriyal sa kontrol ng bagong aristokrasyang pinansyal. Hayaan iyong mga tumatanaw sa gayong teorya (mas maigi pang sabihing: hinaharap) na hindi karapat-dapat na pag-aralan, na suriin ang mga kondisyong pang-ekonomya at panlipunan ng mga distrito sa Katimugang England ngayon na nauwi na sa ganitong kondisyon, at pag-isipan ang napakalawak na pagsaklaw ng sistemang iyon na maaaring maging angkop sa pagsasailalim ng Tsina sa pang-ekonomyang kontrol ng katulad na mga grupo ng mga tagapinansya, mamumuhunan, at mga upisyal sa pulitika at negosyo, nang sinasaid ang pinakamalaking potensyal na bukal ng tubo na makikita sa daigdig, para ikonsumo ito sa Europa. Napakasalimuot ng sitwasyon, at napakahirap kalkulahin ang galaw ng mga pwersa sa daigdig, para gawing malamang na malamang ito o iyong ibang iisang interpretasyon ng kinabukasan; pero nasa ganitong direksyon ang pagkilos ng mga

impluwensyang nagpapagana sa imperyalismo ng Kanluraning Europa ngayon, at liban kung sasalungatin o ibabaling sa iba, ay patungo sa ganoon ngang katuparan."[12]

Wastong-wasto ang may-akda. *Kung* hindi nga sinalungat ang mga pwersa ng imperyalismo, talagang humantong na sana ang mga ito sa kanyang isinalarawan. Wastong niyang tinaya ang kabuluhan ng "United States ng Europa" sa kasalukuyang mga kondisyon ng imperyalismo. Dapat idinagdag pa nga niya na *kahit na sa loob* ng kilusang manggagawa, sistematiko at pursigidong "kumikilos" ang mga oportunista, na nangingibabaw sa ngayon sa karamihan ng mga bayan, sa direksyong ito mismo. Nililikha ng imperyalismo, na nangangahulugan ng paghahati-hati ng daigdig, at ng pagsasamantala sa ibang mga bayan bukod sa Tsina, na nangangahulugan ng matataas na monopolyong ganansya para sa sandakot na napakayayamang bayan, ang posibilidad sa ekonomya na suhulan ang nakatataas na mga saray ng proletaryado, at sa gayo'y nagbubunsod, humuhugis sa, at nagpapalakas sa oportunismo. Gayunman, hindi natin dapat kalimutan ang mga pwersang sumasalungat sa imperyalismo sa pangkalahatan, at sa oportunismo sa partikular, at mangyari pa'y hindi kayang maunawaan ng sosyal-liberal na si Hobson.

10 *Op. cit.,* p. 114.
11 *Op. cit.,* p. 335.
12 *Op. cit.,* p. 385-86.

Ang German na oportunistang si Gerhard Hildebrand, na itiniwalag sa Partido dahil sa pagtatanggol sa imperyalismo, at maaaring maging lider ngayon ng diumano'y Partido "Sosyal-Demokratiko" ng Germany, ay mahusay na sumusuhay kay Hobson sa pamamagitan ng pagtataguyod ng "United States ng Kanluraning Europa" (hindi kasama ang Rusya) para sa layunin ng "pinagsamang" aksyon... laban sa mga Negrong Aprikano, laban sa "dakilang kilusang Islamiko", para sa pagpapanatili sa "makapangyarihang hukbo at hukbong dagat", laban sa "koalisyong Tsino-Hapon," atbp.[13]

13 Gerhard Hildebrand, *Die Erschütterung der Industrieherrschaft und des Industriesozialismus*, Jena, 1910, p. 229 at kasunod.

Inilalantad ang mga katangiang parasitiko ding ito ng paglalarawan ng "imperyalismong British" sa libro ni Schulze-Gaevernitz. Halos dumoble ang pambansang kita ng Great Britain mula 1865 hanggang 1898, samantalang *siyam na beses* naman na lumaki ang kita "mula sa ibayong dagat" sa panahon ding iyon. Samantalang "merito" ng imperyalismo na "sinasanay" nito "ang Negro sa mga gawi ng industriya" (hindi ito magagawa kung walang pamumwersa...), , "panganib" ng imperyalismo na:

> "... Ipapasa ng Europa ang bigat ng paggawang pisikal – una sa agrikultura at pagmimina, pagkatapos iyong sa mas mabibigat na paggawa sa industriya – sa mga liping maykulay, at magiging kontento ito sa papel ng *rentier*, at sa paraang ito marahil, mahahawan ang landas para sa pagpapalayang pang-ekonomya, at kalaunan, pampulitika ng mga liping maykulay."

Papalaking bahagi ng lupa sa Great Britain ang inaalis sa pagtatanim at ginagamit para sa isports, sa dibersyon ng mayayaman.

Tungkol sa Scotland – ang pinakaaristokratikong palaruan sa pangangaso at iba pang mga isports – sinasabing "nabubuhay ito sa nakaraan at sa pamamagitan ni G. Carnegie."

Sa karera ng kabayo at pangangaso ng *fox* lamang, gumagastos taun-taon ang England ng 14,000,000 *pounds sterling*. Mga isang milyon ang bilang ng mga *rentier* saEngland. Lumiliit ang porsyentahe ng populasyong may produktibong trabaho sa kabuuang populasyon.

| Taon | POPULASYON (milyon) | BILANG NG MANGGAGAWA SA BATAYANG MGA INDUSTRIYA (milyon) | PORSYENTO SA BUONG POPULASYON |
|---|---|---|---|
| 1851 | 17.9 | 4.1 | 23 |
| 1901 | 32.5 | 4.9 | 15 |

At kapag tinatalakay ang uring manggagawang British, obligado ang burges na estudyante ng "imperyalismong British sa simula ng ika-20 siglo" na sistematikong pag-ibahin ang "*nakakataas na saray*" ng mga manggagawa at "*nakakababang saray ng tunay na proletaryado*". Ang nakakataas na saray ang pinagmumulan ng bulto ng mga myembro ng mga kooperatiba, unyon, mga asosasyon sa isports at maraming sektang relihiyoso. Iniaangkop sa antas na ito ang sistemang elektoral na sa Great Britain ay "*sapat pang limitado para ipwera ang nakakababang saray ng tunay na proletaryado*"! Para mailahad na ang kondisyon ng uring manggagawang British ay may mabuting katayuan, karaniwa'y ang tinatalakay lamang ay ang nakakataas na saray na ito – na bumubuo ng *minorya* ng proletaryado. Halimbawa, "ang problema ng disempleyo ay problema pangunahin ng London at niyong nakabababang saray ng proletaryado, *na maliit ang kabuluhan sa pulitika* para sa mga pulitiko."[14] Dapat ang sinabi niya ay: maliit ang kabuluhan sa pulitika para sa burges na mga pulitiko at "sosyalistang" mga oportunista.

Isa pang espesyal na katangian ng imperyalismo na kaugnay ng mga katotohanang inilalarawan natin ang paghupa ng emigrasyon mula sa mga bayang imperyalista, at ang paglaki ng imigrasyon tungo sa mga bayang ito mula sa atrasadong mga bayang kung saan mas mababa ang pasahod. Gaya ng obserbasyon ni Hobson, pahupa na mula 1884 ang emigrasyon mula sa Great Britain. Sa taong iyon, 242,000 ang bilang ng mga emigrante, samantalang 169,000 lamang ito noong 1900. Inabot ang pinakamataas na puntong ng emigrasyon mula sa Germany noong 1880 hanggang 1890 na may kabuuang 1,453,000 ang mga emigrante. Sa takbo ng sumunod na dalawang dekada, bumaba ito sa 544,000 at sa 341,000. Sa kabilang banda, lumaki ang bilang ng manggagawang pumasok sa Germany mula sa Austria, Italy, Rusya at ibang mga bayan. Ayon sa sensus noong 1907, may 1,342,294 na dayuhan sa Germany, na 440,000 ang manggagawang pang-industriya at 257,329 ang manggagawang pang-agrikultura.[15] Sa France, ang mga manggagawa sa industrya ng pagmimina "sa kalakhan" ay mga dayuhan: taga-Poland, Italyano at Espanyol.[16] Sa US, nagtatrabaho sa mga okupasyong may pinakamababababang sahod ang mga migrante mula sa Silanganin at Katimugang Europa samantalang ang mga manggagawang Amerikano ang pinagmumulan ng pinakamataas na porsyentahe ng mga katiwala o mga manggagawang may

mas matataas na sahod.[17] May tendensya ang imperyalismo na lumikha ng pribilehiyadong mga seksyon kahit na sa hanay ng mga manggagawa, at ihiwalay ang mga ito sa malawak na masa ng proletaryado.

14 Schulze-Gaevernitz, *Britischer Imperialismus*, pp. 246, 301, 317, 323, 324, 361.
15 *Statistik des Deutschen Reichs* (Istatistiks ng Imperyong German), Tomo. 211.
16 Henger, *Die kapitalsanlage der Franzosen* (Mga Pamumuhunang French), Stuttgart, 1913.
17 Hourwich, *Immigration and Labor* (Imigrasyon at Paggawa), New York, 1913.

Kailangang bigyang pansin na sa Great Britain, naririyan ang tendensya ng imperyalismo na hatiin ang mga manggagawa, palakasin ang oportunismo sa kanilang hanay at ibunsod ang temporaryong pagkabulok sa kilusang manggagawa, nang mas maaga kaysa noong katapusan ng ika-19 na siglo at simula ng ika-20 siglo; dahil dalawang mahalaga at naiibang katangian ng imperyalismo ang namalas na sa Great Britain noong kalagitnaan ng ika-19 na siglo, ang napakalalawak na pag-aaring kolonyal at ang monopolistang pusisyon sa pandaigdigang pamilihan. Sistematikong tinunton nina Marx at Engels ang koneksyong ito ng oportunismo sa kilusang manggagawa at ng imperyalistang mga katangian ng kapitalismong British sa proseso ng ilang dekada. Halimbawa, isinulat ni Engels kay Marx noong Oktubre 7, 1858:

> "Paburges nang paburges ang proletaryadong Ingles, kaya mukhang ultimong layunin nitong pinakaburges sa lahat ng bansa na magkaroon ng isang aristokrasyang burges, at ng isang proletaryadong burges *katabi* ng burgesya. Mangyari pa, may katwiran ito hanggang sa isang antas para sa isang bansang nagsasamantala sa buong daigdig."

Pagkaraan ng halos sangkapat ng isang siglo, sa isang sulat na may petsang Agosto 11, 1881, may sinasabi si Engels na "...pinakamasahol na tipo ng mga unyong pumapayag na pamunuan sila ng mga taong nabili, o binabayaran sa pinakamenos, ng burgesya".[18] Sa isang sulat kay Kautsky na may petsang Setyembre 12, 1882, sinabi ni Engels:

> "Tinatanong mo ako kung ano ang palagay ng mga manggagawang Ingles sa patakarang kolonyal. Bweno, katulad na katulad ng iniisip nila tungkol sa pulitika sa pangkalahatan. Walang partido ng manggagawa dito, may mga Konserbatibo at Liberal-Radikal lamang, at masayang sumasalo ang mga manggagawa sa pista ng monopolyo ng England sa mga kolonya at pamilihan ng daigdig..."[19] (Naglahad si Engels ng ganoon ding mga ideya sa pamahayagan sa kanyang paunang salita sa ikalawang edisyon ng *The Condition of the Working Class in England [Ang Kondisyon ng Uring Manggagawa sa England]* na lumabas noong 1892.)

Malinaw na nakikita sa gayon ang mga dahilan at epekto. Ang mga dahilan ay: 1) pagsasamantala ng bayang ito sa buong daigdig; 2) ang monopolistang pusisyon nito sa pandaigdigang pamilihan; 3) ang kolonyal na monopolyo nito. Ang mga epekto ay: 1) naging burges ang isang seksyon ng proletaryadong British; 2) pumapayag ang isang seksyon ng proletaryado na pamunuan sila ng mga taong nabili o binabayaran sa pinakamenos, ng burgesya. Nilubos ng imperyalismo sa simula ng ika-20 siglo ang paghahati-hati ng daigdig sa hanay ng sandakot na mga estado, na bawat isa'y nagsasamantala ngayon (sa pakahulugang humuhuthot ng superganansya) ng isang bahagi ng "buong daigdig" na maliit lamang nang kaunti sa pinagsamantalahan ng England noong 1858. Sa pamamagitan ng mga trust, kartel, kapital sa pinansya, at mga relasyong nagpapautang at nangungutang, nagtatamasa ang bawat

isa ng monopolyong pusisyon sa pandaigdigang pamilihan. Tinatamasa ng bawat isa ang monopolyong kolonyal sa isang antas (Nakita na natin na sa kabuuang 75,000,000 kilometro kwadrado na bumubuo sa *buong* kolonyal na daigdig, 65,000,000 kilometro kwadrado o 86 porsyento, ay pag-aari ng anim na kapangyarihan; 61,000,000 kilometro kwadrado o 81 porsyento ay pag-aari ng tatlong kapangyarihan).

18 Marx at Engels, *Piling mga Liham, 1846-1895*, International Publishers, New York, 1942, pp. 115-16, 399.—*Ed.*
19 Tingnan *Karl Kautsky, Sozialismus und Kolonialpolitik*, Berlin, 1907, p. 79; isinulat ni Kautsky ang pampletong ito noong ganap na napakatagal nang araw nang siya ay isa pang Marxista.

Ang naiibang katangian ng kasalukuyang sitwasyon ay ang pangingibabaw na ganoong mga kalagayan sa ekonomya at pulitika na tiyak na magpapatindi ng pagiging di mapagkakasundo ng oportunismo at ng pangkalahatan at mahalagang mga interes ng kilusang manggagawa: umunlad na ang imperyalismo mula sa pagiging binhi tungo sa dominanteng sistema; nangingibabaw ang kapitalistang mga monopolyo sa ekonomya at pulitika; nalubos na ang dibisyon ng daigdig. Sa kabilang banda, sa halip ng walang katalong monopolyo ng Great Britain, nakikita natin ang ilang kapangyarihang imperyalista na naglalaban-laban para sa karapatang makibahagi sa monopolyong ito, at ang tunggaliang ito ay katangian ng buong panahon ng ng maagang bahagi ng ika-20 siglo. Hindi makapagwawagi ngayon ang oportunismo sa kilusang manggagawa ng alinmang bayan sa loob ng maraming dekada tulad ng sa Britain noong ikalawang hati ng ika-19 na siglo. Pero sa maraming bayan, nahinog, sobrang nahinog, at nabulok ito, at lubusang napasanib sa patakarang burges sa anyo ng "sosyal-sobinismo".[20]

20 Lumitaw rin mula sa tipong Ruso ng oportunismo ang sosyal-sobinismong Ruso na sa hayag na anyo nito ay kinakatawan ng mga Potresov, Chkhenkeli, Maslov, atbp., at sa di hayag na anyo niot ay kinakatawan nina Chkheidze, Skobelev, Axelrod, Martov, atbp., ibig sabihin, ang likidasyunismo.

## KABANATA 9

## ANG KRITIKA SA IMPERYALISMO

Sa malawak na pakahulugan ng termino, ang ibig nating sabihin sa kritika sa imperyalismo ay ang aktitud ng iba't ibang uri ng lipunan sa imperyalistang patakaran kaugnay ng kanilang pangkalahatang ideolohiya.

Ibinubunsod ang lubos na pagpanig ng nagmamay-aring mga uri sa imperyalismo ng napakalawak na saklaw ng kapital sa pinansya na nakakonsentra sa iilang kamay at lumilikha ng pambihira sa sinsin at lawak na network ng mga ugnayan at koneksyon na nagpapailalim hindi lamang ng maliit at katamtamang laking kapitalista, kundi pati ng napakaliliit na kapitalista at maliliit na maestro sa isang banda, at ng tumitinding pakikitunggali laban sa ibang pambansang mga grupong pang-estado ng mga tagapinansya para sa paghahati-hati ng daigdig at dominasyon sa ibang mga bayan sa kabilang banda. Mga palatandaan ng panahon

ang "pangkalahatang" kasiglahan kaugnay ng hinaharap ng imperyalismo, ang marubdob na pagtatanggol dito, at lahat ng posibleng pagpapaganda sa tunay na kalikasan nito. Tumatagos din ang ideolohiyang imperyalista sa uring manggagawa. Hindi ito ihinihiwalay ng anumang Pader ng Tsina sa ibang mga uri. Makatwiran ang katawagang "sosyal-imperyalista," ibig sabihin, sosyalista sa salita at imperyalista sa gawa, para sa mga lider ng diumano'y Partido "Sosyal-Demokratiko" ng Germany sa kasalukuyan; pero sing-aga ng 1902, tinukoy na ni Hobson ang pag-iral sa Britain ng "mga imperyalistang Fabian" na kabilang sa oportunistang Fabian Society.

Karaniwang dinidepensahan ng burges na mga iskolar at publisista ang imperyalismo sa medyo tagong paraan; pinalalabo nila ang ganap na dominasyon at ang malalalim na ugat nito; pinagsusumikapang patampukin ang partikular at segundaryong mga detalye at ginagawa ang lahat para ibaling ang atensyon mula sa pangunahing mga usapin sa pamamagitan ng lubos na katawa-tawang mga pakana para sa "reporma" tulad ng superbisyon ng pulis sa mga trust at bangko, atbp. Hindi kasindalas na may nagsasalitang sinikal at prangkang mga imperyalista na may sapat na lakas ng loob para amining kakatwa ang ideya ng pagreporma sa pundamental na mga katangian ng imperyalismo.

Naririto ang isang halimbawa. Tinatangka ng mga imperyalistang German sa magasing *Archives of World Economy (Weltwirtschaftliches Archiv* o Arkibo ng Pandaigdigang Ekonomya) na baybayin ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya, mangyari pa, laluna sa mga kolonyang hindi sakop ng Germany. Ipinakita nila ang ligalig at mga kilusang protesta sa India, ang kilusan sa Natal (Timog Aprika), ang kilusan sa Dutch East Indies, atbp. Sa komentaryo sa ulat ng Ingles sa mga talumpating binigkas sa isang kumperensya ng sakop na mga mamamayan at lipi na idinaos noong Hunyo 28-30, 1910 at dinaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang mamamayang nasa ilalim ng dayuhang dominasyon sa Aprika, Asya at Europa, may isang sumulat ng sumusunod na pagtaya sa mga talumpati:

> "Sinasabihan tayo na kailangang labanan natin ang imperyalismo; na dapat kilalanin ng dominanteng mga estado ang karapatan ng sakop na mamamayan sa paggugubyerno-sa-sarili; na dapat pangasiwaan ng isang internasyunal na tribunal ang pagpapatupad ng mga tratadong pinirmahan sa pagitan ng malalaking kapangyarihan at ng mahihinang sambayanan. Hindi sila lumampas sa pagpapahayag ng banal na mga pangarap na ito. Wala tayong nakikitang bahagya mang pag-unawa sa katotohanang mahigpit na nakabigkis ang imperyalismo sa kapitalismo sa kasalukuyang nitong anyo" (!!) "at kung gayon wala ding bahagya mang pagkilala na walang pag-asa ang lantad na pakikitunggali laban sa imperyalismo, liban siguro kung limitado ang laban sa mga protesta sa ilan sa labis na kamuhi-muhing kalabisan nito."[1]

Dahil panlilinlang, isang "banal na pangarap" ang repormahin ang batayan ng imperyalismo, dahil hindi humahakbang "pasulong" ang burges na mga kinatawan ng mga bansang api, humahakbang "paurong" ang burges na mga kinatawan ng bansang nang-aapi tungo sa pangangayupapa sa imperyalismo, sa tabing ng pagsasabing ito'y "syentipiko". "Lohika" rin ang ganoon!

1 *Weltwirtschaftliches Archiv* (Arkibo ng Pandaigdigang Ekonomya), Tomo II, pp. 194-95.

Pundamental na usapin sa kritika ng imperyalismo ang usapin ng kung posible bang repormahin ang batayan ng imperyalismo, kung susulong sa ibayong pagpapatindi at pagpapalalim ng mga antagonismong ibinubunsod nito, o uurong sa pagpapayapa ng mga

antagonismo. Dahil ang partikular na mga katangian sa pulitika ng imperyalismo ay reaksyon sa lahat ng lugar at pagpapatindi ng pambansang pang-aapi bunga ng pang-aapi ng oligarkiya sa pinansya at pagpawi sa malayang kompetisyon, nagbangon ang oposisyong petiburges-demokratiko laban sa imperyalismo sa halos lahat ng bayang imperyalista sa simula ng ika-20 siglo. Hindi lamang hindi nag-abala si Kautsky na labanan, hindi lamang hindi niya nagawang labanan ang petiburges na repormistang oposisyong ito, na talagang reaksyunaryo sa batayang pang-ekonomya nito, kundi aktwal na sumanib siya rito sa praktika; at sa usaping ito mismo tumalikod sa Marxismo si Kautsky at ang malawak na internasyunal na tunguhing maka-Kautsky.

Sa United States, ang imperyalistang digmang inilunsad laban sa Espanya noong 1898 ay nagbunsod ng oposisyon ng "mga anti-imperyalista", ang huli sa mga Mohican ng demokrasyang burges na nagsasabing "kriminal" ang gerang ito; itinuturing nila ang aneksasyon ng mga teritoryong dayuhan bilang paglabag sa Konstitusyon, at ipinahayag na "katraydurang Jingo" ang pagtrato kay Aguinaldo, ang lider ng mga Pilipino (pinangakuan siya ng mga Amerikano ng independensya ng bayan pero pagkatapos ay nagpadala ng mga tropa at sinakop ang bayan). Sinipi ng mga "anti-imperyalista" ang mga salita ni Lincoln:

> "Kapag pinamamahalaan ng puti ang sarili, iyon ay paggubyerno-sa-sarili; pero kapag pinamamahalaan niya ang sarili at pinamamahalaan din niya ang iba pa, hindi na iyon paggugubyerno-sa-sarili—iyon ay despotismo."[2]

Pero habang umiiwas ang lahat ng kritisismong ito sa pagkilala sa di malulusaw na bigkis sa pagitan ng imperyalismo at mga trust, at kung gayon, sa pagitan ng imperyalismo at ng mga pundasyon ng kapitalismo; habang umiiwas ito sa pagsasanib sa mga pwersang ibinunsod ng malakihang kapitalismo at ng pag-unlad nito--nanatili itong isang "banal na pangarap".

2 Sinipi ni Patouillet, *L'impérialisme américain*, Dijon, 1904, p. 272. (Mula sa talumpati "Hinggil sa Pagpapawalambisa sa Kompromisong Missouri," sa Peoria, Illinois, Oktubre 16, 1854.—*Ed.*

Ganito din ang pangunahing aktitud ni Hobson sa kanyang kritika sa imperyalismo. Inunahan ni Hobson si Kautsky sa pagprotesta laban sa argumentong "di maiiwasan ang imperyalismo," at sa pananawagang “kailangang itaas ang kapasidad” ng mamamayan sa pagkonsumo (sa ilalim ng kapitalismo!). Ang punto de bistang petiburges sa kritika ng imperyalismo, ang walang hanggahang kapangyarihan ng mga bangko, ang oligarkiya sa pinansya, atbp.; ay siya ring pananaw ng mga may-adka na madalas nating sipiin, tulad nina Agahd, A. Lansburgh, L. Eschwege, at sa hanay ng mga manunulat na French, tulad ni Victor Bérard na may-akda ng mababaw na librong may pamagat na *England at Imperyalismo*, na lumabas noong 1900. Iniba ng lahat ng may-akda na ito, na hindi nagsasabing Marxista sila, ang imperyalismo sa malayang kompetisyon at demokrasya; kinondena nila ang planong perokaril ng Baghdad na nagbubunsod ng mga hidwaan at digmaan, nag-uusal ng "banal na mga pangarap" para sa kapayapaan, atbp. Aplikable din ito sa taga-ipon ng istatistiks sa paglalabas ng internasyunal na sosyo at sapi, si A. Neymarck, na makaraang magkalkula ng bilyun-bilyong *francs* na kumakatawan sa mga "internasyunal" na *securities*, ay napabulalas noong 1912 ng sumusunod: Posible bang paniwalaang maaaring guluhin ang kapayapaan... na sa harap ng pagkalalaking datos na ito, may mangangahas pa bang magsimula ng digma?"[3]

Hindi kataka-taka ang ganoong kakitiran ng isip sa bahagi ng mga ekonomistang burges. Bukod pa, *nasa interes nila* na magkunwang mababaw at "seryosong" magtalakay ng kapayapaan sa ilalim ng imperyalismo. Pero anong natitira sa Marxismo ni Kautsky kung noong 1914, 1915, at 1916, iyon ding punto de bista ng mga repormistang burges ang kanyang gamitin at sinasabi pa niyang "sumasang-ayon ang lahat" (mga imperyalista, kunwang mga sosyalista, at mga sosyal-pasipista) sa usapin ng kapayapaan? Sa halip na pagsusuri ng imperyalismo at paglalantad ng kalaliman ng mga kontradiksyon nito, wala tayong natatamo kundi isang repormistang "banal na pangarap" na isantabi ang mga ito at iwasan ang mga ito.

Narito ang isang halimbawa ng kritisismong pang-ekonomya ni Kautsky sa imperyalismo. Ginamit niya ang istatistiks ng kalakalang eksport at import ng Britain sa Ehipto noong 1872 at 1912. Mukhang mas mabagal na umunlad ang kalakalang ito kaysa niyong dayuhang pakikipagkalakalan ng Britain sa kabuuan. Mula dito hinugot ni Kautsky ang kongklusyon na:

> "Wala tayong dahilan para ipagpalagay na hindi magiging kasing-unlad ang pakikipagkalakalan ng Britain sa Ehipto bunga lamang ng simpleng operasyon ng pang-ekonomyang mga salik, nang walang pananakop militar... Pinakamahusay na maisusulong ang paggugumiit ng kapital na lumawak, hindi sa pamamagitan ng mararahas na paraan ng imperyalismo, kundi ng mapayapang demokrasya."[4]

3 *bulletin de l'Institut International de Statistique*, Tomo XIX, Aklat II, p. 225.
4 Karl Kautsky, *Nationalistaat, imperialistischer Staat und Staatenbund* (Pambansang Estado, Imperyalistang Estado at Unyon ng mga Estado), Nuremberg, 1915, pp. 72, 70.

Ang argumentong ito, na inuulit sa iba't ibang paraan ng tagapagtanggol na Ruso ni Kautsky (at tagapagtanggol na Ruso ng mga sosyal-sobinista) na si G. Spectator, ay kumakatawan sa batayan ng kritisismo sa imperyalismo na maka-Kautsky at iyon ang dahilan kung bakit kailangang mas detalyadong talakayin ito. Sisimulan natin sa pamamagitan ng pagsipi kay Hilferding na nagbuo ng mga kongklusyon na sinasabi ni Kautsky sa maraming pagkakataon, laluna noong Abril 1915 ay "nagkakaisang pinagtibay ng lahat ng teoretisyang sosyalista".

> "Hindi dapat pagkaabalahan ng proletaryado," ayon kay Hilferding, "na pag-ibahin ang mas progresibong patakarang kapitalista sa patakaran ng nakalipas na ngayong kapanahunan ng malayang kalakalan at ng paglaban sa estado. Hindi maaaring malayang kalakalan kundi sosyalismo ang sagot ng proletaryado sa pang-ekonomyang patakaran ng kapital sa pinansya, sa imperyalismo. Hindi maaaring maging layunin ngayon ng proletaryong patakaran ang simulain ng pagpapanumbalik ng malayang kompetisyon–na ngayo'y isa nang reaksyunaryong simulain—kundi ang lubos na eliminasyon ng kompetisyon sa pamamagitan ng pagpawi sa kapitalismo."[5]

5 Hilferding, *Op. cit.,* p. 471-72.

Humiwalay si Kautsky sa Marxismo sa pamamagitan ng pagtataguyod, sa panahon ng kapital sa pinansya, ng "reaksyunaryong simulain", ng "mapayapang demokrasya", ng "simpleng operasyon ng pang-ekonomyang mga salik", dahil *obhetibong* hinihila tayong paurong ng simulaing ito mula monopolyong kapitalismo tungong kapitalismong di monopolyo, at ito'y isang repormistang panlilinlang.

"Maaaring mas lumago" ang pakikipagkalakalan sa Ehipto (o sa alinpamang kolonya o malakolonya) *nang walang* pananakop militar, walang imperyalismo, at walang kapital sa pinansya. Anong ibig sabihin nito? Na mas mabilis na uunlad ang kapitalismo kung ang malayang kompetisyon ay hindi nililimitahan ng mga monopolyo sa pangkalahatan, o ng mga "koneksyon", ng pagkubabaw (ibig sabihin, ng monopolyo din) ng kapital sa pinansya, o ng monopolistang pag-angkin ng ilang bayan sa mga kolonya?

Walang ibang kahulugan ang argumento ni Kautsky; at walang kahulugan ang "kahulugang" *ito*. Ipagpalagay na natin na *maaaring* paunlarin ng malayang kompetisyon, nang walang anumang klase ng monopolyo, ang kapitalismo at kalakalan nang mas mabilis. Pero hindi ba't kapag mas mabilis ang pag-unlad ng kalakalan at kapitalismo, mas malaki ang konsentrasyon ng produksyon at kapital na *nagluluwal* ng monopolyo? At naririyan *na* ang mga monopolyo – *mula* mismo sa malayang kompetisyon! Kahit na nagsisimula na ngayong pigilan ng mga monopolyo ang pagsulong, hindi ito argumentong pabor sa malayang kompetisyon, na naging imposible na dahil iniluwal nito ang monopolyo.

Saanmang anggulo suriin ang argumento ni Kautsky, wala itong laman kundi reaksyon at repormismong burges.

Kahit na iwasto natin ang argumentong ito at sabihin, tulad ng sinasabi ni Spectator, na mas mabagal ngayong umuunlad ang pakikipagkalakalan ng mga kolonya at Britain kaysa niyong pakikipagkalakalan ng mga ito at sa ibang mga bayan, hindi nito maililigtas si Kautsky; dahil monopolyo rin, imperyalismo din ang tumatalo sa Great Britain, monopolyo at imperyalismo nga lamang ng ibang bayan (Amerika, Germany). Alam nating iniluwal ng mga kartel ang isang bago at partikular na anyo ng mga taripang protektibo, ibig sabihin, protektado ang mga produktong angkop para sa eksport (tinukoy ito ni Engels sa Bolyum 3 ng *Kapital*). Alam din natin na may partikular na sistema ang mga kartel at kapital sa pinansya, iyong "pag-eeksport ng mga produkto sa presyong mas mababa kaysa karaniwan," o "pagtatambak," sa taguri ng mga Ingles: sa loob ng isang tiyak na bayan, mataas ang presyo ng mga produkto ng kartel ayon sa itinatakda ng monopolyo pero ibinebenta naman sa labas ng bayan, sa malayong mas mababang presyo kaysa niyong sa karibal, para mapalaki nang husto ang produksyon, atbp. Kung mas mabilis na umuunlad ang pakikipagkalakalan ng Germany sa mga kolonyang British kaysa niyong sa Great Britain at mga kolonya ding iyon, pinatutunayan lamang nito na mas bata, mas matatag at may mas organisado ang imperyalismong German kaysa imperyalismong British – superyor dito. Pero hinding-hindi nito pinatutunayan ang "superyoridad" ng malayang kalakalan, dahil hindi ito labanan sa pagitan ng malayang kalakalan at ng proteksyon at dependensyang kolonyal, kundi sa pagitan ng dalawang magkaribal na imperyalismo, ng dalawang monopolyo, dalawang grupo ng kapital sa pinansya. Mas makapangyarihan ang superyoridad ng imperyalismong German sa imperyalismong British kaysa iyong pader ng mga pronterang kolonyal o ng mga taripang protektibo. Usapang kanto ang paggamit dito bilang argumentong *pabor* sa malayang kalakalan at "mapayapang demokrasya"; nangangahulugan ito ng pagkalimot sa esensyal na mga katangian at kalidad ng imperyalismo, at ng paghalili ng repormismong petiburges sa Marxismo.

Interesanteng pansinin na bagamat kasing-petiburges ng kay Kautsky ang kritisismo sa imperyalismo maging ng ekonomistang burges na si A. Lansburgh, mas malapit naman siya sa mas syentipikong pag-aaral ng istatistiks sa kalakalan. Hindi iisang bayan lamang, na ala-swerteng pinili, at iisang kolonya lamang ang inihambing niya sa ibang mga bayan; sinuri niya ang pakikipagkalakalang eksport ng isang bayang imperyalista: 1) sa mga bayang dependyente dito sa pinansya at humihiram dito ng pera; at 2) sa mga bayang independyente sa pinansya. Nakuha niya ang sumusunod na resulta:

KALAKALANG EKSPORT NG GERMANY (milyong mark)

| MGA BAYANG DEPENDYENTE SA GERMANY SA PINANSYA | 1889 | 1908 | PORSYENTONG INILAKI |
|---|---|---|---|
| Romania | 48.2 | 70.8 | 47 |
| Portugal | 19.0 | 32.8 | 73 |
| Argentina | 60.7 | 147.0 | 143 |
| Brazil | 48.7 | 84.5 | 73 |
| Chile | 28.3 | 52.4 | 85 |
| Turkey | 29.9 | 64.0 | 114 |
| Kabuuan | 234.8 | 451.5 | 92 |
| MGA BAYANG INDEPENDYENTE SA GERMANY SA PINANSYA | | | |
| Great Britain | 651.8 | 997.4 | 53 |
| Pransya | 210.2 | 437.9 | 108 |
| Belgium | 137.2 | 322.8 | 135 |
| Switzerland | 177.4 | 401.1 | 127 |
| Australia | 21.2 | 64.5 | 205 |
| Dutch East Indies | 8.8 | 40.7 | 363 |
| Kabuuan | 1,206.6 | 2,264.4 | 87 |

Hindi nagbuo ng mga *kongklusyon* si Lansburgh at kung gayon, nakakapagtaka nga, hindi niya napansin na kung may pinatutunayan man ang mga datos, pinatutunayan ng mga ito na *mali siya*, dahil *mas mabilis* na lumago ang mga eksport sa mga bayang dependyente sa Germany sa pinansya, kahit bahagya lamang, kaysa niyong sa mga bayang nagsasarili sa pinansya. (Idinidiin natin ang "kung" dahil kulang-kulang ang datos ni Lansburgh.)

Sa pagtunton ng koneksyon ng eksport at mga pautang, sinasabi ni Lansburgh:

> "Noong 1890-91, nagpalutang ng pautang sa Rumania sa pamamagitan ng mga bangkong German na nakapagpauna na sa pautang na ito sa nakaraang mga taon. Pangunahing ginamit ang pautang sa pagbili sa Germany ng materyales para sa perokaril. Noong 1891 nagkakahalagang 55,000,000 *marks* ang mga eksport ng Germany sa Rumania. Bumaba ito sa 39,400,000 *marks* sa sumunod na taon; pagkatapos noong 1900 sa 25,400,000 *marks* nang may pagbagu-bago. Sa kagyat na kararaang mga taon lamang muling tinamo ng mga ito ang antas ng 1891, salamat sa dalawang bagong pautang.
>
> "Lumaki ang mga eksport ng Germany sa Portugal, kasunod ng mga pautang ng 1888-89, sa 21,000,000 (1890); pagkatapos, bumagsak sa sumunod na dalawang taon, sa 16,200,000 at 7,400,000; at nabawi lamang ang dating antas noong 1903.

"Mas tampok pa ang datos sa kalakalang Germany-Argentina. Nagpalutang ng mga pautang noong 1888 at 1890, umabot ng 60,700,000 *marks* ang mga eksport ng Germany sa Argentina(1889). Pagkaraan ng dalawang taon, umabot lamang ang mga ito ng 18,600,000 *marks*, ibig sabihin, kulang sa sangkatlo ng dating numero. Umabot pa ng 1901 bago nabawi at nalampasan ng mga ito ang inabot noong 1889, at nagkagayon lamang dahil sa bagong mga pautang na pinalutang ng estado at mga munisipalidad nang may mga pauna para itayo ang mga istasyon ng enerhiya, at nang may iba pang mga operasyon sa pautang.

"Tumaas ang mga eksport sa Chile sa 45,200,000 *marks* noong 1892 dahil sa pautang noong 1889. Bumaba ito sa 22,500,000 *marks* sa sumunod na taon. Ang bagong pautang sa Chile na pinalutang ng mga bangkong German noong 1906 ay sinundan ng pagtaas ng mga eksport noong 1907 sa 84,700,000 *marks* para lamang muling bumaba sa 52,400,000 *marks* noong 1908."6

6 *Die Bank*, 1909, Tomo II, pp. 826-27.

Mula sa lahat ng datos na ito, hinalaw ni Lansburgh ang nakatatawang petiburges na pangaral na mabuway at iregular ang pakikipagkalakalang eksport kapag nakatali sa mga pautang, na masamang mamuhunan ng kapital sa ibang bayan sa halip na "natural" at "magkatugmang" paunlarin ang panloob na industriya, na “napakamahal” ng milyun-milyong suhol na ibinayad ni Krupp sa pagpapalutang ng dayuhang mga pautang, atbp.! Pero malinaw ang ipinapakita ng datos: *Mahigpit* ang koneksyon ng paglaki ng eksport sa nanggagantsong mga salamangka ng kapital sa pinansya, na hindi usapin ng burges na moralidad kundi ng makaulit na pagnanakaw– una, sa pagbubulsa ng tubo mula sa pautang: pagkatapos, sa pagbubulsa ng ibang tubo mula sa pautang *ring iyon* na ginagamit ng nanghiram para mamili mula sa Krupp, o mamili ng materyales para sa perokaril sa *Steel Syndicate*, atbp.

Inuulit ko na hinding-hindi ko tinitingnang kumpleto ang datos ni Lansburgh. Pero kinailangang sipiin natin ang mga ito dahil mas syentipiko ang mga ito kaysa niyong kina Kautsky at Spectator, at dahil ipinakita ni Lansburgh ang tamang kaparaanan sa pagsusuri ng usapin. Sa pagtalakay ng kabuluhan ng kapital sa pinansya kaugnay ng mga eksport, atbp., kailangang matumbok ang koneksyon ng mga eksport laluna at tanging sa mga salamangka ng mga tagapinansya, laluna at tanging sa pagbebenta ng mga produkto ng mga kartel, atbp. Pag-iwas at pagpapalabo sa *pinakaesensya* ng usapin ang simpleng paghahambing ng mga kolonya sa mga hindi kolonya, ng isang imperyalismo sa iba pang imperyalismo, ng isang malakolonya o kolonya (Ehipto) sa lahat ng ibang bayan.

Hinding-hindi katugma ng Marxismo ang teoretikal na kritika ni Kautsky sa imperyalismo at tumatayo lamang bilang preambulo sa propaganda para sa kapayapaan at pakikipagkaisa sa mga oportunista at sosyal-sobinista, sa dahilan mismong iniiwasan at pinapalabo nito ang napakalalim at pundamental na mga kontradiksyon ng imperyalismo: ang mga kontradiksyon sa pagitan ng monopolyo at ng malayang kompetisyon na kaagapay nitong umiiral, sa pagitan ng dambuhalang "mga operasyon" (at dambuhalang tubo) ng kapital sa pinansya at ng "matapat" na kalakalan sa malayang pamilihan, ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga kartel at trust sa isang banda at ng hindi kartelisadong industriya sa kabila, atbp.

Ganoon din kareaksyunaryo ang bantog na teorya ng "ultra-imperyalismo" na inimbento ni Kautsky. Paghambingin ang kanyang mga argumento noong 1915 sa paksang ito sa mga argumento ni Hobson noong 1902.

Kautsky:

> "Hindi ba pwedeng halinhan ang kasalukuyang patakarang imperyalista ng bagong patakarang ultra-imperyalista na magpapasimula ng sama-samang pagsasamantala ng internasyunal na nagkakaisang kapital sa pinansya sa daigdig kapalit ng mutwal na ribalan ng pambansang mga kapital sa pinansya? Anu't anuman, maaaring isipin ang ganoong bagong antas ng kapitalismo. Pwede ba itong kamtin? Kulang pa ang sapat na mga salalayan para masagot natin ang tanong na ito."[7]

Hobson:

> "Sa marami, mukhang ang sangkakristyanuhan, na nakapakat sa gayon sa ilang malalaking imperyong pederal, na bawat isa'y may kulumpon ng mga dependensyang di sibilisado, ang pinakalehitimong pag-unlad ng kasalukuyang mga tendensya, at siyang makapagbibigay ng pinakamagandang pag-asa ng permanenteng kapayapaan sa tiyak na batayan ng inter-imperyalismo."[8]

Tinagurian ni Kautsky na ultra-imperyalismo o super-imperyalismo ang mas maaga ng 13 taong inilarawan ni Hobson bilang inter-imperyalismo. Maliban sa paglikha ng bago at magaling na salita, sa pamamagitan ng pagpapalit ng unlaping Latin sa isa pa, ang tanging pagsulong na nagawa ni Kautsky sa larangan ng kaisipang "syentipiko" ay palabasing Marxismo ang sa katunaya'y inilarawan ni Hobson na ipokritong pananalita ng Ingles na mga pastor. Pagkaraan ng Digmaang Anglo-Boer, natural lamang para sa kagalang-galang na mga tauhang ito na ibuhos ang kanilang pangunahing pagsisikap sa *pagpapalubag ng loob* ng panggitnang uring British at mga manggagawang namatayan ng maraming kamag-anak sa mga larangan ng digma ng Timog Aprika at obligadong magbayad ng mas mataas na buwis para garantyahan ang mas malalaki pang tubo para sa mga tagapinansyang British. At anong konsolasyon ang mas huhusay pa sa teoryang hindi naman napakasama ang imperyalismo; na malapit ito sa inter- (o ultra-)imperyalismo na makapagtitiyak ng permanenteng kapayapaan. Anupaman ang magagandang intensyon ng mga pastor na Ingles o ng sentimental na si Kautsky, ito ang tanging obhetibo, ibig sabihin, ang tunay na kabuluhan sa lipunan ng "teorya" ni Kautsky: ito ang pinakareaksyunaryong paraan ng pagpapalubag ng loob ng masa sa pamamagitan ng mga pag-asang posible ang permanenteng kapayapaan sa ilalim ng kapitalismo, sa pamamagitan ng pag-aalis ng kanilang atensyon sa matatalas na antagonismo at matitinding problema ng kasalukuyang panahon, at pagbabaling nito sa kathang-isip na mga posibilidad ng haka-hakang "ultra-imperyalismo" ng hinaharap. Panlilinlang sa masa – ito ang tanging laman ng "Marxistang" teorya ni Kautsky.

7 *Die Neue Zeit*, April 30, 1915, p. 144.
8 Hobson, *Op. cit.,* p. 351.

Mangyari pa, sapat nang paghambingin ang laganap at di mapag-aalinlanganang datos para makumbinsi na ganap na huwad ang mga prospek na tinatangka ni Kautsky na ipanlinlang sa mga manggagawang German (at mga manggagawa ng lahat ng bayan). Tingnan natin ang India, Indotsina at Tsina. Batid ng lahat na nakapailalim ang tatlong kolonyal at malakolonyal na bayang ito, na may populasyong anim hanggang pitong daang milyon, sa pagsasamantala ng kapital sa pinansya ng ilang estadong imperyalista: Great Britain, France,

Japan, USA, atbp. Ipagpapalagay nating nagbubuo ang imperyalistang mga bayang ito ng mga alyansa laban sa isa't isa para protektahan at palawakin ang kani-kanilang sakop, interes at "mga saklaw ng impluwensya" sa Asyatikong mga estadong ito; magiging "inter-imperyalista" o "ultra-imperyalista" ang mga alyansang ito. Ipagpapalagay natin na magbubuo ang *lahat* ng imperyalistang bayang ito ng alyansa para sa "mapayapang" paghahati-hati ng mga bahaging ito ng Asya; magiging alyansa ito ng "internasyunal na nagkakaisang kapital sa pinansya". Sa kasaysayan ng ika-20 siglo, may mga aktwal na halimbawa ng ganitong tipo ng mga alyansa – ang aktitud ng mga kapangyarihan kaugnay ng Tsina halimbawa. Itanong natin, "mahihinuha" ba ito, kung ipagpapalagay na mananatiling buo ang sistemang kapitalista – at ito mismo ang ipinagpapalagay ni Kautsky – na hindi na lamang pansamantala ang ganoong mga alyansa, na papawiin ng mga ito ang kiskisan, labanan at tunggalian sa lahat ng posibleng anyo?

Kailangan lamang na malinaw na ilahad ang usapin para maging imposibleng makarating sa sagot na iba sa negatibo. Ito'y dahil ang *tanging* maaaring batayan para sa paghahati-hati ng mga saklaw ng impluwensya, mga interes, kolonya, atbp. sa ilalim ng kapitalismo, ay ang kalkulasyon ng *lakas* ng mga kalahok, ng kanilang pangkalahatang lakas sa ekonomya, pinansya, militar, atbp. At hindi pantay ang antas ng pagbabago ng lakas ng mga kalahok na ito sa paghahati-hati, dahil sa kapitalismo, imposible ang *pantay* na pag-unlad ng iba't ibang negosyo, trust, sangay ng industriya, o bayan. Kalahating siglo sa nakaraan, isang hamak at di makabuluhang bayan ang Germany kung ihahambing ang kapitalistang lakas nito sa lakas ng Britain noon. Ganoon din ang Japan kung ihahambing sa Rusya. "Mahihinuha" ba na pagkaraan ng 10 o 20 taon, mananatiling *hindi* nagbago ang relatibong lakas ng mga kapangyarihang imperyalista? Hinding-hindi.

Kung gayon, sa mga realidad ng sistemang kapitalista, at hindi sa walang kwentang pilistinong mga pantasya ng mga pastor na Ingles, o ng "Marxistang" German na si Kautsky, *di maiiwasang* walang iba kundi "suspensyon ng labanan" sa pagitan ng mga digma ang "inter-imperyalista" o "ultra-imperyalistang" mga alyansa, anumang anyo ito magkahugis, maging imperyalistang koalisyon ito laban sa iba pa, o pangkalahatang alyansa na sumasaklaw sa *lahat* ng imperyalistang kapangyarihan. Inilalatag ng mapayapang mga alyansa ang batayan para sa mga digma, at lumilitaw naman mula sa mga digma; kondisyon ang isa para sa isa pa, at lumilikha ng naghahalinhinang mga anyo ng mapayapa at di mapayapang tunggalian mula sa *iyon at iyon ding* batayan ng mga koneksyon at relasyong imperyalista na nakapaloob sa ekonomya ng daigdig at pulitika ngdaigdig. Pero para payapain ang mga manggagawa at papagkasunduin ang mga ito sa mga sosyal-sobinistang nagtaksil na tungo sa panig ng burgesya, *ihinihiwalay* ng napakatalinong si Kautsky ang isang kawing mula sa ibang kawing ng iisang kadena, ihinihiwalay niya ang kasalukuyang mapayapang alyansa (at ultra-imperyalista, hindi, ultra-ultra-imperyalista) ng *lahat* ng kapangyarihan para sa "pasipikasyon" ng Tsina (tandaan ang pagsupil sa Rebelyong Boxer) mula sa di mapayapang labanan sa kinabukasan, na maghahanda naman ng isa pang "mapayapang" pangkalahatang alyansa para sa partisyon, halimbawa, ng Turkey, sa makalawa, atbp., atbp. Sa halip na ipakita ang buhay na koneksyon ng mga panahon ng kapayapaang imperyalista at ng mga panahon ng digmaang imperyalista, ihinaharap ni Kautsky sa mga manggagawa ang walang kabuhay-buhay na abstraksyon upang papagkasunduin sila sa kanilang walang kabuhay-buhay na mga lider.

Tinutukoy ni Hill, isang Amerikanong manunulat, sa kanyang *A History of the Diplomacy in the International Development of Europe (Kasaysayan ng Diplomasya sa Internasyunal na Pag-unlad ng*

*Europa)*[9] sa kanyang paunang salita ang sumusunod na mga panahon ng kontemporaryong kasaysayan ng diplomasya: 1) Ang panahon ng rebolusyon; 2) Ang kilusang konstitusyunal; 3) Ang kasalukuyang panahon ng "imperyalismong komersyal". Hinahati naman ng isa pang manunulat ang kasaysayan ng patakarang panlabas ng Great Britain mula 1870 sa apat na panahon: 1) Ang unang panahong Asyatiko (ang panahon ng pakikitunggali sa pag-abante ng Rusya sa Sentral na Asya tungong India); 2) Ang panahong Aprikano (humigit-kumulang, 1885-1902): panahon ng pakikitunggali laban sa France para sa partisyon ng Aprika (ang "insidenteng Fashoda" noong 1898 na muntik-muntik nang nagbunsod ng gera sa pagitan ng France at Great Britain); 3) Ang ikalawang panahong Asyatiko (pakikipag-alyansa sa Japan laban sa Rusya); at 4) Ang panahong Europeano na pangunahing kontra-German.[10] "Nangyayari ang mga sagupaan sa mga pampulitikang *outpost* sa larangang pampinansya," ayon sa bangkerong si Riesser noong 1905, sa pagpapakita kung paano hinahawan ang landas para sa pampulitikang alyansa ng mga bayang ito ng kapital sa pinansya ng France na nagnenegosyo sa Italy at kung paano namumuo ang hidwaan sa pagitan ng Great Britain at Germany para sa Persia, at ng lahat ng kapitalistang Europeano para sa mga pautang sa Tsina, atbp.  Masdan ang buhay na realidad ng mapayapang mga alyansang "ultra-imperyalista" sa di malulusaw na koneksyon ng mga ito sa karaniwang mga labanang imperyalista!

Naiiwan ang bakas ng pagpapalabo ni Kautsky sa pinakamalalalim na kontradiksyon ng imperyalismo, na di maiiwasang mauwi sa paggaganyak ng imperyalismo, sa kritisismo ng manunulat na ito sa mga katangian sa pulitika ng imperyalismo. Ang imperyalismo ang kapanahunan ng kapital sa pinansya at ng mga monopolyo, na nagpapasok sa lahat ng lugar ng paghahabol sa dominasyon, hindi sa kalayaan. Anuman ang sistema sa pulitika, sa lahat ng lugar, ang resulta ng mga tendensyang ito ay reaksyon at ang sukdulang pagpapatindi ng umiiral na mga antagonismo sa larangang ito. Partikular na umiigting ang pagkubabaw ng pambansang pang-aapi at ang paghahabol sa mga aneksasyon, ibig sabihin, ang paglabag sa pambansang independensya (dahil ang aneksasyon ay walang iba kundi ang paglabag sa karapatan ng mga bansa sa pagpapasya-sa-sarili). Wastong tinukoy ni Hilferding ang koneksyon sa pagitan ng imperyalismo at ng pag-igting ng pambansang pang-aapi.

> Ayon sa kanya, "Sa bagong bukas na mga bayan mismo, pinatitindi ng kapital na inimport papasok sa mga ito ang mga antagonismo at pinupukaw nito ang patuloy na lumalakas na paglaban ng mga mamamayan, na napupukaw sa pambansang kamulatan, laban sa mga nanghihimasok. Madaling umunlad ang paglabang ito tungo sa mapanganib na mga hakbang laban sa dayuhang kapital. Lubusang narerebolusyonisa ang lumang mga relasyong panlipunan. Nawawasak ang malaon nang agraryong pagkakahiwalay ng 'mga bansang walang kasaysayan', at hinihigop ang mga ito tungo sa alimpuyong kapitalista. Mismong ang kapitalismo ang unti-unting nagkakaloob sa mga nilupig ng mga kasangkapan at rekurso para sa kanilang pagpapalaya at nagsisikap silang kamtin ang layuning minsang nagmistulang pinakamatayog para sa mga bansa sa Europa: ang paglikha ng nagkakaisang pambansang estado bilang pamamaraan para sa pagpapalaya sa ekonomya at kultura. Banta ang kilusang ito para sa pambansang kasarinlan sa kapital ng Europa sa pinakamahalaga at pinakamaaasahang mga larangan ng pagsasamantala, at mapapanatili ng kapital ng Europa ang paghahari nito sa pamamagitan lamang ng walang humpay na pagpapalaki ng mga pwersang militar nito."[11]

Kailangang idagdag dito na hindi lamang sa bagong bukas na mga bayan, kundi pati sa luma, na pumapatungo ang imperyalismo sa aneksasyon, sa mas matinding pambansang pang-aapi, at dahil dito, sa mas matinding paglaban. Habang tumututol sa pagpapatindi ng reaksyong pampulitika ng imperyalismo, pinapalabo ni Kautsky ang isang usapin na lalong naging seryoso, walang iba kundi ang usapin tungkol sa imposibilidad ng pakikipagkaisa sa mga oportunista sa kapanahunan ng imperyalismo. Habang tumututol sa aneksasyon, inilalahad niya ang kanyang mga pagtutol sa anyong pinakakatanggap-tanggap at pinakadi-nakasasakit sa mga oportunista. Mga German ang kanyang mambabasa, pero pinapalabo niya ang pinakamainit at pinakamahalagang punto, halimbawa, ang aneksasyon ng Germany sa Alsace-Lorraine. Para suriin ang "pagkasira sa isip" na ito ni Kautsky, tingnan natin ang sumusunod na halimbawa. Ipagpalagay nating kinokondena ng isang Hapones ang aneksasyon ng mga Amerikano sa Pilipinas. Marami bang maniniwala na ginagawa niya ito dahil nahihindik siya sa mismong aneksasyon at hindi dahil mismong siya ay naghahangad na sakupin ang Pilipinas? At hindi ba tayo mapipilitang tanggapin na maituturing lamang na sinsero at matapat sa pulitika ang "paglaban" ng Hapones sa aneksasyon kung lalabanan niya ang pananakop ng Japan sa Korea, at mananawagan para sa kalayaan ng Korea na humiwalay sa Japan?

9 David Jayne Hill, *A History of Diplomacy in the International Development of Europe* (Kasaysayan ng Diplomasya sa Internasyunal na Pag-unlad ng Europa), Tomo I, p. x.
10 Schilder, *op. cit.,* Tomo I, p. 178.
11 Hilferding, *op. cit.,* p. 406.

Ang teoretikal na pagsusuri ni Kautsky ng imperyalismo, gayundin ang kanyang pang-ekonomya at pampulitikang kritika sa imperyalismo, ay lipos ng diwa ng pagpapalabo at pagtatakip sa pinakamalalalim na kontradiksyon ng imperyalismo, at ng pagsusumikap na isalba, anuman ang kailanganin, ang gumuguhong pakikipagkaisa sa oportunismo sa kilusang manggagawa sa Europa,isang diwa na absolutong di maiuugma sa Marxismo.

## KABANATA 10

## ANG LUGAR NG IMPERYALISMO SA KASAYSAYAN

Nakita na natin na ang pinakaesensya sa ekonomya ng imperyalismo ay monopolyong kapitalismo. Itinatakda ng mismong katotohanang ito ang lugar ng imperyalismo sa kasaysayan, dahil ang monopolyong tumubo sa lupa ng malayang kompetisyon at mula mismo sa malayang kompetisyon ay ang transisyon mula sa sistemang kapitalista tungo sa mas mataas na kaayusang sosyo-ekonomiko. Kailangang bigyan natin ng espesyal na pansin ang apat na prinsipal na tipo ng monopolyo, o ang apat na prinsipal na manipestasyon ng monopolyong kapitalismo, na katangian ng kapanahunang ating sinusuri.

Unang-una, umusbong ang monopolyo mula sa konsentrasyon ng produksyon sa napakaabanteng yugto ng pag-unlad. Tinutukoy nito ang monopolistang kapitalistang mga

asosasyon, kartel, *syndicate* at trust. Nakita na natin ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga ito sa modernong buhay pang-ekonomya. Sa simula ng ika-20 siglo, tinamo na ng mga monopolyo ang ganap na pangingibabaw sa abanteng mga bayan. At bagamat ang mga bayang nagtatamasa ng proteksyon ng matataas na taripa (Germany, Amerika) ang unang humakbang tungo sa pagbubuo ng mga kartel, ganoon din ang nangyari sa Great Britain, na may sistema ng malayang kalakalan, ibig sabihin, ang pagsilang ng monopolyo mula sa konsentrasyon ng produksyon.

Ikalawa, pinabilis ng mga monopolyo ang pag-agaw sa pinakamahahalagang pinagkukunan ng hilaw na materyales, laluna sa mga industriya ng karbon at bakal, na siyang mga industriyang pinakasaligan at pinakamatindi ang pagiging kartelisado sa lipunang kapitalista. Pinalawak nang husto ng monopolyo sa pinakamahahalagang pinagkukunan ng hilaw na materyales ang kapangyarihan ng malaking kapital, at pinatalas nito ang antagonismo sa pagitan ng kartelisado at di kartelisadong industriya.

Ikatlo, sumibol ang monopolyo mula sa mga bangko. Ang mga bangko ay umunlad mula sa pagiging katamtamang mga empresang intermedyaryo tungo sa pagiging mga monopolyo ng kapital sa pinansya. Mga tatlo hanggang lima sa pinakamalalaking bangko sa bawat pangunahing bayang kapitalista ang nakatamo ng "personal na pag-iisa" ng kapital sa industriya at kapital sa bangko, at nagkonsentra sa sariling mga kamay ng kontrol sa libu-libong milyong bumubuo ng kalakhang bahagi ng kapital at kita ng buu-buong mga bayan. Isang oligarkiya sa pinansya, na naglalatag ng mahigpit na network ng mga relasyon ng dependensya sa lahat ng institusyon sa ekonomya at pulitika ng kontemporaryong lipunang burges nang walang pasubali – ganoon ang pinakamatingkad na manipestasyon ng monopolyong ito.

Ikaapat, sumibol ang monopolyo mula sa patakarang kolonyal. Sa maraming "lumang" motibo ng patakarang kolonyal, idinagdag ng kapital sa pinansya ang tunggalian para sa mga pinagkukunan ng hilaw na materyales, para sa eksport ng kapital, para sa "mga saklaw ng impluwensya," ibig sabihin, mga larangan ng mapagtutubuang mga transaksyon, konsesyon, monopolyong tubo at iba pa; panghuli, para sa teritoryong pang-ekonomya sa pangkalahatan. Nang ang mga kolonya ng mga kapangyarihang Europeano sa Aprika ay binubuo, halimbawa, ng sangkasampu (1/10) lamang ng teritoryong iyon (gaya ng kalagayan noong 1876), nakaunlad ang patakarang kolonyal sa mga paraang kaiba niyong sa monopolyo – masasabing sa "malayang pag-agaw" ng mga teritoryo. Pero nang naagaw na ang 9/10 ng Aprika (sa bandang 1900), nang nahati-hati na ang buong daigdig, di maiiwasan ang pagbungad ng kapanahunan ng monopolyong pananakop ng mga kolonya, at bunga nito, ng kapanahunan ng napakatinding tunggalian para sa paghahati-hati at muling paghahati-hati ng daigdig.

Alam ng lahat kung gaano pinatindi ng monopolistang kapital ang lahat ng kontradiksyon ng kapitalismo. Sapat nang banggitin ang mataas na gastusin para mabuhay at ang tiranya ng mga kartel. Ang pagpapatinding ito ng mga kontradiksyong bumubuo sa pinakamakapangyarihang pwersang pampakilos ng transisyunal na panahon ng kasaysayan, na nagsimula noong ganap na tagumpay ng pandaigdigang kapital sa pinansya.

Ang mga monopolyo, ang oligarkiya, ang paghahabol sa paghahari sa halip na pagsisikap para sa kalayaan, ang pagsasamantala sa paparaming maliliit o mahihinang bansa ng sandakot na pinakamayayaman o pinakamakapangyarihang bansa – isinilang ng lahat ng ito ang naiibang mga katangian ng imperyalismo na nag-oobliga sa ating ilarawan ito bilang parasitiko o nabubulok na kapitalismo. Patingkad nang patingkad ang pag-usbong, bilang isa sa mga tendensya ng imperyalismo, ng paglikha ng "estadong *rentier*", ng estadong usurero, kung saan nabubuhay ang burgesya sa mga kita ng eksport na kapital at sa "paggupit ng

kupon". Mali kung maniwalang ipinupwera ng tendensyang mabulok ang posibilidad ng mabilis na paglago ng kapitalismo. Hindi naman. Sa kapanahunan ng imperyalismo, pinapatotohanan ng ilang sangay ng industriya, ilang saray ng burgesya at ilang bayan, sa magkakaibang antas, ang isa o iba pa sa mga tendensyang ito. Sa kabuuan, mas mabilis na lumalago ang kapitalismo kaysa nakaraan. Pero hindi lamang paibayo ang di pagkakapantay ng paglagong ito sa pangkalahatan; namamalas din ang mismong di pagkakapantay na ito sa partikular sa pagkabulok ng mga bayang pinakamayaman sa kapital (Britain).

Kaugnay ng bilis ng pag-unlad sa ekonomya ng Germany, ang sabi ni Riesser, ang may-akda ng aklat tungkol sa mga bangkong German:

> "Ang progreso ng naunang panahon (1848-70), na hindi naman gaanong mabagal, ay maihahambing sa bilis ng pag-unlad ng buong pambansang ekonomya ng Germany, kasama ang pagbabangkong German, sa panahong ito (1870-1905), katulad ng paghahambing ng bilis ng karuwahe ng koreo sa nagdaang mga panahon sa bilis ng kotse sa kasalukuyan... na napakabilis na humahagibis kung kaya't nalalagay sa panganib hindi lamang ang inosenteng mga naglalakad sa daraanan nito, kundi pati sa mga nakasakay sa kotse."[1]

Kaugnay naman ng kapital sa pinansya, na lumago nang may pambihirang bilis, hindi ito mag-aatubili, dahil nga napakabilis ng paglago nito, na tumungo sa mas "panatag" na pag-aari ng mga kolonyang kailangang sakupin – at hindi sa mapayapang mga paraan lamang – mula sa mas mayayamang bansa. Sa United States, mas mabilis pa kaysa Germany ang pang-ekonomyang pag-unlad nitong huling mga dekada, at *sa mismong dahilang ito*, mas lalong tumampok ang parasitikong katangian ng modernong kapitalismong Amerikano. Sa kabilang banda, ipinapakita ng paghahambing halimbawa ng republikanong burgesyang Amerikano sa monarkistang burgesyang Hapones o German na sukdulang nababawasan sa kapanahunan ng imperyalismo ang pinakamatitingkad na mga pagkakaiba sa pulitika – hindi dahil hindi importante ang mga ito sa pangkalahatan, kundi dahil sa lahat ng kasong ito, tinatalakay natin ang burgesyang nagtataglay ng tiyak na mga katangian ng parasitismo.

1 Reisser, *op. cit.,* ikatlong edisyon, p. 354.—*Ed.*

Sa pagtanggap ng mga kapitalista sa isa sa maraming sangay ng industriya, sa isa sa maraming bayan, atbp., ng malalaking na monopolyong tubo, nagiging posible sa ekonomya na suhulan nila ang ilang seksyon ng uring manggagawa, at sa isang panahon ang malaki-laking minorya, at hatakin ang mga ito sa panig ng burgesya ng isang tiyak na industriya o bansa laban sa lahat ng iba. Pinalalaki ang pagnanasang ito ng pagtindi ng mga antagonismo sa pagitan ng imperyalistang mga bansa para sa paghahati-hati ng daigdig. Kaya, may nililikhang bigkis sa pagitan ng imperyalismo at oportunismo na una at napakalinaw na natambad sa Great Britain dala ng katotohanang may ilang katangian ng imperyalistang pag-unlad na mas maagang nakita doon kaysa ibang mga bayan.

Ilang manunulat, si L. Martov halimbawa, ang nagtangkang iwasan ang katotohanan na may koneksyon sa pagitan ng imperyalismo at ng oportunismo sa kilusang paggawa – na isang napakatingkad na katotohanan sa kasalukuyan – sa pamamagitan ng pagbaling sa "upisyal na optimismo" (ala-Kautsky at Huysmans) tulad ng sumusunod: mawawalan ng pag-asa ang simulain ng mga kalaban ng kapitalismo kung mismong ang progresibong kapitalismo ang nagbunsod ng paglala ng oportunismo, o kung mismong ang mga manggagawang pinakamalaki ang sahod ang kumiling sa oportunismo, atbp. Wala dapat

tayong ilusyon kaugnay ng ganitong klase ng "optimismo." Optimismo ito na kaugnay ng oportunismo; optimismo ito na nagsisilbi sa pagkukubli ng oportunismo. Sa katunayan, hinding-hindi garantiya ang pambihirang bilis at kasuklam-suklam na katangian ng pag-unlad ng oportunismo na magtatagal ang tagumpay nito: ibinubunsod ng mabilis na paglaki ng masakit na pigsa sa malusog na katawan ang mas mabilis na pagsabog nito at kung gayo'y ang pag-alis nito sa katawan. Kaugnay nito, ang pinakamapapanganib sa lahat ay iyong mga ayaw umintindi na huwad at paghahambog ang paglaban sa imperyalismo liban kung di mapaghihiwalay na iniuugnay ito sa paglaban sa oportunismo.

Mula sa lahat ng sinabi na sa librong ito tungkol sa kalikasan sa ekonomya ng imperyalismo, nangangahulugan na kailangang bigyan ito ng depinisyon bilang kapitalismong nasa transisyon, o mas presiso, bilang naghihingalong kapitalismo. Sa aspetong ito, napakainstruktibong pansinin na sa paglalarawan ng mga ekonomistang burges sa modernong kapitalismo, madalas na ginagamit nila ang mga terminong tulad ng "*interlocking*", "kawalan ng pagkahiwa-hiwalay", atbp.; "umaayon sa kanilang mga tungkulin at proseso ng pag-unlad", "hindi purong pribadong mga empresa sa negosyo" ang mga bangko; "iniiwan nang iniiwan ng mga ito ang larangan ng purong pribadong regulasyon ng negosyo". At napakaseryosong ipinapahayag ng mismong si Riesser na siyang nagsabi ng kasisiping mga salita na "hindi nagkatotoo" ang "propesiya" ng mga Marxista kaugnay ng "sosyalisasyon"!

Ano kung gayon ang isinasaad ng salitang "*interlocking*"? Isinasaad lamang nito ang pinakamatingkad na katangian ng prosesong napapagmasdan natin ngayon. Ipinapakita nito na binibilang ng nagsusuri ang hiwa-hiwalay na mga puno, pero hindi niya makita ang gubat. Mala-aliping kinokopya nito ang paimbabaw, ang ala-swerte, ang magulo. Inilalantad nito na nalulula ang nagsusuri sa dami ng hilaw na materyales at walang-walang kakayahang kilalanin ang kahulugan at halaga nito. "Nag-*iinterlock* nang walang kaayusan" ang pagmamay-ari sa mga sapi at ang mga relasyon ng mga may-ari ng pribadong propyedad. Pero ang nasa likod ng *interlocking* na ito, ang pinakapundasyon nito, ay ang nagbabagong mga panlipunang relasyon sa produksyon. Kapag nagiging dambuhala ang malaking empresa, at batay sa eksaktong pagkukwenta ng maramihang datos, inoorganisa nang ayon sa plano ang suplay ng pangunahing hilaw na materyales hanggang sa dalawang sangkatlo (2/3), o tatlong sangkapat (3/4) ng lahat ng kailangan ng ilampung milyong tao; kapag sistematiko at organisadong inihahatid ang hilaw na materyales sa pinakaangkop na lugar ng produksyon, na minsa'y daan-daang libong milya ang layo sa isa't isa; kapag may iisang sentrong nagdidirihe ng lahat ng sunud-sunod na yugto ng trabaho hanggang sa manupaktura ng maraming iba't ibang klase ng yaring produkto; kapag ayon sa iisang plano ang distribusyon ng mga produktong ito sa puu-puo o daan-daang milyong konsyumer (tulad ng pagbebenta ng langis sa Amerika at Germany ng "trust sa langis" na Amerikano) – nagiging malinaw kung gayon na may sosyalisasyon ng produksyon, at hindi simpleng "*interlocking*"; na ang pribadong mga relasyong pang-ekonomya at pribadong mga relasyon sa pag-aari ay isang balot na hindi na bagay sa mga laman nito, isang balot na di maiiwasang magsimulang mabulok kung maaantala ang pagwasak dito sa artipisyal na paraan; isang balot na maaaring matagal-tagal na manatili sa nabubulok na katayuan (laluna kung matatagalan ang paggamot sa oportunistang pamamaga), pero di maiiwasang maalis ito.

Ibinubulalas ng masigasig na tagahanga ng imperyalismong German na si Schulze-Gaevernitz:

> "Oras na inilagak sa kamay ng sandosenang tao ang kataas-taasang pangangasiwa sa mga bangkong German, mas makabuluhan para sa kagalingang publiko ang kanilang aktibidad kaysa niyong sa mayorya ng mga Ministro ng Estado." (Kumbinyenteng

kinalimutan dito ang "*interlocking*" ng mga bangkero, ministro, hari ng industriya at *rentier*.)... Kung iisipin natin ang mga tendensya ng pag-unlad na tinukoy natin ay hahantong sa lohikal na kongklusyon ng mga ito, ganito ang mangyayari: ang pagsasama-sama ng kapital na salapi ng bansa sa mga bangko; ang pagsasama-sama mismo ng mga bangko sa mga kartel; ang paghuhugis ng kapital sa puhunan ng bansa bilang *securities*; maisasakatuparan kung gayon ang hula ng henyong si Saint-Simon na 'Kailangang magbigay-daan ang kasalukuyang anarkiya sa produksyon, na bunsod ng katotohanang umuunlad ang mga relasyong pang-ekonomya nang walang unipormadong regulasyon, sa organisasyon ng produksyon. Huhubugin ang produksyon hindi na ng hiwa-hiwalay na mga nagmamanupaktura na independyente sa isa't isa at hindi alam ang mga pang-ekonomyang pangangailangan ng tao, kundi ng isang institusyong publiko. Dahil may kakayahang magmasid sa malaking larangan ng ekonomyang panlipunan mula sa mas mataas na punto de bista, isang sentral na organo sa pangangasiwa ang magrereguleyt sa ekonomya para sa benepisyo ng buong lipunan. Mailalagay nito sa angkop na mga kamay ang mga kagamitan sa produksyon, at higit sa lahat, mapapangalagaan nito ang palagiang pagtutugma ng produksyon at konsumo. May umiiral nang mga institusyon na bumabalikat bilang bahagi ng kanilang tungkulin ang isang antas ng pag-oorganisa ng paggawang pang-ekonomya: ang mga bangko.' Sa hinaharap pa ang pagsasakatuparan ng mga hula ni Saint-Simon, pero nasa landas na tayo tungo sa pagsasakatuparan nito – ang Marxismo na iba sa inisip ni Marx, pero iba lamang sa anyo."[2]

Isa nga itong nakakadurog na "pagpapasinungaling" kay Marx! Isang hakbang paurong ito mula sa presiso at syentipikong pagsusuri ni Marx tungo sa panghuhula ni Saint-Simon, panghuhula ng isang henyo, pero panghuhula pa rin.

Enero-Hulyo 1916

2 Schulze-Gaevernitz, sa *Grundriss der Socialökonomik*, pp. 145-46.